

# ESCHATOLOGY

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa <https://www.shepherdsglobal.org/downloads>

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2019 Shepherds Global Classroom

Isinalin sa Tagalog mula sa Ikalawang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman

Pangkalahatang Pananaw sa Kurso.....	5
(1) Ang Kahalagahan ng Eschatology .....	7
(2) Mga Natuapad na Propesiya at Ang Israel.....	15
(3) Introduksiyon sa Kasulatan ng mga Pahayag .....	25
(4) Ang Mga Dakilang Tema ng Pag-aaral sa Mga Huling Araw.....	31
(5) Ang Sermon sa Bundok ng Olibo .....	39
(6) Ang Aklat ni Daniel (Unang Bahagi) .....	47
(7) Ang Aklat ni Daniel (Ikalawang Bahagi).....	55
(8) Ang Aklat ng Pahayag (Unang Bahagi) .....	61
(9) Ang Aklat ng Pahayag (Ikalawang Bahagi).....	71
(10) Ang Millennium .....	81
(11) Ang Dakilang Kapighatian .....	91
(12) Ang Rapture.....	99
(13) Ang Usapin ng Pagdurusa.....	113
(14) Ang Pananaw ng Kristiyano sa Pag-uusig.....	125
(15) Isang Bagong Mundo .....	133
Mga Resources na Inirerekomenda .....	139
Rekord ng Mga Takdang-Aralin .....	141



# Pangkalahatang Pananaw sa Kurso

## Paglalarawan sa Kurso

Ang kursong ito ay nag-aaral sa mga doktrinang Kristiyano tungkol sa mga huling panahon, batay sa Kasulatang propetiko sa Biblia. Binibigyang-diin ng kurso ang mga pangunahing doktrina tulad ng pagbabalik ni Kristo, ang huling paghuhukom, at ang walang hangng kaharian ng Diyos. Ang kurso ay naghahayag ng iba't-ibang kontrobersiya hinggil sa mga huling panahon subali't hindi nito nilulutas ang lahat ng usapin. Kabilang sa kurso ang pag-aaral sa Biblia sa mga aklat ni Daniel at Pahayag, kasama ang iba pang seksyon ng mga Kasulatang propetiko.

## Mga Layunin ng Kurso

1. Upang basahin at obserbahan ang nilalaman ng propetikong Kasulatan.
2. Upang matutuhan ang mga salita at mga dakilang tema ng eschatology.
3. Upang makita ang kaugnayan sa pagitan ng mga doktrina eschatology at iba pang doktrinang Kristiyano.
4. Upang makita ang kaibahan ng kinakailangan at mga mapagtatalunang doktrina ng eschatology.
5. Upang maunawaan kung paano mapananatili ng isang Kristiyano ang pananampalataya sa panahon ng paghihirap, sa mga sakuna, at mga kalagayan sa mundo na tila sumasalungat sa pananampalataya.
6. Upang matutuhan ang di-nagbabagong pamumuhay Kristiyano na naaayon sa mensahe ng propetikong Kasulatan.

## Mga Paliwanag at Direksyon Para sa Tagapanguna sa Klase

Ang mga leksiyon ay may iba't-ibang haba, at ang ilan sa mga ito ay may kontrobersiyal na paksa. Ang pagtapos sa isang leksiyon sa bawat sesyon sa klase ay hindi laging posible. Kung ang isang leksiyon ay hindi matapos sa isang sesyon sa klase, dapat maging handa ang tagapanguna sa klase na muling ipakilala ang leksiyon uli at tapusin iyon sa susunod na klase.

Maraming iba't-ibang mga palagay tungkol sa mga paksang tinalakay sa kursong ito. Dapat malaman ng tagapanguna sa klase na maaaring maging imposible na talakayin ang isang paksa hanggang ang bawat isa ay sumasang-ayon na. Kapag ang isang paksa ay napag-usapan na nang sapat, ang grupo ay dapat nang magpatuloy sa susunod na paksa. Hindi dapat pahintulutan ng tagapanguna sa klase na ang sinumang mag-aaral ay magalit at mag-akusa sa mga pagtatalakayan.

Ang mga notes sa tagapanguna ng klase ay isinama sa kabuuan ng kurso na may mga direksiyon para sa mga tiyak na mga bahagi ng leksiyon. Ang mga ito ay italicized.

Ang simbolong ► ay nagpapahiwatig ng **tanong para sa talakayan**. Dapat magtanong ang tagapanguna ng klase at bigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang talakayin ang sagot. Kung ang parehong mag-aaral ang karaniwang unang sumasagot, o kung ang ilang mag-aaral ay hindi agad sumasagot, maaaring idirekta ng tagapanguna ang tanong sa isang mag-aaral: "Igor, paano mo sasagutin ang tanong?"

Maraming **Kasulatan** ang ginamit sa kursong ito. Ang mga talata na dapat basahin nang malakas sa klase ay ipinahihiwatig ng simbolong ► o kaya'y may **makapal na sulat – kamay**. Sa ibang mga pagkakataon ang mga reperensiya sa Kasulatan ay ibinibigay na may parentheses sa teksto. Halimbawa: (1 Corinto 12:15). Ang mga reperensiyang iyon ay suporta para sa mga nasa mga parentheses.

Paminsan minsan, mayroong block **quote mula sa isang teologo**. Kapag dumating ang klase sa isang block quote, maaaring tumawag ang tagapanguna sa klase ng isang mag-aaral upang basahin at ipaliwanag ang quote. Hindi tayo kinakailangang sumang-ayon sa lahat ng itinuturo ng mga teologong ito, subalit maaari tayong matuto mula sa kanila.

Ang bawat leksiyon ay nagtatapos sa isang **takdang-aralin**. Ang mga takdang aralin ay dapat matapos at mairereport bago ang susunod na oras ng leksiyon. Kapag hindi natapos ng isang mag-aaral ang takdang-aralin, maari niya itong gawin sa ibang pagkakataon. Gayunman, dapat hikayatin ng tagapanguna sa klase ang mga mag-aaral na gawin iyon sa tamang iskedyul upang mas marami silang matututuhan mula sa klase.

Sa simula ng bawat sesyon sa klase, dapat kolektahin ng tagapanguna sa klase ang mga isinulat na takdang-aralin mula sa sinundang leksiyon. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring tawagin ng tagapanguna ang ilan sa mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang isinulat para sa kanilang takdang-aralin.

Isa sa mga layunin ng kursong ito ay ihanda ang mga mag-aaral upang maging mga tagapagturo. Dapat bigyan ng pagkakataon ng tagapanguna sa klase ang mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kakayahang magturo. Halimbawa, dapat paminsan-minsan ay hayaan ng tagapanguna sa klase ang isang mag-aaral upang magturo ng maikling bahagi ng leksiyon sa klase.

Kung nais ng mag-aaral na **magkaroon ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom**, dapat siyang dumalo sa mga sesyon ng klase at tapusin ang lahat ng mga takdang-aralin. May isang form na matatagpuan sa dulo ng kurso para sa pagtatala ng mga natapos na takdang-aralin.

# Leksyon 1

## Ang Kahalagahan ng Eschatology

### Note sa tagapanguna sa klase

Hayaan ang iba't-ibang mag-aaral na ilarawan kung ano ang kanilang inaasahang matututuhan mula sa kurso ng eschatology. Maaari silang magbigay ng mga halimbawang tanong na inaasahan nilang masasagot. Hindi mo dapat sikaping sagutin ang mga tanong sa oras na ito.

### Ano ang Eschatology?

Ang salitang eschatology ay galing sa Griyegong salita na eschatos, isinalin bilang "huli," at logos, isinalin na "pag-aaral ng."

Ang Eschatology ay isang seksiyon ng teolohiya, karaniwang nasa hulihan ng isang sistematikong pag-aaral ng teolohiya. Ipinapakita ng eschatology ang katuparan ng kasaysayan ng pagliligtas, dahil ipinapakita nito ang pagpapanibago ng sannilikha mula sa pagkahulog sa kasalanan at ang pagkatupad ng plano ng kaligtasan.

Ang Eschatology ay ang pag-aaral ng mga huling pangyayari sa mundo, ang pangwalang hanggang hantungan ng sannilikha, at ang kalikasan ng walang hanggang kaharian ng Diyos.

Kabilang sa mga paksa ng pag-aaral ang (1) ang mga propetikong bahagi ng Biblia, (2) mga kaugnay na teolohiya, (3) napapanahong pangyayari sa kasaysayan, at (4) pangkasalukuyang pangyayari sa buong mundo.

Tinutulungan tayo ng eschatology upang maunawaan ang paraan ng Diyos sa pagtupad sa kanyang ultimong layunin para sa kanyang sannilikha.

Ang Kristiyanong pag-aaral sa mga huling araw ay kinakailangan at hindi maiiwasan dahil ito ang batayan ng mga pundasyong doktrinang Kristiyano. Naniniwala ang mga Kristiyano na ang Diyos ang may lubusang kapangyarihan at awtoridad sa buong sanlibutan. Naniniwala sila na umiiral ang kasalanan bilang pagrerebelde laban sa Diyos. Naniniwala sila na si Kristo ang nagkaloob ng kaligtasan kaya't naging posible ang muling pagkakasundo ng mga rebelde at pagpapanumbalik ng nagkasalang sanlibutan. Naniniwala sila na ang katarungan ng Diyos ay hindi magpapahintulot sa kasalanan sa habang panahon. Ang mga ito ay pundasyong doktrina. Samakatuwid, kinakailangan din na ipaliwanag ng Kristiyanismo kung paanong magtatagumpay si Kristo, malulubos ang pagliligtas, at ang awtoridad ng Diyos ay lubusang mapanunumbalik. Kahit wala ng mga hula o prediksiyon sa mga Kasulatan, ang Kristiyanismo ay makabubuo pa rin ng pag-aaral sa mga huling araw. Ibinibigay ng Biblia ang mga pahayag ng Diyos upang makita natin nang tumpak ang mga

kinakailangan sa pag-aaral sa mga huling araw. Nananatiling ikinokonekta ng Biblia ang mga doktrina ng eschatology sa mga doktrina tungkol sa kaligtasan at pamumuhay Kristiyano.

► Apat na iba't-ibang mag-aaral ang dapat bumasa ng mga talata ng kasulatan sa grupo: Judas 14-15, Tito 2:1-13, Juan 14:1-3, at Santiago 5:7-8. Paano ang bawat isa sa mga talatang ito ay gumagawa ng koneksiyon sa pagitan ng eschatology at pamumuhay Kristiyano?

Ang praktikal na pakinabang sa eschatology ay ang pagtuturo nito sa mananampalataya na (1) magkaroon ng nananatiling pananampalataya at (2) ipamuhay ang buhay Kristiyano na tumutugma sa isang pangwalang hanggang pananaw.

► Colosas 3:1-6 para sa grupo.

Sa espirituwal na katayuan natin, tayo ay muli nang binuhay kasama ni Kristo. Kapag nagpakita si Kristo, makakasama niya tayo. Dahil inaasahan natin ang pagbabalik ni Kristo, pinapatay na natin ang mga kasalanan sa ating mga buhay at nabubuhay tayo upang bigyang lugod ang Diyos.

“Ang maliwanag na pag-asa na mamuhay kasama ng Panginoon magpakailanman ay isang malaking gantimpala para sa tapat na pamumuhay sa bahagi ng mga Kristiano at isang malaking motibasyon para sa pagpapatotoo”  
- Mendell Taylor, *Exploring Evangelism*

► Ano ang ilang kadahilanan na may mga taong ayaw pag-aralan ang mga propesiya sa Biblia?

## **Mga Kadahilanan Kung Bakit May mga Taong Ayaw Pag-aralan ang Eschatology**

### **(1) Hindi nila ito maunawaan.**

Ang Biblikal na propesiya ay gumagamit ng mga hindi pangkaraniwang anyo ng literatura, kabilang dito ang mga pangitain ng mga hayop at mga kakaibang halimaw. Ang mga detalyeng ito ay hindi madaling bigyang-kahulugan.

Ang mga iskolar ay hindi nagkakasundo tungkol sa mga doktrina ng eschatology. Dahil dito, ang mga tao ay nagkakaroon ng pakiramdam na hindi nila maaaring matiyak kung ano ang tama.

Gayunman, ang mga kinakailangang doktrina ng eschatology ay malinaw. Ang ibang detalye ay hindi kasinglinaw, subali't maaari nating maintindihan ang ilan sa kanila sa pamamagitan ng paggamit ng mabubuting prinsipyo ng pagbibigay-kahulugan sa Biblia.

### **(2) Natatakot sila dito.**

Nagugulumihanan ang maraming tao dahil sa mga paglalarawan ng Biblia sa mga pandaigdigang sakuna at pag-uusig. Nag-aalala sila tungkol sa kaligtasan ng kanilang sarili at ng kanilang mga anak.



Gayunman, kung ang mga bagay na ito ay mangyayari sa hinaharap pa, kailangang malaman ng isang Kristiyano kung paano mapananatili ang kanyang pananampalataya sa mga panahong iyon.

### **(3) Ayaw nilang ipagsapalaran ang pagkakabaha-bahagi.**

Madalas na hindi nagkakasundo ang mga tao tungkol sa pagbibigay-kahulugan sa mga propesiya sa Kasulatan. Ang mga pagtatalo ay maaaring maging dahilan ng pagkasira ng pagsasamahan. May mga Kristiyano na pinipiling huwag na lang talakayin ang propesiya dahil ayaw nilang makipagtalo.

Gayunman, ang mga mahahalagang doktrina ng eschatology ay dapat tanggapin ng lahat ng Kristiyano. Ang pagkakasundo sa mga hindi gaanong mahalagang detalye ay hindi dapat piliting pag-usapan sa pagkikipag-ugnayan sa ibang mananampalataya.

### **(4) Iniisip nila na wala itong praktikal na kahalagahan.**

Posibleng sundin ang paglalarawan ng Biblia sa pamumuhay Kristiyano nang hindi nauunawaan ang maraming bagay tungkol sa propesiya. Samakatuwid, may mga taong nag-iisip na masasayang lang ang oras at pagsisikap na pag-aaralan ang mga ito, lalo na kung hindi naman nila inaasahang mauunawaan ito.

Gayunman, may ilang mahahalagang doktrina na lubusang kailangan para sa pamumuhay Kristiyano, tulad ng doktrina ng huling paghuhukom. Ang mga taong nagwawalang-bahala sa mga doktrina sa Biblia tungkol sa hinaharap ay may tendensiya na maging sobrang nakaayon at nag-uukol ng buhay sa kasalukuyang mundo.

## **Maling Paggamit ng Propesiya ng Kasulatan**

Ang mga Propesiya ng Kasulatan ay nagagamit ng mali kung ang iskolar ay

- Naliligaw mula sa pagbibigay diin sa mga sentrong katotohanan
- Nagiging mapag-alala sa mangyayari tungkol sa maaaring tuparin ng ministeryo
- Hindi ginagamit ang propesiya para sa layuning hinahangad nito.
- Sinisira nito ang pakikipagkaisa sa ibang mga Kristiyano
- Gumagamit ng mga hindi maliwanag na mga pangungusap sa Biblia upang suportahan ang mga kakaibang doktrina.

### **Pag-Abuso sa maling propesiya**

ihinula ng mga saksi ni Jehovah ang katapusan ng daigdig noong 1975. Noong May, 1974, inilathala nila ang ganito:

“may mga ulat na naririnig na nagsasabing ang mga kapatid ay nagbebenta ng kanilang mga tahanan at ari-arian at nagpaplanong ilaan ang natitirang bahagi ng kanilang mga buhay dito sa lumang sistema ng kanilang pasimulang serbisyo. (ANG pag-aanunsyo ng kanilang relihiyon).

tunay na ito ay mabuting paraan upang gugulin ang maikling panahong natitira bago ang wakas ng buktot na mundo".<sup>1</sup>

### **Mga Dahilan Upang Pag-aralan ang Propesiya sa Biblia**

- (1) Ang lahat ng Kasulatan ay kapaki-pakinabang (2 Timoteo 3:16).
- (2) May pagpapalang ipinangako para sa mga mambabasa ng Pahayag (1:3).
- (3) Ipinangaral ni Hesus ang mga propesiya (Mateo 24:29-31).
- (4) Inaaliw tayo ng propesiya tungkol sa mga mananampalatayang nagdusa at namatay (1 Tesalonica 4:18).
- (5) Hinihikayat tayo ng propesiya upang matapat na magtrabaho para sa Diyos. (1 Corinto 15:58).
- (6) Hinihimok ng propesiya ang paggiging masigasig sa mga espirituwal na bagay at pagiging maingat (1 Juan 3:2-3, Lucas 21:34).
- (7) Layunin ng propesiya na palakasin ang ating pananampalataya para sa hinaharap (Lucas 21:28, 2 Tesalonica 2:2)

### **Mga Level ng Kahalagahan**

Ang mga talakayan tungkol sa propesiya ay karaniwang nakatuon sa mga minor na katanungan sa halip na sa major na katotohanan. Ang mga usapin sa propesiya ay hindi magkakapantay sa kahalagahan. Hindi natin sisikaping matalakay ang lahat ng bagay tungkol sa propesiya sa kursong ito.

Kung minsan nag-iisip ang mga tao kung ano ang magiging hitsura ng marka ng halimaw, saang bansa magmumula ang antichrist, at kung sino ang magiging dalawang saksi. Ito ay mga tanong na hindi malinaw na sinagot ng Biblia. Maaari tayong makakita ng ilang ebidensya sa Biblia para sa mga detalyeng iyon, subali't ang magtalo-talo tungkol sa mga ito ay hindi kapaki-pakinabang.

May ibang mga paksa na higit na ipinapaliwanag ng Biblia. Ang ilang halimbawa ay kung babalik ba si Hesus sa simula, sa kalagitnaan o sa dulo ng kapighatian, o kung ang millenium ay literal nga na isang libong taon. Maaaring magkaroon ng makatwirang konklusyon, batay sa ebidensya ng Banal na Kasulatan. Gayunman, ang mga doktrinang ito ay hindi kinakailangan sa ebanghelyo. Hindi mo dapat sirain ang iyong pakikipag-ugnayan sa sinuman dahil lamang hindi kayo nagkakasundo sa inyong mga palagay sa isa sa mga tanong na ito.

May mga kinakailangang katotohanan sa propesiyang Biblikal. Ang mga katotohanang ito ay napakalinaw kung kaya't ang sinumang naniniwala sa Biblia ay tinatanggap ito. Ang mga

---

<sup>1</sup> Ministeryo sa kaharian, Mayo, 1974

doktrinang ito ay nakakaapekto sa pamumuhay Kristiyano at sa buong sistema ng doktrinang Kristiyano. Halimbawa ng mga doktrinang ito ay ang pagbabalik ni Kristo, ang huling paghuhukom, ang pisikal na muling pagkabuhay ng lahat ng tao, at ang pangwalang-hanggang paghahari ng Diyos.

Sa kursong ito, gugugol tayo ng panahon sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan, upang ang Banal na Kasulatan mismo ang magsalita para sa kanyang sarili. Bibigyang-diin natin ang mga pinakamahalagang katotohanan sa eschatology. Pag-aaralan din natin ang ilan sa mga ebidensya para sa mga hindi gaanong mahalagang doktrina, subali't pahihintulutan ang mag-aaral na magkaroon ng kanyang sariling konklusyon. Pinakamahalaga na matupad ang layunin ng propesiya sa Banal na Kasulatan, upang ang pagpapakita ng kapangyarihan at karunungan ng Diyos ang siyang humikayat sa atin upang pagtiwalaan at sundin ang Diyos.

### **Ang Mga Sentrong Tema ng Biblikal na Propesiya**

Kung minsan ang pag-aaral sa mga huling araw ay labis na nasesentro sa tao. Maraming mga talakayan sa eschatology ay tungkol sa pagkakataon o oras ng pagbalik ng Panginoon na ayon sa relasyon nito sa ibang mga pangyayari, dahil nais nating malaman kung ano ang mangyayari sa atin.

Ang pag-aaral ng eschatology ay maaaring maging nakatuon sa mundo, habang pinag-aaralan natin ang mga prediksyon at sinisikap na hulaan kung ano ang mga pangyayaring magaganap sa mundo.

Kapag pinag-aralan natin ang aklat ni Daniel, dapat nating pansinin na ang binibigyang-diin ay ang katalinuhan at kapangyarihan ng Diyos at ang walang hanggang kaharian. Ang Daniel ay buong aklat ng mga pangyayari sa mga huling araw, at ang mga tema nito ay ang mga tema ng eschatology. Ipinapahayag ng Diyos ang mga mangyayari. Mauunawaan ng matuwid ang mga nangyayari, ngunit hindi ng mga makasalanan. Ang kaharian ng Diyos ay lalaganap sa buong mundo at mananatili magpawalang-hanggan. Nabanggit si Kristo sa aklat ni Daniel at pinagkalooban ng kaharian (Daniel 7:13-14).

Kapag pinag-aralan natin ang aklat ng Pahayag, makikita rin natin ang parehong mga tema, na mas maraming pagbibigay-diin kay Kristo. Ang aklat ay ang Kapahayagan kay Kristo. Siya ang simula at ang wakas—siya ang nagsimula ng lahat ng bagay at siya rin ang magdadala sa konklusyon nito. Siya ang Pinakamakapangyarihan.

Ang pinakamasamang kasalanan ng Antichrist ay ang paghingi niya ng pagsamba. Ang dakilang pagsubok sa mga mananampalataya ay ang pananatiling tapat sa Diyos. Ang lahat ng iba pa ay sumasamba sa Anticristo.

Ang trono ng Diyos ang pinakasentro sa Pahayag. Nangyayari ang mga bagay sa mundo ayon sa iniuutos ng Diyos. Ang buong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na nagdadala sa kaharian ng Diyos ay sinisimbolo ng mga tatak sa aklat ng Diyos, na binubuksan ni Hesus nang isa-isa.

Sa kabuuan ng aklat ay mga talata ng pagpupuri sa Diyos sa kanyang kapangyarihan, katalinuhan, at katwiran.

► Ano ang pangunahing tema na nakikita mo sa aklat ng Pahayag?

Hindi tayo nakakikita ng malinaw na balangkas ng pagkakasunod sunod ng mga pangyayari sa hinaharap. Hindi tayo nakakikita ng maraming detalye ng mga pangyayari na mauunawaan natin ng may katiyakan. Samakatuwid, kapag ang propesiya ay ginawang isang detalyadong balangkas ng mga pangyayari sa hinaharap, hindi na nito tinutupad ang layunin nito.

### **Prinsipyo sa Pagbibigay-kahulugan sa Biblia:**

Ang pangunahing binibigyang-diin ng isang talata o aklat ang dapat siyang gumabay sa ating paggamit ng Banal na Kasulatan. Pangkaraniwang hindi natin dapat gamitin ang mga talata sa Biblia sa paraang hindi naman nilalayon ng sumulat.

Nakikita natin na ang kaluwalhatian ng Diyos ang pangunahing tungkulin ng eschatology. Sa isang mundo na tila wala nang kontrol, patuloy na naghahari ang Diyos. Bagaman ang matuwid ay tila natatalo sa labanan, ang Diyos ang magbibigay ng ultimong tagumpay. Hindi natin magagawang bigyang kahulugan ang ilang detalye nang mas maaga sa panahon, subali't malalaman natin ang kanilang katuparan at malalaman natin na alam ng Diyos ang mga ito bago pa man ito mangyari. Paulit-ulit na itinutuon ng eschatology ang ating atensyon sa Diyos.

### **Ang Pangangailangan Para sa Kababaang-loob**

Kung may taong nagsasabi na lubusan niyang nauunawaan ang lahat ng propesiya sa Banal na Kasulatan, inaangkin niya ang pang-unawa na hindi pa ipinagkakaloob sa iglesya sa pangkalahatan sa loob ng 2,000 taong kasaysayan nito. Hindi dapat pagtiwalaan ang ganitong tao. Maraming tao na ang nag-angkin ng personal na kapahayagan at lubusang pang-unawa, subali't ang kanilang mga pananaw ay hindi kailanman tinanggap ng iglesya sa pangkalahatan. May ilang tao na naging matagumpay na nakaakit ng grupo ng mga tagasunod na katulad sa isang kulto. May mga taong nakabuo ng mga di-karaniwang doktrina at kung minsan ay nagtuturo ng maling pananampalataya.

Ang mga pangunahing katotohanan ng eschatology, tulad ng pagbalik ni Kristo at ang muling pagkabuhay ng mga patay, ay kinakailangan sa Kristiyanismo. Hindi dapat angkinin ng isang tao na siya ay Kristiyano at naniniwala sa Biblia kung hindi niya pinanghahawakan ang mga pangunahing doktrina. Gayunman, maraming detalye na hindi kasing tiyak, at maraming prediksyon sa Banal na Kasulatan na mahirap maunawaan.

Kahit si propeta Daniel ay nagsabi, "Narinig ko, subali't hindi ko naunawaan" (Daniel 12:8). Sinabi sa kanya ng anghel na ang mga salita ay sarado hanggang sa panahon ng wakas, subali't sa panahong iyon ang matalino ay makauunawa (12:9-10). May mga prediksiyon na hindi mauunawaan hanggang sa panahon o oras na ang mga ito ay matutupad.

Sinabi ni John Wesley tungkol sa aklat ng Pahayag,

Ito ang mga mahahalagang bahagi na hindi ko pinag-aralan sa loob ng maraming taon; dahil lubusan akong nawawalan ng pag-asa na maunawaan ang mga ito, pagkatapos subukan ng maraming matatalino at mabubuting tao ngunit wala naman naging bunga ...hindi ako kailanman nagkunwari na nauunawaan o sikaping ipaliwanag ang lahat ng nilalaman ng misteryosong aklat na ito.<sup>2</sup>

Tulongan nawa tayo ng Diyos na pag-aralan ang kanyang Salita nang may kababaang-loob at nagpapahintulot sa mga palagay ng iba.

### Ang Takot ng mga Taga-Tesalonica

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang 2 Tesalonica 2 para sa grupo. Hindi kailangang ipaliwanag ang lahat ng detalye ng talata. Pag-aaralan uli natin ito sa ibang pagkakataon. Ano ang ipinag-aalala ng mga mananampalataya sa Tesalonica? Tingnan ang verse 2.

Ipinakikita sa atin ng verse 2 kung paano nagagamit nang mali ang eschatology. Dahil sa eschatology na itinuturo ng ilang tao, nag-aalala at nagugulumihanan ang mga mananampalataya.

**Prinsipyo para sa Pagbibigay kahulugan sa Biblia:** Dapat nating pansinin ang usapin na tinutukoy ng sumulat, lalo na kapag ito’y malinaw na nakasaad.

► Tingnan ang konklusyon ng talata (verses 15-17). Ano ang nais ng apostol na gawin nila dahil sa kanyang paliwanag sa eschatology?

**Prinsipyo para sa Pagbibigay Kahulugan sa Biblia:** Ang konklusyon ng sumulat ay nagpapakita ng kanyang intensyon para sa talata. Ang isang konklusyon kung minsan ay ipinakikilala ng salitang Samakatuwid.

Nais niya silang magpatuloy sa pamumuhay bilang mga Kristiyano, tulad ng itinuro sa kanila. Nais niya silang maging malakas sa pananampalataya at kaaliwan, sa halip na makontrol ng takot. Nais niyang magpatuloy sila sa pagtupad ng mabubuting mga gawa, sa halip na pag-iisip lamang kung paano mabubuhay.

Ang maayos na paggamit ng eschatology o pag-aaral sa mga huling araw ay tutupad sa parehong mga layunin na taglay ni Apostol Pablo.

### Takdang-Aralin:

- (1) Isusulat na Takdang-Aralin: Tingnan ang apat na dahilan kung bakit may mga taong ayaw pag-aralan ang mga propesiya. Isipin na may isang tao na nagsasabi sa iyo ng, "Ayaw kong pag-aralan ang propesiya dahil..." (ibigay ang isa sa apat na dahilan).

<sup>2</sup>John Wesley, *Explanatory Notes on the New Testament*, "Introduction to Revelation." Available at <https://www.biblestudytools.com/commentaries/wesleys-explanatory-notes/> November 2, 2020.

Sumulat ng ilang pangungusap na nagpapaliwanag sa taong ito kung bakit hindi niya dapat iwasan ang propesiya dahil sa kadahilanang iyon.

- (2) Pag-aaral ng Talata: Pag-aralan ang 1 Tesalonica 5:1-11. Dahil inaasahan natin ang pagbalik ng Panginoon at ang pagkawasak ng mundo, namumuhay tayo nang may kabanalan at hindi ginagawang prayoridad ang mga bagay sa mundo. Sumulat ng isang buod ng mensahe ng talatang ito.

## Leksiyon 2

# Mga Natuapad na Propesiya at Ang Israel

### Note sa tagapanguna sa klase:

*Maaari mong hilingan ang dalawa o tatlo sa mga mag-aaral upang ibahagi ang kanilang isinulat para sa takdang-aralin sa Leksiyon 1.*

*Bilang isang opsiyonal na pagsasanay sa pagbabalik-aral, maaari mong basahin ang ilan sa mga talata sa Banal na Kasulatan na kasama ng "Mga Dahilan Upang Pag-aralan ang mga Propesiya sa Biblia" (mula sa pahina 10) at itanong sa mga mag-aaral ang dahilan batay sa bawat talata ng Banal na Kasulatan. Halimbawa, basahin ang Pahayag 1:3, tapos itanong, "Ano ang dahilang ibinibigay nito sa atin upang pag-aralan ang propesiya?"*

*Ang leksiyong ito ay may dalawang bahagi. Ang una ay tungkol sa kahalagahan ng mga natupad na propesiya. Ang ikalawang bahagi ay naglalarawan sa kasaysayan ng Israel at mga propesiya tungkol sa Israel na itinuturing ng mga iskolar na mahalaga para sa pag-aaral ng mga huling araw.*

### Unang Bahagi: Natupad na Propesiya

#### Ang Kahalagahan ng mga Natupad na Propesiya

Ang kursong ito ay isang pag-aaral ng mga inihahayag ng Salita ng Diyos tungkol sa hinaharap. Ang leksiyong ito ay maikling pag-aaralan ang ilang natupad nang propesiya dahil nagpapakita ang mga ito kung paanong naging mahalaga ang propesiya sa nakaraan.

Nagbibigay ang Biblia ng ilang mga pahayag kung paano tayo dapat mag-isip patungkol sa mga propesiya.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Isaias 46:9-10, 48:3, 5 para sa grupo. Ano ang ipinapakita ng mga talatang ito tungkol sa kahalagahan ng mga natupad na propesiya?

Ipinapakita ng Diyos na maaari siyang magpasya kung ano ang mangyayari, at magagawa niyang mangyari ito. Ipinapakita ng natupad na propesiya ang kontrol ng Diyos.

Kung minsan sinasabi ng Diyos ang kanyang gagawin bago niya ito gawin, upang malaman ng mga tao na ito'y naganap ayon sa kanyang kapangyarihan at hindi sa kapangyarihan ng mga huwad na dios.

Sinasabi ng Diyos na siya ang nakakaalam ng lahat ng bagay na magaganap mula pa sa simula. Taglay rin niya ang kapangyarihan upang sabihin kung ano ang kanyang gagawin. Walang ibang impluwensya ang makapipigil sa Diyos upang tuparin ang kanyang kalooban.

“Nalalaman ng Diyos ang lahat ng kanyang sariling gawa mula pa sa simula ng daigdig” (Mga Gawa 15:18). Mula sa simula ng panahon, nalalaman ng Diyos ang lahat ng bagay na kanyang gagawin. Ipinahihiwatig nito na nalalaman niya ang lahat ng bagay, dahil hindi niya malalaman ang kanyang sariling gawain sa hinaharap kung hindi niya nalalaman ang lahat ng mga sitwasyon sa hinaharap. Walang anumang nakagugulat sa Diyos. Ang Diyos ay hindi kailanman naging hindi handa sa anumang maaaring mangyari.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Deuteronomio 18:22 para sa grupo. Bakit kinakailangan na ang isang propeta ay perpektong tama sa panahon kapag sinabi niyang siya ay nagsasalita para sa Diyos? Paano iyon naiiba sa pangangaral at pagtuturo sa pangkalahatan?

Dahil sa lubusang kaalaman at kapangyarihan ng Diyos, ang sinumang propeta na nag-aangkin na siya’y nagsasalita para sa Diyos ay dapat lubusang tamang-tama. Hindi iyon nangangahulugan na alam ng propeta ang lahat ng bagay o kaya’y ang lahat ng kanyang opinyon ay tama; subali’t kapag sinabi ng propeta na siya’y may mensahe mula sa Diyos, ang mensaheng iyon ay dapat tamang-tama. Kapag mali ang prediksiyon ng propeta, hindi siya dapat pagtiwalaan ng mga tao bilang isang propeta. <sup>3</sup>

► Paano kung ang isang tao ay nagpapahayag ng mga propesiyang nagkakatotoo, subali’t nagtuturo ng mga maling doktrina? Dapat ba nating sundin ang taong ganito?

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Deuteronomio 13:1-3 para sa grupo.

Hindi sapat ang tumpak na propesiya upang patunayan na ang isang tao ay mula sa Diyos.

### **Mga Katuparan ng Propesiya na Naitala sa Kasulatan**

*Note sa tagapanguna sa klase: kung kailangang magtipid sa oras ang grupo, hindi kinakailangang tingnan ang mga reperensiya sa seksiyong ito.*

Naglalaman ang Biblia ng tala ng mga katuparan ng maraming propesiya. Ang seksiyong ito ay nagbibigay ng ilang halimbawa.

Nang mawasak ang lunsod ng Jericho, nagwika si Josue ng isang sumpa na darating sa sinumang muling magtatayo ng lunsod. Sinabi niya na ang anak na panganay at bunso ng

#### **Isang Nabigong Propesiya**

“Ang digmaan ng dakilang araw ng Diyos na Makapangyarihan (Pahayag 16:14) na magwawakas sa A.D. 1914 sa lubusang pagkalupig ng kasalukuyang pamumuno sa mundo, ay nagsimula na”  
- Jehovah’s Witness publication,  
*The Time is at Hand*



<sup>3</sup> Image: "Evidently, 2012 is a lie" by Geoff Sloan, retrieved from <https://www.flickr.com/photos/g Sloan/5523158255>, used under CC BY 2.0, desaturated and cropped from the original.



sinumang magtatayo sa lunsod ay mamamatay. (Josue 6:36). Ang katuparan ng propesiyang ito ay nakatala sa 1 Hari 16:34.

Naharap sa isang malaking hukbo ng mga kaaway ang hukbo ng Juda, subali't sinabi ng propeta na hindi nila kakailanganing lumaban. Dahil pinaniwalaan ng hari ang mensahe mula sa Diyos, nagsugo siya ng mga mang-aawit sa unahan ng kanyang hukbo upang pangunahan sila sa pagpupuri sa Diyos. Dahil dito niloob ng Diyos na maglaban-laban ang mga kaaway hanggang sa silang lahat ay mamatay. (2 Cronica 20:14-17, 20-23).

Ihinula ni propeta Elias ang mga detalye tungkol sa kamatayan nina Ahab at Jezebel (1 Mga Hari 21:19, 23). Sinabi niya na didilaan ng mga aso ang dugo ni Ahab at kakainin ng mga aso si Jezebel. Natupad ang mga propesiya (1 Mga Hari 22:38 at 2 Mga Hari 9:30-36).

## **Mga Katuparan sa Kasaysayan**

### ***Si Cyrus ng Persia***

Nilupig ng imperyo ng Babilonia ang kaharian ng Juda at inilipat ang karamihan sa populasyon nito sa ibang bansa. Ihinula ni Propeta Isaias na palalayain ni Haring Cyrus ng Persia ang mga Judio upang bumalik sa kanilang bansa at kanyang iuutos ang muling pagtatayo ng templo at ng lunsod (Isaias 44:28, 45:1, 13). Ihinula ito ni Isaias nang mahigit sa 100 taon bago ito natupad. Sa panahon ng ministeryo ni Isaias, ang Persia ay hindi ang nananaig na imperyo, at hindi pa isinisilang si Cyrus.

Itinala ng Biblia ang katuparan ng propesiyang ito sa Ezra 1:1-8. Ang historyador na Judio na si Josephus at iba pang historyador na Judio ay gayun din ang isinulat. Ang Griegong historyador na si Herodotus ay nagbigay ng paglalarawan ng pananakop ni Cyrus sa Babilonia. Ang isang sinaunang historyador na Persiano ay sumulat tungkol sa pasya ni Cyrus na pauwiin ang mga tao mula sa iba't-ibang bansa pabalik sa kanilang mga lupang pinagmulan. Ang kanyang mga isinulat ay tinawag na Cyrus Cylinder. Hindi binanggit sa Cylinder nang tiyakan ang mga Judio, subali't ipinapakita na itinalaga ni Cyrus ang polisiyang ito.

Tinawag ni Isaias si Cyrus bilang ang "pinili" ng Diyos (Isaias 45:1), subali't nangangahulugan ito na binigyan siya ng Diyos ng kapangyarihan upang gawin ang plano ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan na sadyang naglingkod sa Diyos si Cyrus. Sinasabi sa Cyrus Cylinder na inaangkin ni Cyrus na siya ay pinagpala ni Marduk, na isang dios-diosan ng Babilonia.

Naluwalhati ang Diyos sa katuparan ng propesiyang ito, hindi lamang dahil sa kanyang kaalaman nang una sa panahon, kundi dahil ginawa niyang alipin ang paganong hari, upang tuparin ang propesiyang ito.

### ***Si Alexander the Great***

Ihinula ni Propeta Daniel na may isang tagapamuno sa imperyong Griego na lulupig sa imperyo ng Medes at Persiyano, at walang sinumang makatatalo sa kanya (Daniel 8:3-7,

20-21). Sa panahon ng prediksyong ito, wala pang imperyo ng Griego at walang makapangyarihang hari ng mga Griego.

Ihinula ni Daniel na ang emperador na Griego ay biglang "mawawasak" habang siya ay malakas pa. Siya ay papalitan ng apat na tagapamuno na hindi naman niya salinlahi. (Daniel 8:8, 22, 11:4).

Tinupad ni Alexander the Great ang mga propesiyang ito pagkalipas ng 200 taon. Binuo niya ang imperyong Griego at sinakop ang imperyong Persiyano. Nang siya ay mamatay sa batang edad noong 323 B.C., ang teritoryo ay hinati-hati ng apat na heneral sa kanyang hukbo.

Naluwalhati ang Diyos sa katuparan ng propesiyang ito dahil sa isang mundo kung saan ang mga dakilang kapangyarihan ay nagkakalaban-laban, nalalaman niya ng higit na mas maaga kung ano ang mangyayari.

### ***Ang Muling Pagtitipon sa Israel***

Naglalaman ang Biblia ng mga propesiya tungkol sa pagbabalik ng mga Judio mula sa lahat ng bansa sa buong mundo pabalik sa kanilang bayang pinagmulan. Sa loob ng libong taon, hindi nauunawaan ng mga tao ang mga propesiyang ito, dahil ang bansa ng Israel ay hindi umiiral bilang isang lugar sa mundo.

Kabilang sa mga propesiya tungkol sa pagbabalik ng mga Judio ang Isaias 11:11-12, Jeremias 16:14-15, 23:3, 8, 31:8, 32:37, Ezekiel 11:17, 36:24, at Zacarias 10:8-9.

Alam ng Diyos na ang Israel ay muling magiging isang bansa na may teritoryo at milyon ang bilang ng mga Judio na babalik mula sa iba't-ibang bansa sa buong mundo.

May isa pang leksiyon sa kursong ito na tumatalakay sa muling pagtitipon ng mga Judio at pagpapanumbalik sa bansang Israel.

### **Mga Propesiya Tungkol sa Mesiyas**

May mga propesiya sa Lumang Tipan na malinaw na tungkol sa Mesiyas at tinupad ni Hesus. Ang Mesiyas ay magmumula sa lipi ng Juda (Genesis 49:10, Hebreo 7:14). Ang Mesiyas ay magmumula sa pamilya ni Jesse (Isaias 11:1, 10, Lucas 3:32). Ang Mesiyas ay isisilang sa Betlehem (Mikas 5:2, Mateo 2:1-6).

Ang ilang propesiya ay nagtataglay ng espesyal na simbolismo. Halimbawa, may isang propeta na humula na ang Mesiyas ay papasok sa Jerusalem na sakay ng isang asno. Hindi lamang ito nangangahulugan na gagamit siya ng normal na pamamaraan ng transportasyon sa panahong iyon. Hindi pangkaraniwan na ang isang hari na dumarating nang may kapangyarihan ay matahimik sa halip na sa pamamagitan ng pananakop ay papasok sa pangunahing lunsod sa isang asno at sasalubungin ng mga tao. Ito ang ihinula, at ito ang ginawa ni Hesus (Zacarias 9:9, Mateo 21: 1-7). Ang mga sanga ng palm ay kumakatawan sa kanilang pagtanggap sa kanya bilang Mesiyas.

Maraming talata sa Lumang Tipan ang naglalarawan sa mga detalye na tumutugma sa mga nangyari sa buhay ni Kristo, bagaman ang mga ito ay maaaring hindi malinaw na hula tungkol sa Mesiyas. Ang ilang halimbawa ay ang pagkakanulo ng isang kaibigan (Awit 41:9), pagbutas sa mga kamay at paa at pagsasapalaran sa kasuutan (Awit 22:16, 18), at tatlumpung pirasong pilak na ibinayad sa isang magpapalayok (Zacarias 11:12-13). Hindi lahat ng iskolar ng Biblia ay naniniwala na ang lahat ng ito ay tiyakang tumutukoy kay Hesus.

Sa Awit 16:9-10 sinasabi ng sumulat na ang katawan ng "Ang Banal" ay hindi mabubulok pagkatapos ng kamatayan. Binigyang kahulugan ng Bagong Tipan ang talatang ito bilang isang hula tungkol sa muling pagkabuhay ni Hesus (Mga Gawa 2:27-32).

Ang Isaias ay may apat na espesyal na talata na tinatawag na "Ang Mga Awit ng Lingkod" (42:1-9, 49:1-13, 50:4-11, at 52:13-53:12). Ang Israel bilang isang bansa ay lingkod ng Diyos subali't sa huli ay nabigo sa kanyang misyon. Ang Mga Awit ng Lingkod ay naglalarawan sa isang tao na magiging Ang Lingkod na tumutupad sa mga layunin ng Diyos. Ang taong ito ang magdadala ng kaharian ng Diyos sa buong daigdig (42:1, 4), magbabalik sa Israel patungo sa Diyos (49:5), maghahatid ng kaligtasan sa buong mundo (49:6), at magkakaloob ng kapalit na pambayad para sa kasalanan (52:15, 53:10-12). Dahil sa mga detalyeng ito, alam nating Ang Lingkod ay ang Mesiyas.

Ang mga talata tungkol sa Lingkod ay humuhula sa ilang detalye sa buhay ni Hesus. Ang mga ito ay mga detalye na hindi inaasahan ng sinuman patungkol sa Mesiyas. Hindi siya maaaring magsimula ng isang marahas na paghihimagsik (42:2). Siya ay tatanggihan ng kanyang sariling bayan (49:7). Papaluin ng mga kaaway ang kanyang likod, hihilahin ang parte ng kanyang balbas, at duduraan siya (50:6). Siya ay aabusuhin at matinding mapipinsala (52:14). Siya ay tatanggihan at aalipustahin (53:3) Hindi siya makikipagtalo sa umuusig sa kanya (53:7). Siya ay papatayin nang walang wastong paglilitis (53:8). Siya ay ililibing kasama ng mayaman bagaman siya'y namatay kasama ng mga kriminal (53:9).

### **Prinsipyo sa Pagbibigay kahulugan sa Biblia**

Ang unang aplikasyon ng Banal na Kasulatan ay para sa mga unang nakarinig. Ang ating mga pagbibigay-kahulugan at aplikasyon ay dapat nakabatay sa paraan na ang Banal na Kasulatan ay naunawaan ng mga unang nakarinig nito. Ang prinsipyong iyon ay pinakamadaling gamitin sa mga sulat sa Bagong Tipan. Bagaman ang panahon at lugar ay malayo sa atin, karamihan sa mga iyon ay iniuukol sa mga iglesyang Kristiyano. Ang prinsipyo ay pinakamahirap na gamitin sa mga sinaunang propesiya. Hindi maunawaan ng mga unang nakarinig kung paanong ang mga ito ay matutupad at hindi na nabuhay ng ganoong katagal upang makita ang katuparan ng mga ito. Binigyang katiyakan ng mga propesiya sa mga tao ang katapatan ng Diyos at binigyan sila ng pag-asa para sa hinaharap ng kanilang bayan. Ang mga tao ay nahikayat na manatiling matapat sa Diyos, dahil nalalaman nila na ang kanyang mga layunin ay lubusang matutupad. Ang mga talata tungkol sa Lingkod ay naghahayag sa mapagmahal at mapaglingkod na katangian ng Diyos.

Ipinapakita nito na patatawarin niya ang mga kabiguan ng Israel at isusugo ang Lingkod upang tuparin ang kanilang misyon upang sila ay maaaring mapanumbalik sa pagpapala ng Diyos. Nagbigay sa kanila ng pag-asa ang mga propesiyang ito, bagaman hindi nila nauunawaan nang tiyak kung paano matutupad ang mga ito.

Ang Zacarias 12:10 ay isang espesyal na talata na ipinapaliwanag lamang ng katotohanang si Hesus ay ang Mesiyas. Ang tagapaghayag ng mga salita ay ang Diyos. Ipinapangako niya na ibubuhos ang biyaya sa bansang Israel. Mauunawaan nila na tinusok nila siya, at sila'y magdadalamhati dahil sa katotohanang iyon. Magdadalamhati sila para sa kanya na tila ba siya ay ang kanilang tanging anak. Paano masasabi ang mga bagay na ito tungkol sa Diyos? Kailan nila tinusok ang Diyos, at paano matatawag ang Diyos na anak ng Israel? Natupad ni Hesus ang mga propesiya dahil siya ay Diyos. Si Hesus ay tinusok at si Hesus ang espesyal na ipinangakong anak ng bansang Israel.

Ang mga propesiya tungkol sa Mesiyas ay nakakatulong sa atin na maunawaan ang wastong paggamit ng Kasulatang propesiya. Kung hindi nalalaman ng isang tao ang tungkol sa buhay ni Hesus, hindi niya maaaring maunawaan ang marami sa mga detalye sa mga propesiya tungkol kay Hesus. Malinaw na ang mga prediksyon ay hindi ibinigay para sa layunin ng pagpapahayag ng kasaysayan nang una sa panahon. Gayunman, ang mga detalye ay sapat ang linaw upang kilalanin natin ang mga pangyayari bilang katuparan ng propesiya. Ang mga katuparan ay nagpapakita na alam ng Diyos ang lahat ng bagay nang una sa panahon at siya ang may kontrol.

Gayundin, ang mga prediksyon sa Kasulatan tungkol sa mga huling araw ay maaaring hindi sapat ang linaw para sa atin upang isulat ang kasaysayan bago pa man ito mangyari. Maaaring hindi natin maunawaan ang marami sa mga detalye. Gayunman, kapag naganap ang mga pangyayari ay makikita natin na ang mga detalye ng mga prediksyon ay natutupad. Ang katuparan ng propesiya ay nagpapakita sa atin na alam ng Diyos kung ano ang mangyayari at siya ang may kontrol.

## **Ikalawang Bahagi: Ang Israel**

### **Ang Pagpapanumbalik sa Bansang Israel**

Ang mga Judio ay nakakalat sa buong mundo mula pa sa sinaunang panahon. Marami ang hindi na nagbalik mula sa pagkabilanggo sa Asiria (nagsimula sa halos 740 BC) o sa pagkabihag sa Babilonia (simula sa halos 600 BC).

Ang ibang mga labanan at pagkabihag sa loob ng mga siglo ang naging dahilan upang mangalat ang mga Judio sa iba't-ibang bansa. Maraming Judio ang pinili na iwan ang kanilang bansa (Judea) dahil sa hindi maayos na mga kundisyon.

Unti-unting nagkaroon ng kontrol ang mga Romano sa Judea. Noong 135, ang mga Romano ay tumugon sa isang rebelyon ng mga Judio (na pinangunahan ni Bar Kokhba) at napatay doon ang humigit-kumulang sa kalahating milyong katao at lubusang nagwasak ng daan-

daang mga pamayanan. Naglaho na bilang isang bansa ang Judea. Sa loob ng maraming siglo, ang Israel ay hindi umiral bilang isang bansa na may pamahalaan at teritoryo.

Ang pangangalat ng mga Judio sa buong mundo ay tinawag na Diaspora, na nangangahulugang "pagpapakalat". Simula pa lang sa unang siglo, ang sulat ni Santiago sa Bagong Tipan ay nakaukol na "sa labindalawang lipi na malawakang nakakalat."

Maraming Judio ang nakaranas ng pag-uusig at pagpatay ng lahi, pinakakapuna-puna sa Alemanya sa panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang salitang ghetto sa orihinal ay tumutukoy sa bahagi ng isang lunsod kung saan doon lamang maaaring manirahan ang mga Judio, subali't sa paglipas ng panahon ito ay nangahulugan ng mababang-uri na bahagi ng isang lungsod kung saan ang mga tao ay walang oportunidad.

Sa buong mundo, itinuturing ng mga Judio na sila ay nagkakaisa sa pamamagitan ng kanilang katutubong pagkakakilanlan at natatanging relihiyon. Maging pagkatapos ng ilang henerasyon ng pamumuhay sa ibang bansa at pagsasalita ng ibang mga wika, milyon ang bilang ng mga Judio na hindi nakalimot na sila ay Judio at nakararamdam ng pakikipagkaisa sa mga Judio sa lahat ng lugar.

Itinuturing ng mga Judio ang kanilang orihinal na teritoryo bilang tahanan. Ito ang lupaing ibinigay sa kanila ng Diyos pagkatapos silang palayain mula sa pagkaalipin sa Egipto. Ito ang lupaing ipinangako ng Diyos kay Abraham, ang ninuno ng mga Judio. May ilang panalangin ang mga Judio na nagtatapos sa mga salitang "sa susunod na taon sa Jerusalem," na nagpapahayag ng pag-asa sa muling pagbabalik, bagaman ang karamihan sa mga Judio na gumagamit ng mga panalanging iyon ay isinilang sa ibang lugar.

Naglalaman ang Biblia ng mga propesiya ng pagbabalik ng mga Judio mula sa lahat ng bansa sa mundo pabalik sa kanilang lupang pinagmulan. Sa loob ng maraming siglo hindi naunawaan ng mga tao ang mga propesiyang ito, dahil hindi umiiral ang bansang Israel bilang isang lugar sa mundo.

Kabilang sa mga propesiya ng pagbabalik ng mga Judio ay ang Isaias 11:11-12, Jeremias 16:14-15, 23:3, 8, 31:8, 32:37, Ezekiel 11:17, 36:24, at Zacarias 10:8-9.

Sa mga taong 1900 maraming mga Judio ang nagsimulang mag-usap-usap tungkol sa pagtatatag ng isang pambansang teritoryo para sa isang tahanan para sa mga Judio. Naniniwala sila na hindi mabuti ang pagtanggap sa mga Judio sa buong mundo kung kaya't kailangan nila ang kanilang sariling bansa. Ang pagkilos na ito ay tinawag na Zionism. Ang salitang Zion ay isang pangalan para sa Jerusalem.

Inihayag ng pamahalaan ng Great Britain ang "Balfour Declaration" noong 1917, na nagsasabing naniniwala sila na ang mga Judio ay dapat magkaroon ng independiyenteng bansa. Ang pamahalaang British ang nagkokontrol sa karamihan sa Gitnang Silangan pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, dahil ang mga pamahalaan ng mga bansa sa lugar na iyon ay hindi matatag. Ang panahong ito ng pamumuno ay tinawag na "British

Mandate." Sa paglipas ng panahon, ang Egipto, Jordan, at iba pang mga bansa sa Gitnang Silangan ay naging independiyente na sa Britain.

Sa panahon ng British Mandate, libo-libong Judio ang lumipat pabalik sa orihinal na lupain ng Israel, bagaman hindi pa ito isang independiyenteng bansa noon. Taong 1948, nanirahan na sa teritoryo ng Israel ang 650,000 na Judio. Mariing tinutulan ng mga bansang Arabo sa rehiyong iyon ang presensya ng mga Judio at hindi nila sinang-ayunan ang pagtatatag ng bansang Israel. Nagpatuloy sa loob ng ilang taon ang mga paglalabanan sa pagitan ng mga Judio at ng iba't-ibang grupong Arabo.

Noong Nobyembre 29, 1947, ang United Nations ay nagbigay ng batas na ang teritoryong pinamamahalaan ng Great Britain ay hahatiin sa bansa para sa mga Judio at isang bansa para sa mga Arabo. Ang mga bansang Arabo sa lugar ay nagalit sa kapasyahang ito, dahil ayaw nila ng bansa ng mga Judio. Naging mas matindi ang digmaan, at namatay ang libo-libong katao sa loob lamang ng ilang buwan.

Ang British Mandate ay nakatakdang magtapos noong Mayo 14, 1948. Ang ibig sabihin nito, ang hukbong British ay hindi na magkokontrol sa lugar o pipigilan ang mga grupong mayroong di pagkakasundo. Sinabi ng mga tagapangunang Arabo na wawasakin nila ang bansang Judio sa sandaling umalis ang mga British. Nagtrabaho ang mga tagapangunang Judio upang gumawa ng mga armas, magdala ng mga armas mula sa ibang mga bansa, at sanayin ang mga sundalo upang maghanda sa pagtatanggol.

Idineklara ng Israel ang kanyang sarili bilang isang independiyenteng bansa noong Mayo 14, 1948, sa huling araw ng British Mandate. Ang mga hukbo mula sa ilang bansang Arabo na nakapaligid sa Israel ay umatake sa bagong bansa noong May 15, sa unang araw ng pag-iral ng bagong bansa. Nagpatuloy ang digmaan sa loob ng 10 buwan. Sa panahon ng digmaan, ang mga Judio ay nagpatuloy sa paglipat sa Israel sa bilis na sampung libong katao bawat buwan. Sa katapusan ng digmaan, hawak na ng Israel ang teritoryo na ibinigay sa kanila at gayundin ang karamihan sa teritoryo na ibinigay sa bansang Arabo.

### **Ang Nagpapatuloy na Pagbabalik ng mga Judio sa Israel**

Mula sa panahon ng kanyang bagong pagsisimula bilang isang bansa noong 1948, inanyayahan ng Israel ang mga Judio sa buong mundo upang bumalik. Tinawag nila ang pagbabalik sa Israel na Aliya, isang salitang Hebreo na nangangahulugang "umakyat". Ginamit ng mga Judio sa lumang panahon ang salitang ito upang tumukoy sa pagpunta sa Jerusalem, tulad ng nasa pangungusap na "pag-akyat sa Jerusalem."

Para sa mga Judio na nagnanais na bumalik sa Israel, ang bansa ay nag-aalok na magbayad ng kanilang renta sa bahay sa loob ng isang taon, magbibigay ng klase sa lengguwahe ng Hebreo, magbibigay ng pautang at pagsasanay para sa mga nagnanais na magsimula ng negosyo, at babayaran ang bahagi ng mga sahod para sa mga trabahong kanilang iniwan. May mga karagdagang incentive na iniaalok sa mga siyentipiko at mananaliksik na lilipat sa Israel. May sweldo din na iniaalok sa mga Judio na nagdusa dahil sa pagiging Judio na nasa ibang bansa.

“Libo-libong bilang ng mga enhinyero at academics, kasama ang libo-libong siyentipiko, mga artists at musikero, na bumubuo sa natatanging ‘human capital)— may pinag-aralan, propesyonal at nakatalaga ang sarili- na may hindi matatayang kapasidad para isulong ang ekonomiya, ang imbakan ng kaalamang technological at malikhaing kultura sa Israel.”  
- Israeli Website: [www.moia.gov.il](http://www.moia.gov.il)

Ang mga incentive na ito ay nakatulong upang paramihin ang populasyon ng bansa. Ang bansa ay may populasyon na 650 libo noong 1948 at 8.6 na milyon noong 2016.

### **Ang Templo sa Jerusalem**

Itinayo ni Haring Solomon ng Israel ang orihinal na templo sa Jerusalem. Nanatili itong makatayo sa loob ng 400 taon at nawasak ng mga taga-Babilonia noong 586 B.C. Ang ikalawang templo ay itinayo ni Zerubabel pagkatapos ng pagkabiha ng Babilonia sa mga Judio. Nanatili itong nakatayo sa loob ng 580 taon at nawasak ng mga Romano noong A.D. 70. Kapalit ng templo ng mga Judio, nagtayo ang mga Romano ng isang templo para sa dios na si Jupiter.

Sa kasalukuyan ang templo sa bundok sa Jerusalem ay may mosque ng Muslim na tinatawag ng “Ang Dome of the Rock.”<sup>4</sup>

May mga iskolar na naniniwala na upang literal na matupad ang mga propesiya sa Biblia, isang bagong templo ang dapat itayo at ipagpatuloy ang mga paghahandog.



Ang templo sa bundok ay isang banal na dako para sa mga Judio, hindi lamang dahil naroon dati ang templo kundi dahil sila’y naniniwala na iyon ang lugar kung saan halos isakripisyo na ni Abraham si Isaac. Ang lugar ng templo ay isa din na banal na dako para sa mga Muslim, at hindi sila pumapayag na alisin doon ang mosque upang ang templo ng mga Judio ay maitayo kapalit noon.

Binanggit sa mga propesiya ng mga huling araw ang isang templo sa Jerusalem. Ipinahiwatig ni Hesus na ang propesiya ni Daniel, na may isang hinihinging pagsamba sa templo, ay sa hinaharap pa (Mateo 24:15-16).

<sup>4</sup> Larawan ni Stacey Franco sa Unsplash, nakuha mula sa <https://unsplash.com/photos/ex9kqrn1mj0>.

Tinukoy ni apostol Pablo ang isang tao na darating bago ang pagdating ng Panginoon at siya ay mag-aangkin na siya ang Diyos at aasahan ang pagsamba sa templo (2 Tesalonica 2:1-9). Gagawa siya ng mga himala na lilinlang sa mundo. Siya ay wawasakin sa pagbabalik ni Kristo.

Ang mga iskolar ng propesiya na naniniwala sa isang literal na Antichrist ay naniniwala na kahit papaano, itatayo ang isang templo.

### **Ang Kaligtasan ng Israel**

Ihinuhula ng Hebreo 8:10-11 ang isang panahon na wala nang pag-eebanghelyo na kakailanganin sa mga Judyo dahil silang lahat ay makakikilala sa Diyos.

Inilalarawan ng Pahayag 7:4-8 ang 144,000 na Judyo na may tatak ng Diyos. Inilalarawan ng Talata 9 ang isang di-mabilang na tao mula sa lahat ng mga bansa ang nasa langit. Pinagtatalunan pa kung aling mga aspeto ng paglalarawang ito ng 144,000 ang literal, subali't malinaw na sila ay kumakatawan sa tinubos na Israel, dahil ang mga taong naligtas mula sa lahat ng ibang bansa ay binanggit nang hiwalay.

Ipinapaliwanag ng Roma 11 ang relasyon sa pagitan ng mga Judyo at ng mensahe ng ebanghelyo. Ang ilan sa kanila ay ligtas (11:4-5). Ang sinumang Judyo na naniniwala sa ebnghelyo ay maliligtas (11:23). Tinatanggihan ng Diyos ang bansa subalit muli itong tatanggapin sa hinaharap (11:12, 15). Babalik ang bansa sa Diyos. Sinasabi ng 11:26-29, "Ang buong Israel ay maliligtas" at sinasabing ang tipan ng Diyos sa kanila ay matutupad. Hindi ito nangangahulugan na ang bawat Judyo ay magbabalik-loob, kundi, sa kabuuan bilang isang bansa ay tatanggapin si Hesus.

### **Mga Takdang-Aralin**

- (1) Takdang-Araling Isusulat: Isipin ninyo na ang isang kaibigan ay nagsabi sa inyo na natagpuan niya ang isang kapana-panabik na bagong iglesya kung saan ang mga tao ay nagpapahayag ng mga propesiya. Sumulat ng ilang parapo na nagpapaliwanag kung anong payo ang ibibigay mo sa iyong kaibigan.
- (2) Pag-aaral ng Mga talata: Pag-aralan ang mga talata tungkol sa Tagapaglingkod sa Isaias at maghanda ng isang pag-aaral sa Biblia na maaari mong ituro sa isang grupo.



# Leksiyon 3

## Introduksiyon sa Kasulatan ng mga Pahayag

### Note sa tagapanguna sa klase

*Hilingan ang ilan sa mga mag-aaral na ibahagi kung ano ang kanilang isinulat tungkol sa payo na kanilang ibibigay sa isang tao na nasasabik tungkol sa isang bagong iglesya na gumagawa ng maraming propesiya.*

### Ang Apocalyptic Literary Form

Ang Pahayag ay isang anyo ng literatura. Ginamit ito sa ilang bahagi ng Biblia at gayundin sa ilan pang ibang isinulat.

Sinasabi ng sumulat na tumanggap siya ng mensahe sa pamamagitan ng isang pangitain o panaginip. Ito ay napakasimboliko. Madalas itong gumagamit ng mga hayop o mga di-pangkaraniwan, dambuhalang mga nilalang bilang mga simbolo. Sa halip na ilarawan ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod sa panahon, ang pattern ay maaaring cycles ng paulit-ulit na magkakatulad na pangyayari na nagdaragdag ng ibang detalye.

Ang mga isinulat ay karaniwang tumatalakay sa suliranin ng pagpapanatili ng pananampalataya sa kabila ng mga kasamaan at kawalang katarungan sa kasalukuyang mundo. Inilalarawan nito ang isang unibersal na digmaan na may matinding paglalabanan.

“Ang kasaysayan ng mundo ay kumikilos patungo sa isang cataclysmic struggle kung saan magmumula ang isang cosmic transformation – isang bagong langit at isang bagong daigdig.”  
– Thomas Oden, *Life in the Spirit*

Ang mga isinulat sa Biblia na pahayag sa mga huling araw ay nagpapakita ng ultimong tagumpay ng Diyos, na nagpaparusa sa masama at nagbibigay gantimpala sa mabuti. Ang pokus ay ang makapangyarihang Diyos na siyang sumasaklolo sa kanyang bayan.

Kabilang sa mga Kasulatan ng Pahayag ang Daniel, Zacarias, Joel, Pahayag at mga talata mula sa iba pang aklat ng Biblia.

### Prinsipyo para sa Pagbibigay-kahulugan sa Biblia

Ang mga detalye ay dapat unawain nang literal maliban kung malinaw na nilalayan ng sumulat na ang paglalarawan ay figurative. Ang isang halimbawa ay ang mga hayop at dambuhala sa mga pangitain ni Daniel.

► Basahin ang mga mag -aaral ang mga sumusunod na banal na kasulatan.

- Para sa mga halimbawa ng mga simbolong hayop, tingnan ang Daniel 7:3-7, Pahayag 12:3 at 16:13, at Zacarias 6:1-3.
- Para sa halimbawa ng mga talata na naglalarawan sa dakila, panghuling digmaan, tingnan ang Joel 2:9-11 at Pahayag 19:11-21, 20:7-9.
- Para sa mga halimbawa ng mga talata na itinuturo ang pangwakas na tagumpay at walang hanggang kaharian ng Diyos, tingnan ang Daniel 7:14, 27 at Zacarias 14:9.

Ang ibang seksiyon ng Banal na Kasulatan ay maaaring ituring na apocalyptic writing dahil nagsasaad ang mga ito ng biglaang pagkilos ng Diyos, kapag hinahatulan niya ang mga kapangyarihan ng kasamaan at inililigtas ang mga matuwid. Hindi nagtataglay ang mga Kasulatang ito ng lahat ng ibang katangian ng apocalyptic writing, tulad ng mga pangitain o mga simbolong hayop (Halimbawa ay ang Ezekiel 37-39, Isaias 24-27, Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21, 2 Tesalonica 2, at 2 Pedro 3.)

### Ang Araw ng Panginoon

► Dapat hanapin ng mga mag-aaral ang mga reperensiyang may salungguhit sa seksiyong ito at basahin ang mga talata.

Ang salita ayon sa Kasulatan na ginamit para sa oras ng panghuling pagkilos ng Diyos ay *araw ng Panginoon*. Ang ilan sa mga talata sa Lumang Tipan na naglalarawan sa araw ng Panginoon bilang ang oras kung kailan ang mga Hentil na bansa ay parurusahan dahil sa kanilang pagtrato sa Israel.<sup>5</sup> Maraming Judio ang nag-akala na wala silang dapat ikatakot mula sa paghuhukom ng Diyos dahil sila ay mga Judio. Sinikap ng mga propeta na ipakita sa kanila na sila man ay hahatulan din kung sila ay makasalanan (**Zephaniah 1:12**, Amos 5:5:18-27), at hindi rin sila ililigtas dahil lamang sila ay mga Judio.

Sa aklat ng Roma, tinukoy ni Pablo ang “araw ng pagkapoot” (Roma 2:5), at “ang araw kung kailan maghuhukom ang Diyos” (2:16). Ang mga reperensiyang ito ay sumusunod sa kanyang tema sa 1:16-18 na ang ebanghelyo ang kaligtasan mula sa poot ng Diyos.

Ang “araw ng Panginoon” ay hindi tiyakang nangangahulugan ng literal na isang araw; ang mga pangyayaring inilalarawan ay maaaring maganap ng higit pa sa isang araw. Ang binibigyang diin ay ang “Kanyang Araw”; sinalungat siya ng mga kapangyarihan sa mundo, subali’t ngayon ito ang oras ng Diyos upang siya na ang mamahala.

Ang mga propesiya sa “araw ng Panginoon” ay maaaring hindi tumutukoy sa iisang pagkakataon sa dulo ng panahon. Halimbawa, ihinula ni Joel ang isang dayuhang hukbo na ipinadala ng Diyos upang parusahan ang Israel (**Joel 2:1, 11, 20**). Kung magsisisi ang mga tao, palalayain sila ng Diyos **2:18-20**). Ito ay isang halimbawa ng propesiya na nagkaroon ng katuparan sa kasaysayan, gayunman ay mayroon ding ultimong katuparan

---

<sup>5</sup>Ang ilang halimbawa ay ang Zacarias 12 at Joel 3.

sa wakas ng panahon. Binanggit ni apostol Pedro ang propesiya mula sa aklat ni Joel na tila ba ito ay matutupad pa lamang (**Mga Gawa 2:16-21**).

Kabilang sa mga talatang naglalarawan sa araw ng Panginoon ang Joel 2:10,11, 28-32 (binanggit ni Pedro), 3:14-15, Isaias 13:9-11, 24:19-23, Zephaniah 1:14-18, at 2 Pedro 3:10-13.

Ang ilang mga talata tulad ng **Isaias 2:10-19** at **Pahayag 6:15-27** ay naglalarawan ng mga makasalanang nagtatago mula sa Diyos at ng mga bayang naghihintay ng paghuhukom.

Ang ilang mga talata na bumanggit sa araw ng Panginoon ay naglalarawan ng mga taong nagkakatipon para sa digmaan sa panahon ng pagdating ng Diyos, tulad ng **Zacarias 14:1-2**.

Marami pang ibang talata na hindi tiyakang binanggit ang "araw ng Panginoon", subali't naglalarawan ng isang pangyayari na nagtataglay ng ilan sa parehong mga detalye. Halimbawa, ang ilan sa mga ito ay naglalarawan ng mga tandang makalangit na mangyayari sa pagdating ng Panginoon na katulad ng mga inilarawan sa mga talatang tumutukoy sa "araw ng Panginoon." Kabilang sa mga halimbawa ang Mateo 24:29-30, **Marcos 13:24-26**, at Lucas 21:25-28.

### **Mga Implikasyon ng Kasulatang Apocalyptic**

May ilang mga iskolar ng Biblia na naniniwala na karamihan sa mga Kasulatang apocalyptic ay natupad na. Naniniwala sila na ang daigdig ay unti-unting magiging Kristiyano sa pamamagitan ng matagumpay na paglaganap ng ebanghelyo. Gayunman, ang ilan sa mga talata ay naglalarawan ng mga kaharian sa mundo na nasakop na ng Diyos (halimbawa, Daniel 7:14, 27). Sa kasalukuyan maraming bansa sa mundo ang patuloy na nag-uusig sa mga Kristiyano. Maaari nating sabihing ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng bagay, subali't ang mga bansang ito ay nagrerebelde pa rin laban sa Diyos, na nangangahulugang ang mga talatang iyon ay hindi pa natutupad.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Roma 9:28 para sa grupo. Ano ang ibig sabihin na tutuparin ng Diyos ang isang bagay nang mabilis sa mundo?

Binibigyang diin ng mga Kasulatang apocalyptic na ang mundo ay permanenteng mababago sa pamamagitan ng biglaang pagkilos ng Diyos. Hindi nito inilalarawan ang isang unti-unting pagbabago ng lipunan.

Ang mga Kristiyano ang dapat maging asin at ilaw sa bawat lipunan na kanilang tinitirhan. Dapat silang kumilos upang baguhin ang kanilang kapaligiran upang ito'y maging kalugod-lugod sa Diyos. Nabago na ang mga bansa at nahubog ng progreso ng ebanghelyo. Gayunman, ipinahihiwatig ng Banal na Kasulatan na hanggang sa dumating ang panghuling pagkilos ng Diyos, patuloy na mayroon pa ring masasamang kapangyarihan ng tao na nagpapatuloy sa pagrerebelde laban sa Diyos.

Maraming natutupad ang mga institusyong Kristiyano para sa paglaganap ng ebanghelyo, sa pagtatatag ng mga iglesya, at sa pagpapagaan ng lahat ng uri ng pagdurusa. Nabago na ang mga bansa at nahubog ng mga impluwensiyang Kristiyano. Samakatuwid, dapat magtrabaho ang mga Kristiyano upang magtatag ng mga iglesya at institusyon na may pangmatagalang epekto. Gayunman, tinitingnan natin ang pagbabalik ni Kristo bilang siyang maghahatid ng kalubusan sa kaharian ng Diyos.

Ang mga Mananampalataya ay dapat matiyagang magtiis sa pamamagitan ng pananampalatayang sumusunod sa Diyos sa lahat ng pagkakataon. Nakikita ng pananampalataya na sa katapusan ang pagsunod ay kapaki-pakinabang, bagaman ito'y maaaring magdala ng pagdurusa sa ngayon. Hindi kinakailangan ang lubos, pangkasalukuyang pagkaunawa kung bakit nangyayari ang mga bagay.

### **1 Corinto 3:12-15**

Ang konteksto ng talatang ito ay tungkol sa gawain ng ministeryo. Sa mga mas naunang talata sa kabanata, sinabi ng apostol na ang mga tao sa ministeryo ay may iba't-ibang tungkulin at gagantimpalaan sila ng Diyos para sa kanilang mga ginawa. Ang iglesya ay katulad ng isang bukid o gusali kung saan tayo ay nagtatrabaho (talatang 9)

Ang lahat ng ministeryo ay dapat magtatag sa iglesya. Si Kristo ang pundasyon, at ang mga nagmiministeryo ay nagtatayo ng isang istruktura sa pundasyon. Ang ilan sa kanila ay nagtatrabaho nang mabuti na may kalidad, at gagantimpalaan ng Diyos ang kanilang gawain. Ang iba ay nagtatrabaho ngunit hindi mahusay ang pagtatatag sa anupaman, at hindi gagantimpalaan ng Diyos ang gayung gawain.

Ang punto ni Pablo: Ang mga nagmiministeryo ay dapat matapat at madiskarteng magtrabaho upang itatag ang iglesya, na tumatanaw sa hinaharap sa gantimpala mula sa Diyos.

### **Pag-asa sa mga Pangyayaring Inihula**

Ang mga Kasulatang Apocalyptic ay propesiya, at madalas na humuhula sa mga espesipikong pangyayari. Hindi natin laging nalalaman kung ano ang mga espesipikong pangyayari ang maaasahan natin bilang katuparan sa mga propesiyang ito. Ang ilan ay maaaring natupad na; ang ilan ay sa hinaharap pa matutupad. Hindi natin kinakailangang malaman nang tiyakan kung ano ang inihula. Ang pangunahing layunin ng propesiya ay hindi lamang ang simpleng maisulat natin ang kasaysayan bago pa ito maganap. Ang layunin ng propesiya ay ang ipakita ang pagiging lubusang makapangyarihan at katapatan ng Diyos upang ang makakarinig ay mahikayat na magtiwala at sumunod sa Diyos. Hindi kinakailangan ang lubusang pagkaunawa sa mga detalye.

Karamihan sa propesiya ay orihinal na ipinangaral sa mga taong hindi naman nasaksihan ang katuparan ng mga prediksyon, dahil ang katuparan ay malayong-malayo pa sa hinaharap. Gayunman ang layunin ng pangangaral ay mahikayat ang mga tagapakinig na magtiwala at sumunod sa Diyos. Gayundin naman, sa kasalukuyan, maging ang katuparan ng isang propesiya ay sa nakalipas o sa hinaharap, at bagaman hindi natin mauunawaan ang lahat ng mga detalye, ito ay isang demonstrasyon ng kapangyarihan ng Diyos at katapatan na dapat makahikayat sa atin na magtiwala sa Diyos.

“Ang mga pagbubulay na ito [sa mga huling araw] ay makatutulong sa atin upang umiwas sa pagkakasala, at alisin ang ating mga pag-ibig sa mga bagay sa mundo; ang mga ito ang magpapalubag ng ating loob dahil sa kakulangan o pagkawala ng mga bagay na makasanlibutan, nag-uudyok sa atin na panatilihin dalisay ang ating mga kaluluwa at katawan, upang mabuhay para sa Dios at sa walang-hanggan, at sagayun kamtin ang walang hanggang kaligtasan” -  
Longer Catechism of the Eastern Orthodox Church

Mayroon tayong praktikal na pamamaraan sa pagbibigay kahulugan sa mga Kasulatan ng propesiya. Maaaring hindi magkasundo ang mga iskolar kung ano ang tiyak na pangyayari ang inihula. Ibig sabihin ba noon na nabigo ang talata ng Kasulatan na iparating ang mensahe ng Diyos? Hindi. Kahit na hindi tayo magkasundo sa mga detalye ng prediksyon, nakikita natin ang pagpapahayag ng kapangyarihan ng Diyos.

### **Ang Mensahe ni Pablo Tungkol sa Mga Huling Araw sa mga taga-Tesalonica.**

► Dapat sama-samang hanapin at tingnan ng grupo ang 2 Tesalonica 1:6-12. (Ang Kabanata 2 ng sulat na ito ay tungkol din sa mga huling araw, subali't pag-aaralan natin iyon sa ibang leksiyon.)

Inilalarawan ng talatang ito ang pagbabalik ng Panginoon bilang ang panahon kung kailan parurusahan ng pagkawasak ang mga makasalanan at ang mga mananampalataya ay tatanggap ng ginhawa mula sa paghihirap. Ang kaluwalhatian ng Diyos ang pokus – pansinin ang mga reperensiya sa Diyos at kay Kristo sa kabuuan ng talata.

Nagsisimula ang talatang 2 Tesalonica 1:11-12 sa salitang “at sa gayun”, na nagbibigay ng aplikasyon ng talatang ito ng mga huling araw. Dapat tayong manalangin na maluwalhati ang Diyos sa kaniyang pagkilos sa ating mga buhay sa mundong ito. Ang wastong aplikasyon ng mga huling araw ay magiging dahilan upang tayo ay mamuhay bilang mas mabuting Kristiyano, na pinararangalan ang Diyos at pinagpapala ang mga nasa paligid natin.

## **Mga Takdang Aralin**

- (1) Takdang-araling Isusulat: Paano nakakaapekto ang Kasulatang apocalyptic sa paraan ng iyong pagtanaw sa iyong ministeryo, sa iyong iglesya, at alinmang ibang institusyong Kristiyano na sinusuportahan mo? Sumulat ng isang pahina tungkol sa mga dapat asahan na matutupad ng mga ito sa mundo bago ang pagbabalik ni Hesus.
- (2) Pag-aaral ng Talata: Pag-aralan ang 2 Pedro 3:1-14. Inilalarawan ng apostol ang araw ng pagdating ng Panginoon. Ang kanyang aplikasyon sa pamumuhay Kristiyano ay nagsisimula sa salitang At sa gayun. Sumulat ng isang paliwanag sa mensahe ng talatang ito.

# Leksiyon 4

## Ang Mga Dakilang Tema ng Pag-aaral sa Mga Huling Araw

### Note sa tagapanguna sa klase:

*Maaari mong hilingan ang dalawa o tatlong mag-aaral upang ibahagi kung ano ang kanilang isinulat para sa takdang –aralin sa Leksiyon 3.*

*Sa leksiyong ito, maraming reperensiya sa Banal na Kasulatan ang ibinigay sa footnotes kung sakaling nais nila ng mga karagdagang pag-aaral. Dapat hanapin ng klase ang mga reperensiya na may **Makapal na sulat** sa leksiyon.*

### Introduksiyon

Ang mga talakayan tungkol sa propesiya ay madalas na nakatuon sa mga *minor* na katanungan sa halip na sa mga pangunahing katotohanan. Hindi lahat ng mga paksa ng propesiya ay magkakapantay ang kahalagahan.

May mga kinakailangang katotohanan sa Bibliikal na propesiya. Nakakaapekto ang mga doktrinang ito sa pamumuhay Kristiyano at sa buong sistema ng doktrinang Kristiyano.

Ang mga sinaunang credo ng Kristiyano ay hindi sumubok na isama ang lahat ng doktrinang Kristiyano, kundi para lamang ipahayag ang mga doktrinang kinakailangan sa pananampalatayang Kristiyano. Hindi marami ang sinasabi ng mga ito tungkol sa mga huling araw, subali't mahalaga ang kanilang mga pangungusap.

Ang Credo ng mga Apostol ay isinulat sa simula ng ikalawang siglo upang ipahayag ang mga kinakailangang doktrina ng mga apostol. Kasama sa credo ang pangungusap na ito tungkol kay Hesus: "Nakaupo [Siya] sa kanang kamay ng Diyos Amang Makapangyarihan; mula roon ay darating siya upang hatulan ang mga nabubuhay at ang mga patay."

Itinatag ang Nicene Creed sa isang konseho ng mga iglesya noong A.D.325. Nilalayon ng konseho na ipahayag kung ano ang pinaniniwalaan ng lahat ng Kristiyano. Sinasabi ng credo tungkol kay Hesus, "[Siya] ay muling darating, nang may kaluwalhatian, upang hukuman kapwa ang nabubuhay at ang mga patay: ang kanyang kaharian ay walang hanggan." Dagdag pa rito, "Tinatanaw ko ang muling pagkabuhay ng mga patay at ang buhay ng darating na daigdig."

Sa leksiyong ito pag-aaralan natin ang maraming talata sa Banal na Kasulatan at maraming detalye ng eschatology, subali't sa leksiyong ito bibigyang diin natin ang apat na mahahalagang katotohanan.

Ang mga katotohanang ito ay pundasyon ng eschatology.

- Ang Pisikal na Pagbalik ni Hesus
- Ang Muling Pagkabuhay ng Katawan ng Lahat ng Tao
- Ang Paghuhukom
- Ang Walang hanggang Kaharian ng Diyos

### Ang Pisikal na Pagbalik ni Hesus

Babalik si Hesus nang nakikita sa mundong ito. Bagaman siya ay narito sa espiritu kasama ng mga mananampalataya sa mundo sa kasalukuyan, siya ay babalik sa kanyang niluwalhati, muling binuhay na anyo nang nakikita ng lahat sa daigdig (**Pahayag 1:7**).

► Ano ang ilan sa mga bagay na mangyayari sa pagbabalik ni Hesus?

Ang pagbabalik ni Kristo ang magiging kasukdulan ng kasaysayan ng daigdig. Ang mga kaharian sa mundo ay magiging mga kaharian ni Kristo. Ang mga naging matapat sa kanya ay gagantimpalaan at pararangalan. Ang mga nagrerebelde laban sa kanya ay ibabagsak, at magkakaroon siya ng kapangyarihang lulupig sa lahat ng pagsalungat (**Mateo 26:64**). Ang bawat tuhod ay yuyukod, at bawat dila ay magsasabi na si Hesus ang Panginoon.<sup>6</sup>

Ang mga Kristiyanong namatay na ay muling bubuhayin upang magharing kasama ni Kristo.<sup>7</sup> Sila at ang mga nabubuhay na mananampalataya ay aakyat upang salubungin ang Panginoon kapag siya ay lumitaw.<sup>8</sup>

Ang kanyang pagbabalik ang pinagpalang pag-asa ng lahat ng Kristiyano (**Tito 2:13**). Isipin ang lahat ng kahulugan ng kanyang pagbalik sa atin: ang katapusan ng pag-uusig, paghihirap at kalungkutan; muling pagtitipon kasama ng mga pinabanal at minamahal na Kristiyano; patunay na ang ating pananampalataya ay hindi nawalan ng kabuluhan; ang makita mismo si Hesus; at ang pagpasok sa langit at ang kalubusan ng buhay na walang hanggan kasama ng Diyos. Walang alinman sa mga bagay na ito ang nakadepende sa oras ng kaniyang pagbabalik, kundi doon lamang sa katotohanan na siya ay babalik tulad ng kanyang ipinangako.

Sinabi ni Hesus na siya'y babalik na may kapangyarihan at kaluwalhatian.<sup>9</sup> Ipinangako niyang siya'y darating at kukunin ang kanyang bayan upang manirahanng kasama niya.<sup>10</sup> Sinabi ng mga anghel na siya'y babalik sa parehong paraan nang siya'y umakyat sa langit.<sup>11</sup> Ipinangaral ng mga apostol ang pagsisisi habang hinihintay na bumalik si Kristo upang itatag ang ultimong plano ng Diyos para sa mundong ito (**Mga Gawa 3:19-21**). Isa sa

---

<sup>6</sup> Filipos 2:10

<sup>7</sup> 2 Timoteo 2:12

<sup>8</sup> 1 Tesalonica 4:16-17

<sup>9</sup> Mateo 24:30

<sup>10</sup> Juan 14:3

<sup>11</sup> Mga Gawa 1:11



pinakamadalas na iturong katotohanan sa Bagong Tipan: Si Hesus ay babalik sa mundong ito nang may kapangyarihan at kaluwalhatian.<sup>12</sup>

Bagaman may mga tanda na mauuna sa ikalawang pagparito, hindi natin malalaman nang eksakto kung kailan siya babalik. Mabuti para sa mga mananampalataya na laging asahan ang pagdating ni Hesus at mamuhay ayon dito. **(Marcos 13:33-37)**.

► Bakit babalik si Hesus?

Namumuhay tayo sa isang mundo kung saan karamihan sa mga tao ay nagrerebelde laban sa Diyos. Ang buong sanlibutan ay nagdurusa dahil sa sumpa ng kasalanan. Ang mundo ay hindi kailanman mapabubuti ng pagkilos na pampulitika, pagbabago sa lipunan, pinabubuting edukasyon o maunlad na ekonomiya. Ang pagbuti ng sannilikha ay hindi rin makikita ng unti-unti. Biglang darating si Hesus sa kanyang nilikha bilang ang nagbabalik na hari upang ituwid ito.

Ang lahat ng tao ay makasalanan, subali't kung kusang-loob silang sasama sa kaharian ng Diyos ngayon, makaliligtas sila sa darating na paghatol. Kumikilos na ngayon ang kaharian ng Diyos sa mga nagsisi at nanampalataya.<sup>13</sup> Ang kahariang iyon ay lubusan at lantarang darating sa pagbabalik ni Hesus.

“Ang kaluwalhatian ng Kristiyanismo, nang higit sa mga etnikong relihiyon, ay hindi higit na naihayag kaysa sa eschatology nito.”  
- H. Orton Wiley,  
*Christian Theology*

► Paano tayo dapat mamuhay dahil alam natin na babalik si Hesus?

Dapat nating tandaan ang mga prayoridad ng mga unang Kristiyano. Tinawag tayo upang panatilihin ang ating pananampalataya at “magtiis hanggang sa dulo.” Binigyan tayo ng babala na huwag nating hayaan na ang mga kasiyahan at mga bagay sa mundo ang maging dahilan upang malimutan natin ang pagdating.<sup>14</sup> Namumuhay tayo sang-ayon sa pangwalang-hanggang pinahahalagahan dahil ang mga bagay sa mundong ito ay lilipas. Sinabihan tayo na “magbantay,” hindi nakatanaw sa kalangitan sa kanyang paglitaw, kundi ang manatiling nakabantay sa espirituwal upang sa kanyang pagdating ay hindi niya tayo datnan na hindi handa.<sup>15</sup> Nananalangin tayo para sa kadalisayan at namumuhay ng malinis na pamumuhay dahil nais nating maging katulad niya.<sup>16</sup>

---

<sup>12</sup>1 Tesalonica 4:15-16; 2 Tesalonica 1:7, 10; Tito 2:13; Hebreo 9:28; Santiago 5:7-8; 1 Pedro 1:7, 13; 2 Pedro 1:16; 3:4, 12; 1 Juan 2:28

<sup>13</sup> Marcos 1:14-15, 9:1

<sup>14</sup> Lucas 21:34-36

<sup>15</sup> Marcos 13:33-37. Ang salitang griego na ginamit para sa “magmasid” ay hindi nangangahulugan na humahanap ng isang bagay kundi sa pananatiling nagbantay.

<sup>16</sup> 1 Juan 3:3

Ang mga nabubuhay sa kasalukuyan na tila ba hindi siya darating ay hindi magiging handa para sa kanyang pagbabalik.<sup>17</sup> Ang pagdating ni Hesus ay magiging katulad ng kidlat,<sup>18</sup> sobrang biglaan kaya't walang sinumang magkakaroon ng pagkakataon na baguhin ang anuman pagkatapos ng kanyang pagpapakita.

Hinihintay natin ang kanyang pagdating (1) sa pamamagitan ng pagpapanatili ng prayoridad na pangwalang-hanggan, (2) pamumuhay nang may kadalisayan, at (3) espirituwal na pagbabantay sa ating sarili sa pamamagitan ng pananalangin.

### **Ang Muling Pagkabuhay ng Katawan ng Lahat ng Tao**

Ang lahat ng tao ay pisikal na muling bubuhayin mula sa mga patay.

Alam natin na ang katawan ay may walang hanggang halaga dahil itinuturo ng Biblia ang mulig pagkabuhay ng lahat ng tao.

Kinakailangan ang doktrina ng muling pagkabuhay.<sup>19</sup> Ipinaliwanag ni apostol Pablo sa 1 Corinto 15 na kung itatanggi natin ang muling pagkabuhay itinatanggi rin natin ang ebanghelyo. Kung walang muling pagkabuhay, sagayun hindi rin muling nabuhay si Hesus.<sup>20</sup> Kung si Hesus ay hindi nabuhay mula sa mga patay, hindi totoo ang ebanghelyo, at walang sinuman ang tunay na naligtas.<sup>21</sup>

► Tingnan nang sama-sama ang 1 Corinto 15:19. Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niya na kung walang muling pagkabuhay ang mga mananampalataya ang pinakakahabag-habag na tao?

Ang lahat ng tao ay muling bubuhayin, subali't hindi lahat ng tao nang sabay-sabay. Sa pagbabalik ni Hesus, kukunin niya sa alapaap ang lahat ng Kristiyano, bubuhaying muli ang mga nangamatay na.<sup>22</sup>

Ang mga namatay sa kanilang kasalanan ay hindi tatanggapin sa unang muling pagkabuhay. Sila ay bubuhayin sa mga susunod na panahon para sa paghuhukom.<sup>23</sup>

Ang mga Kristiyano ay bubuhayin na may niluwalhating katawan na katulad ni Hesus.<sup>24</sup> Ang mga makasalanan ay muling bubuhayin sa ibang anyo para sa walang-hanggang kaparusahan.<sup>25</sup>

---

<sup>17</sup> 1 Tesalonica 5:1-6 nagpapakita na ang mga nasa kadiliman, nabubuhay para sa sanlibutang ito, ang siyang magugulat sa pagbabalik ng Panginoon. Para sa atin, hindi siya babalik “tulad ng isang magnanakaw.”

<sup>18</sup> Mateo 24:27, 1 Corinto 15:52

<sup>19</sup> Ito ay ipinakita ng katotohanan na isinulat ni Pablo ang talata na may 58 na verses (ang buong 1 Corinto 15) bilang pagtatanggol sa doktrina ng muling pagkabuhay.

<sup>20</sup> 1 Corinto 15:3

<sup>21</sup> 1 Corinto 15:17

<sup>22</sup> 1 Tesalonica 4:16-17, Pahayag 20:6

<sup>23</sup> Pahayag 20:13

<sup>24</sup> 1 Juan 3:2

<sup>25</sup> Juan 5:28-29

► Kung hindi mo pinaniniwalaan na ang katawan ay muling bubuhayin, ano ang pagkakaibang magagawa nito sa iyo?

Ang paniniwala na tayo ay muling bubuhayin sa darating na panahon ay nakakaapekto sa ating paraan ng pamumuhay. Makikita natin ang praktikal na epekto ng doktrina sa pamamagitan ng pagtingin sa mga halimbawa ng mga taong itinanggi ito. May ilang tao sa iglesya ng Corinto na tumatanggi na ang katawang lupa ay muling bubuhayin. Ang mga naniwala sa kamaliang ito ay nahati sa dalawang magkasalungat na posisyon. May nagsasabi, “Dahil ang katawan ay hindi muling bubuhayin, tanging ang espiritu ang mahalaga. Nangangahulugan ito na ang mga kasalanang nagawa natin sa katawan ay hindi seryoso. Maari nating gawin kahit ang pakikiapid, dahil ang katawan ay itatapon naman.”<sup>26</sup>

Ang muling pagkabuhay ay “isang pagkilos ng kapangyarihan ng Diyos, kung saan ang lahat ng katawan ng mga namatay na tao, ay muling isasama sa kanilang mga kaluluwa, at muling mabubuhay, at mula noon ay magiging espirituwal at hindi na mamamatay”  
- Longer Catechism of the Eastern Orthodox Church

Ang iba naman ay ganito ang sinasabi, “Dahil ang katawan ay hindi naman muling bubuhayin, sagayun ito ay walang halaga at masama. Dapat nating supilin ang lahat ng pagnanasa ng katawan, hindi tayo kakain ng anumang masarap sa panlasa o masiyahan sa pag-aasawa.”

Ang dalawang pagkakamaling ito ay kapwa nagmula sa pagtanggap sa muling pagkabuhay. Ang doktrinang Kristiyano ng muling pagkabuhay ay naglalagay ng halaga sa katawan. Ang halaga ay ipinapakita dahil ang katawan ng Kristiyano ay tinubos, ito ang templo ng Banal na Espiritu, mga bahagi ni Kristo, at muling bubuhayin at luluwalhatiin (**1 Corinto 6:14, 15, 19, 20**).

Kinakailangan ang doktrina ng muling pagkabuhay dahil nangangahulugan ito na (1) si Hesus ay muling nabuhay mula sa mga patay,(2) ang lahat ng tao ay muling bubuhayin, (3) ang katawan ay may walang hanggang halaga, at (4) totoo ang ebanghelyo.

## Ang Paghuhukom

Ang bawat tao ay huhukuman ni Hesus.

► Sama-samang tingnan ang 2 Corinto 5:10-11. Ano ang sinasabi sa atin ng mga talata na ito tungkol sa hinaharap? Paano natin dapat gamitin sa pag-eebanghelyo ang katotohanan ng paghuhukom?

<sup>26</sup> Tingnan ang 1 Corinto 6:13-14, kung saan ang ilan ay tila may kasabihan na, “Ang pagkain ay para sa tiyan at ang tiyan ay para sa pagkain,” na nangangahulugan na ang katawan ay para lamang sa pagtugon sa mga pagnanasa nito. Sinabi ng apostol, “Subali’t kapwa wawasakin ng Diyos ito at sila,” na tinutukoy ang paghatol dahil sa maling paggamit ng katawan. Nagpatuloy siya sa pagsasabi, “Ang katawan ay para sa Panginoon...Kapwa binuhay na muli ng Diyos ang Panginoon at tayo rin ay kanyang muling bubuhayin sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan.”

Ang paghuhukom ang tunay na wakas ng mga tao na ang pangalan ay hindi nakasulat sa Aklat ng Buhay. Hindi ito ang wakas ng kanilang pag-iral, subali't ito ang wakas ng kanilang pagpili. Ang walang-hanggan na kasunod nito ay ang walang wakas na bunga ng mga pagpapasiya na hindi na kailanman maaaring baligtarin.

Ang paghuhukom ang nagbibigay ng kahalagahan sa ating mga pagpili nang lampas sa kanilang mga pangunahing resulta. May mga taong nag-iisip na hanggang kaya nilang kontrolin ang resulta ng kanilang mga kilos, wala silang dapat alalahanin pa. Gusto nilang paniwalaan na ang kanilang kasalanan ay hindi masama kung hindi ito nagdudulot ng kapahamakan. Sa katotohanan, nagdudulot ng kapahamakan ang lahat ng kasalanan; subali't kahit hindi man ito makasama, ito ay seryoso dahil sa paghuhukom. Sinasabi ng Salita ng Diyos na ang mga tao ay hahatulan ayon sa kanilang mga ginawa. **(2 Corinto 5:10, Roma 2:6-11).**

Sa araw ng paghuhukom ang ilan ay ipapadala sa walang hanggang kaparusahan at ang iba ay sa walang hanggang gantimpala. Inilalarawan ng Kasulatan ang isang tagpo sa paghuhukom sa mga makasalanan na muling binuhay upang harapin ang paghatol sa kanilang makasalang mga gawa.<sup>27</sup> May isa pang paghuhukom para sa mga Kristiyano, kung saan sila ay bibigyang gantimpala para sa mga gawang may pangmatagalang kabuluhan **(1 Corinto 3:14-15).**

Ang katotohanan na ang paghuhukom ay mangyayari ay nagsasabi sa atin na darating ang araw na magwawakas ang kasalanan. Mahirap isipin ang isang mundo na walang kasalanan, subali't darating ang araw na magwawakas ang lahat ng pagrerebelde laban sa Diyos.

Hindi ninais ng Diyos na tayo ay mamuhay sa patuloy na pagkatakot at takot ang ating maging dahilan sa pamumuhay nang matuwid. Gayunman, ang pagsasaisip ng darating na paghatol ang magbibigay sa atin ng pakiramdam ng pananagutan na siyang gumagabay sa ating mga buhay.

Dapat nating malaman ang tungkol sa paghatol upang maunawaan (1) ang kaseryosohan ng kasalanan, (2) ang ating pananagutan sa Diyos, (3) ang kahalagahan ng ating mga pagpili, at (4) ang katapusan ng lahat ng kasalanan.

---

<sup>27</sup> Tingnan ang Pahayag 20:11-15.

## **Pagkakamali na Dapat Iwasan: Nakatuon sa mga Bagay sa Sanlibutan**

Mayroong tendensiya ang tao na mabuhay na tila ang buhay sa mundo ay magpapatuloy sa habang panahon. Sinisikap nating pabutihin ang ating mga kundisyon, at lutasin ang ating mga suliranin, at lumikha ng isang kapaligiran na magpapasaya sa atin. Kailangan nating maging katulad ni Abraham na umaasa sa isang walang hanggang tahanan habang naninirahan siya sa mga tolda at madalas na lumilipat. (Hebreo 11:8-10, 14-16). Kailangan nating alalahanin na lahat ng mga bagay na ating itinatayo, ang mga bagay na taglay natin, ang mga kundisyon na ating nilikha ay pansamantala lamang. Dapat tayong magtrabaho para sa mga bagay na may pangwalang-hanggang kahalagahan.

## **Ang Walang hanggang Kaharian ng Diyos**

Ang paghahari ng Diyos sa sanlibutan ay walang hanggan at sa darating na panahon ay mawawala na ang pagtutol dito.

► Dapat sama-samang tingnan ng grupo ang Filipos 2:10-11.

Ayon sa mga talata na ito, darating ang isang panahon na ang lahat ng pagtutol sa Diyos at pagtanggap kay Kristo ay magwawakas.

Ayon sa ilang pilosopiya at mga relihiyon, ang panahon ay nagpapatuloy sa habang panahon, paikot-ikot lamang, na walang simula o wakas, at walang pangyayari na gumagawa ng permanenteng pagbabago.

Subali't ayon sa Biblia, ang panahon ay may simula at isang serye ng mga pangyayari na nagpapatuloy patungo sa isang konklusyon. Inilalarawan ng Biblia ang sannilikha, pagkatapos ay ang trahedyang pagkahulog ng tao sa kasalanan, pagkatapos ay ang plano ng kaligtasan na ginawa ng Diyos sa buong siglo ng kasaysayan ng sangkatauhan.

Sa Genesis matatagpuan natin ang simula ng kasalanan. Sa Pahayag ang kasalanan ay lubusang inialis mula sa walang hanggang lunsod ng Diyos.<sup>28</sup> Sa Genesis nakikita natin ang pagkawala ng puno ng buhay at ang paghatol ng kamatayan. Sa Pahayag nakikita natin ang pagpapanumbalik ng puno ng buhay, mga pangalan sa Aklat ng Buhay, at paanyaya sa isang ilog ng tubig ng buhay.<sup>29</sup>

Nalalaman natin na mayroong isang pangyayari na darating sa dulo ng mga kaganapan na ipinahayag ng Diyos sa atin. Ang pangyayaring ito ang magsisimula sa sanlibutan patungo sa magpawalang-hanggan na nasa plano ng Diyos. Ito ang pagdating ng kompleto at walang hanggang kaharian ng Diyos.<sup>30</sup>

---

<sup>28</sup> Pahayag 21:27

<sup>29</sup> Pahayag 22:1, 2, 19

<sup>30</sup> Pahayag 11:15, Roma 14:11, Filipos 2:10, Pahayag 22:5

Mula pa sa simula ang Diyos ang nananatiling naghahari sa kanyang sanlibutan,<sup>31</sup> subali't mula sa pagkahulog ng tao sa kasalanan, karamihan sa sangkatauhan ay nagrerebelde na laban sa kaharian ng Diyos. Iyon ay biglang magwawakas, at ang Diyos ay maghahari magpasawalanghangan nang walang kaagaw. Ang mundo ay magiging perpekto ayon sa nais ng Diyos, katulad ng kalagayan ng langit.

### **Pamumuhay Ngayon Para sa Walang Hanggan**

► Dapat sama-samang tingnan ng grupo ang Filipos 3:7-16.

Sinabi ng apostol na siya ay nagpapatuloy nang may iisang motibo, at tinatawag niya ang iba na mayroon ding ganitong “perpektong” motibo na ganito rin ang gawin. Posible para sa isang tao na maging perpekto sa kahulugan na siya ay lubusang nakatalaga ang sarili sa Diyos at tumatangging hayaan ang anumang bagay upang makaimpluwensiya sa kanya upang hindi malugod ang Diyos. Sinabi niya na hindi pa niya nakakamit ang pagiging perpekto na darating sa muling pagkabuhay. Gayunman, siya ay nahihikayat na gawin ang kanyang pinakamabuti sa ngayon upang maranasan niya ang pagiging perpekto ng muling pagkabuhay sa hinaharap. Kaya nga, mayroong pagiging perpekto na dapat taglayin ng mga mananampalataya sa ngayon, at isa pang pagiging perpekto na ating dapat asahan sa muling pagkabuhay.

► Dapat sama-samang tingnan ng grupo ang mga talata Filipos 3:17-21.

Sinusunod ng mga tao sa mundo ang kanilang sariling mga pagnanais, nakatuon sa mga bagay sa sanlibutan. Ang isang taong umaasa sa langit ay namumuhay sa pamamagitan ng lubusang naiibang prayoridad at sumusunod sa ibang mga naisin. Tayo ay ginagabayan ng ating pag-asa sa pagbabalik ni Hesus at ng pagbabagong-anyo ng ating mga katawan.

### **Mga Takdang Aralin**

(1) Takdang-Aralin na Isusulat: Sumulat ng isang pangungusap para sa bawat isa sa apat na dakilang katotohanan na ipinaliwanag sa leksiyong ito, na binabanggit ang bawat isa. Pagkatapos sumulat ng isang parapo para sa bawat katotohanan, na ipinapaliwanag kung paano ito nakagagawa ng pagbabago sa iyong pilosopiya sa buhay. Upang makaipon ng mga ideya para sa takdang-araling ito, maaari kang makipag-usap sa ilang tao at tanungin sila kung ano ang pagkakaibang nagagawa ng mga katotohanang ito para sa kanila.

(2) Takdang-aralin na Babasahin: Bago ang susunod na sesyon sa klase, maingat na basahin ang Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21.

---

<sup>31</sup> Genesis 18:25

# Leksiyon 5

## Ang Sermon sa Bundok ng Olibo

### Si Hesus at Ang Mga Huling Araw

Sa panahon ng ministeryo ni Hesus, maraming bagay ang hindi maunawaan ng kanyang mga disipulo. Hindi nila naunawaan ang tungkol sa kanyang darating na kamatayan at muling pagkabuhay. Maging pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Hesus, hindi nila naunawaan ang plano ng Diyos para sa Israel o kung paano magiging kumpleto ang kaharian ng Diyos.

Pagkatapos ng muling pagkabuhay, tinanong ng mga disipulo si Hesus kung agad niyang ibabalik ang kaharian ng Israel. Ipinapakita ng tanong na hindi pa nila naiintindihan ang plano ng Diyos para sa iglesya at sa kaharian. Hindi sinikap ni Hesus na ipaliwanag ang lahat sa kanyang mga disipulo, subali't sinabi niya sa kanila na hindi pa ipinasiya ng Diyos na ipahayag sa kanila ang takdang panahon kung kailan mangyayari ang mga bagay (Mga Gawa 1:7).

“Ang ipangaral ang Ebanghelyo at magpatotoo para kay Kristo ang pinakamataas na tungkulin ng Iglesya sa panahong ito, kumpara sa mga pag-uusisa at mga walang kabuluhang katanungan ay itinuring ng ating Panginoon na maliit lamang ang kahalagahan. (Mga Gawa 1:7-8)”  
- H. Orton Wiley, *Christian Theology*

► Paano ipinakita ng tanong ng mga disipulo na hindi nila naiintindihan ang plano ng Diyos para sa iglesya at sa kanyang kaharian?

Nagturo si Hesus tungkol sa mga huling araw. Kailangang maunawaan ng mga disipulo ang ilang mga bagay. Katulad nito, sinabi ni apostol Pablo na ang mga mananampalataya ay wala na sa kadiliman at hindi na magugulat sa pagbabalik ng Panginoon (1 Tesalonica 5:4).

Ang Sermon sa Bundok ng Olibo ay nasa tatlong sipi sa mga ebanghelyo: Mateo 24-25, Marcos 13, at Lucas 21. Ito ang pinakamahabang sipi sa mga katuruan ni Hesus tungkol sa mga huling araw. Halos magkakatulad ang mga sipi, subali't hindi nagtataglay ng lahat ng pare-parehong detalye.

Sa siping ito, inilarawan ni Hesus ang mga pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Gumamit siya ng mga salitang tulad ng *pagkatapos* at *pagkaraan nito*. Ang siping ito ay nagbibigay sa atin ng mas maraming pangyayari sa mga huling araw ayon sa pagkakasunod-sunod nito kaysa alinmang ibang sipi sa Banal na Kasulatan.

Sa Mateo, ang pagkakasunod-sunod ng mga serye ng pangyayari ay nagtatapos sa 24:31. Sa ibang bahagi ng kabanata 24 at 25, nagbigay si Hesus ng ilang kwento kung saan ang bawat isa (1) ay naglalarawan ng isang katotohanan tungkol sa mga huling araw at (2) sinasabi sa atin kung paano tayo dapat mamuhay dahil sa katotohanang iyon. Ang

mensaheng ito mula kay Hesus ay nagbibigay sa atin ng perpektong halimbawa ng paglalapat ng eschatology sa praktikal na pamumuhay.

► Para sa bawat isa sa mga seksiyon ng Sermon sa Bundok ng Olibo, dapat basahin ng isang mag-aaral ang talata mula sa isa sa mga ebanghelyo para sa grupo.

### **Ang Tanong**

► Basahin ang isang mag-aaral ang isa sa mga sumusunod para sa klase: Mateo 24:1-3, Marcos 13:1-4, Lucas 21:5-7

Sinabi ni Hesus sa mga disipulo na ang templo ay mawawasak. Ang prediksyong ito ay naging dahilan upang mag-isip sila ng maraming tanong tungkol sa hinaharap. Nagtanong sila tungkol sa oras ng pagwasak sa templo, ang pagbabalik ni Hesus, at ang wakas ng mundo. Bago ito ay inihula na ni Hesus ang pagkawasak ng Jerusalem (Mateo 23:37-38).

Nalalaman ng mga disipulo na ang pagkawasak ng Jerusalem at ng templo ay mangangahulugan ng katapusan ng lahat ng bagay na tila normal para sa kanila. Ito ang magiging katapusan ng isang panahon, at ang simula ng isang naiibang mundo. Marahil inisip nila na ang pagbabalik ni Hesus ay sa parehong oras, at ang kaharian ng Diyos ay matutupad sa sandaling iyon.

### **Ang Panahon ng Kapighatian o ang Tribulation**

► Basahin ang isang mag-aaral ang isa sa mga sumusunod para sa klase: Mateo 24:4-14, Marcos 13:5-13, Lucas 21:8-19

Ang mga katangian ng panahon ng kapighatian ay mga bulaang kristo, digmaan, lahat ng uri ng paghihirap, mga lindol, at pag-uusig. Aabot ang ebanghelyo sa lahat ng parte ng mundo bago dumating ang wakas.

► Ano ang kahalagahan ng pangungusap tungkol sa taong “nagtitiis hanggang sa wakas”?

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo na dapat silang magtiis at manatili sa kanilang pananampalataya. Ang taong hindi nawawalan ng kanyang pananampalataya ay maliligtas.

### **Ang Kasuklam-Suklam na Paninira**

► Basahin ang isang mag-aaral ang isa sa mga sumusunod para sa klase: Mateo 24:15-22, Marcos 13:14-20, Lucas 21:20-24

Kabilang sa mga aspeto ng pangyayaring ito ay ang paglalagay ng kasuklam-suklam sa templo, ang pagwasak sa Jerusalem ng mga hukbo, at ang simula ng pinakamatinding paghihirap.

Tinukoy ni Hesus ang propesiya ni Daniel (Daniel 9:27, 12:11). Maraming detalye sa propesiya ni Daniel ang natupad ng Griegong hari na si Antiochus, na naglagay ng isang dios-diosan sa templo (168 B.C.) at nagkaroon ng pakikipagdigma sa mga Judio. Nabuhay



siya nang matagal pa bago isilang si Hesus, subali't sinabi ni Hesus na ang katuparan ng propesiyang iyon ay sa hinaharap pa.

May mga iskolar na naniniwala na ang prediksiyon ay natupad sa pagkawasak ng Jerusalem noong A.D.70. Nawasak ang templo at ang mga bricks ay pinaghiwa-hiwalay pa. Libo-libong Judio ang nagdusa at namatay. Pagkatapos ng isang sumunod na digmaan, ang Jerusalem ay nawasak bilang isang lunsod, at hindi na umiral ang Israel bilang isang bansa sa loob ng maraming siglo. May mga iskolar na naniniwala na ito ang simula ng mga "panahon ng mga Gentil."

Ang anghel na nagsalita kay Propeta Daniel ay nagsabi sa kanya na ang mga propesiya ay may selyo hanggang sa katapusan pa ng panahon (12:4,9). Kabilang sa Kabanata 12 ang mga reperensiya patungkol sa pinakamatinding kaguluhan, at pagliligtas sa mga "nakasulat sa aklat", muling pagkabuhay ng mga patay, ang matalinong pagniningning tulad ng mga bituin magpasawalang hanggan, at ang kasuklam-suklam na pansamantalang inilagay sa templo. Ang mga reperensiyang ito ay tila tumutukoy sa mga huling araw, hindi mga pangyayaring natupad na sa kasaysayan.

Tila mayroon pang ultimong katuparan ng talatang ito na magaganap pa sa hinaharap dahil ang talata ay nagtatapos sa pagbabalik ni Hesus at sa pagtipon ng mga anghel sa mga mananampalataya. Ang ilang iskolar ay naniniwala na ang ultimong katuparan ng prediksiyon ng kasuklam-suklam ay gagawin ng anticristo sa mga huling araw.

### **Mga Bulaang kristo**

► Basahin ang isang mag -aaral ang isa sa mga sumusunod para sa klase: Mateo 24:23-26, Marcos 13:21-23

"Huwag hayaan ang sinuman, samakatuwid, na asahan ang Panginoon na magmula sa mundo, kundi magmula sa Langit."  
- Juan ng Damasco

Binigyang babala ni Hesus ang kanyang mga disipulo na hindi sila dapat maniwala sa mga sikretong kristo. Aangkinin ng mga tao na dumating na si Kristo at ilan lamang ang nakakaalam. Dapat tandaan ng mga Kristiyano na hindi magiging sikreto ang pagdating ni Kristo, dahil sinabi niyang siya'y darating nang lantaran sa himpapawid kasama ng mga anghel.

### **Prinsipyo sa Pagbibigay Kahulugan sa Biblia**

Dapat tayong maging mapagbantay sa mga puntos na ginagawa sa pamamagitan ng paghahambing at pagkakaiba-iba. Sa talatang ito ay ang pagkakaiba sa pagitan ng huwad na kristo na unti-unting nakikilala at ni Hesus na darating nang lubusang nakikita ng mundo. Dahil sa pagkakaiba, alam natin na ang pagbalik ni Hesus ay hindi makakatulad ng mga tagapanguna ng relihiyon na unti-unting nakakaakit ng mga tagasunod.

► Ano ang layunin ng babala ni Hesus tungkol sa isang sikretong Kristo?

## **Ang Pagbabalik ni Kristo at ang Pagtitipon ng mga Mananampalataya**

► Basahin ang isang mag -aaral ang isa sa mga sumusunod para sa klase: Mateo 24:27-31, Marcos 13:24-27, Lucas 21:25-28

Si Hesus ay darating sa dulo ng kapighatian na inilarawan sa talata na ito. Ang pagbabalik ni Hesus ay makikita ng buong mundo. Ang araw, buwan at mga bituin ay magdidilim, na isang tanda na madalas na iniuugnay ng Biblia sa araw ng Panginoon.<sup>32</sup> Titipunin ng mga anghel ang mga mananampalataya mula sa lahat ng dako sa mundo.

## **Ang Ilustrasyon ng Puno ng Igos**

► Basahin ang isang mag -aaral ang isa sa mga sumusunod para sa klase: Mateo 24:32-35, Marcos 13:28-31, Lucas 21:29-33

Sinabi ni Hesus na kapag nagsimula na ang mga pangyayaring ito, ang haba ng panahon ay hindi magtatagal para maganap ang lahat ng ito. Ang puno ng igos ang naglalarawan sa katotohanang ito, dahil ang mga dahon ay isang tanda na malapit nang dumating ang tag-araw.

May ilang iskolar na naniniwala na ang puno ng igos ay kumakatawan sa Israel (gayundin sa Lucas 13:6-9 at Marcos 11:12-14, 20). Naniniwala sila na ang pagtubo ng puno ng igos ay sumisimbolo sa pagpapanumbalik sa bansang Israel noong 1948. Naniniwala sila na ang mga pangyayari sa Sermon sa Bundok ng Olibo ay matutupad bago mamatay ang lahat ng nabubuhay noong 1948.

Ang isang mas simpleng pagbibigay kahulugan ay kung paanong ang mga dahon ng igos ay nagpapakita na padating na ang tag-araw, ang mga unang pangyayari sa talatang ito ay nagpapakita na ang lahat ng iba pa ay malapit nang maganap. Ang mga salita ni Hesus na, "Kapag nakita ninyo na nagaganap na ang mga bagay na ito," ay hindi nangangahulugan na siya'y nagsasalita tungkol sa isang espesipikong pangyayari lamang.

## **Masidhing Paghikayat sa Maingat na Pamumuhay**

► Dapat basahin ng mga mag -aaral ang lahat ng tatlong mga talatang ito para sa klase: Mateo 24:36-51, Marcos 13:32-37, Lucas 21:34-36

Ang talatang ito ay ang konklusyon ng mensahe ni Hesus tungkol sa mga huling araw. Sinabi niya sa kanyang mga disipulo kung paano sila dapat mamuhay dahil sa mga prediksiyon sa hinaharap. Ito ay isang modelo para sa pagsasabuhay ng mga huling araw. Hindi tayo dapat mamuhay kailanman nang taliwas sa kanyang mga sinabi.

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad na dapat nilang laging alalahanin na siya ay babalik, at ang katotohanang iyon ang dapat gumabay sa kanilang mga buhay. Binigyang babala

---

<sup>32</sup> Ang araw ng Panginoon ay pinag-aralan sa Leksiyon 3.

niya sila na huwag sumunod sa paraan ng pamumuhay ng mga nasa sanlibutan na namumuhay nang tila ba hindi kailanman magkakaroon ng paghatol.

Hindi niya sinabi sa kanila na pagmasdan ang kanyang pagbabalik, kundi magbantay sa aspetong espirituwal upang sila ay maging handa sa kanyang pagbabalik. Hindi niya sinabi na maaari siyang dumating anumang oras, kundi hindi nila maaaring malaman ang oras at siya ay biglang darating.

Marami nang henerasyon ang lumipas mula nang sabihin ni Hesus ang mga salitang iyon. Naging handa ang mga mananampalataya para sa kanyang pagbabalik, subali't hindi siya bumalik bago sila namatay. Gayunman, ang maingat na pamumuhay ay ang tamang paraan upang mamuhay dahil balang araw, tayong lahat ay tatayo sa harap ng Diyos, at hindi natin nalalaman kung kailan tayo mamamatay.

Dapat tayong mamuhay na tila ba sa araw na ito darating si Hesus. Hindi ito nangangahulugan na hindi tayo dapat gumawa ng mga pangmatagalang plano o gumawa ng mga proyektong nangangailangan ng mahabang panahon upang matapos. Nangangahulugan ito na dapat tayong maging matapat araw-araw upang hindi tayo mapahiya kung siya ay biglang bumalik.

### **Prinsipyo ng Pagbibigay Kahulugan sa Biblia**

Kapag ang isang talata ng Kasulatan ay nagbibigay ng kuwento o prediksiyon, hanapin ang sariling aplikasyon ng sumulat nito bago lumikha ng inyong sarili. Kung minsan ang talata ay hindi gumagawa ng aplikasyon sa konklusyon, subali't kung mayroon, sinasabi sa atin ng aplikasyong iyon ang layunin ng talata. Madalas ang aplikasyon ay nagsisimula sa salitang *samakatuwid*, o *dahil dito*.

► Ano ang ilan sa mga katangian ng isang taong namumuhay na tila kanyang naaalala na si Hesus ay babalik? Anong uri ng ugali ang iiwasan natin kung tayo ay nakahandang biglang harapin si Hesus?

### **Mateo 25**

Sa aklat ni Mateo, tila itinutuloy ng kabanata 25 ang sermon sa bundok ng olibo nang higit sa mga isinama sa iba pang mga ebanghelyo. Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mas kaunting detalye ng prediksiyon at nakatuon sa praktikal na mga aplikasyon.

Sa Mateo 25 tatlong kwento ang ipinahayag ni Hesus.

*Note sa tagapanguna sa klase: Bilang isang hindi sapilitang gawain sa klase, ang klase ay maaaring hati-hatiin sa tatlong grupo. Isang kwento mula sa Mateo 25 ang maaaring itakda sa bawat grupo para sa talakayan, pagkatapos, isang miyembro mula sa bawat grupo ay maaaring magbigay sa klase ng ilang aplikasyon ng kwento.*

Ang kwento ng "Ang Sampung Birhen" (1-13) ay nagbababala sa mga disipulo upang maging handa para sa pagbabalik ni Hesus. Hindi sila dapat maging pabaya dahil ang

kanyang pagdating ay hindi agad-agad tulad ng kanilang inaasahan. Sa kwento, ang ilang dalaga ay nagdala ng sobrang langis, nagpaplano upang makatagal sa matagal na paghihintay. Ang iba ay hindi naghanda ng sobrang langis, hindi nakapaghintay, at wala roon upang salubungin ang ikakasal na lalaki nang ito ay dumating. Kaya hindi sila nakasama.

Ang kwento ng "Mga Talento" (14-30) ay nagsasabi sa mga disipulo na gamitin ang mga ipinagkaloob na kakayanan para sa Diyos. Ang mga talento ay mga halaga ng pera. Ang pagkakamali ng lingkod na may isang talento ay ang kanyang pag-iisip na wala siyang maraming matutupad, kung kaya't wala siyang ginawa.

Ang "Tagpo sa Paghuhukom" (31-46) ay naglalarawan sa mga taong hinahatulan o binibigyan ng gantimpala batay sa kanilang pagtugon sa mga pangangailangan ng iba.

### **Katuparan sa Nakaraan o sa Hinaharap?**

Hindi nagkakasundo ang mga iskolar ng Biblia tungkol sa oras o panahon ng katuparan ng mga propesiya sa Sermon sa Bundok ng Olibo.

May mga iskolar na naniniwala na ang talatang ito ay lubusan nang natupad noong A.D.70 nang mawasak ang Jerusalem. Kung minsan ito'y tinatawag na pananaw na "Pleterist". Nagtanong ang mga disipulo tungkol sa pagkawasak ng templo, na naganap noong A.D.70. Ang paghihirap at kamatayan ng mga Judio sa panahong iyon ay maaaring ilarawan bilang ang pinakamahirap na kapighatian sa lahat ng panahon, tulad ng sinabi ni Hesus sa verse 21.

Nagbigay ng ilang kadahilanan ang mga iskolar na naniniwala na ang Sermon sa Bundok ng Olibo ay naglalarawan sa mga huling araw:

- (1) Nagtanong ang mga disipulo tungkol sa pagdating ni Hesus.
- (2) Sinabi ni Hesus na ang ebanghelyo ay ipapangaral sa lahat ng mga bansa bago ang katapusan, na hindi pa nangyayari bago ang A.D.70.
- (3) Ipinahayag ni Hesus ang isang kasuklam-suklam na nasa banal na dako (sinasabi ng mga preterist na ito ay tumutukoy sa mga hukbo ng Roma).
- (4) Magdidilim ang araw, ang buwan at ang mga bituin. (Sinasabi ng mga preterist na ito ay kumakatawan sa mga tao na may mataas na posisyon).
- (5) Ang Anak ng Tao ay lilitaw sa himpapawid taliwas sa mga huwad, sikretong mga kristo (Sinasabi ng mga preterist na ang mapanirang hukbo ng Roma ay kumakatawan kay Hesus).
- (6) Ang mga anghel ay isusugo ng isang trumpeta upang tipunin ang mga pinili mula sa lahat ng sulok ng mundo, na tila katulad sa 1 Corinto 15:52.

Ang Mateo 24:30 ay tila tunay na nangungusap tungkol sa pagbabalik ni Hesus dahil ang mga talata 23-27 ay nagbibigay babala sa mga disipulo na huwag maniwala sa isang lihim na pagdating, pagkatapos ang talata 30 ay nagsasabing siya ay darating na lantarang makikita ng mundo.

May mga iskolar na naniniwala na ang mga pangyayari noong A.D.70 ay maaaring isang bahagi, pasimulang katuparan, subali't mayroon pa sa hinaharap na lubusang katuparan. Ayon sa mga iskolar na ito, ang ultimong katuparan ng Sermon sa Bundok ng Olibo ay sa mga huling araw. Ang mga pangyayari ay magtatapos sa pagbabalik ni Hesus. Ayon sa ilang matatandang historyador, ang mga Kristiyano ay tumakas mula sa lunsod sa Jerusalem dahil naalala nila ang babala ni Hesus at hindi sila naghirap sa teribleng kapighatian na naganap sa panahong iyon. (Lucas 21:20-21). Gayunman, hindi lahat ng prediksyon ay natupad sa panahong iyon.

*Note sa tagapanguna sa klase: Hayaang talakayin ng grupo ang iba't-ibang pananaw na ito bago magpatuloy.*

### **Iba Pang mga Talata sa mga Ebanghelyo Tungkol sa Mga Huling Araw**

Nagbigay si Hesus ng iba pang mga pahayag tungkol sa mga huling araw bukod sa Sermon sa Bundok ng Olibo. Ang mga ito ay inilalarawan sa ibaba.

*Note sa tagapanguna sa klase: Maaari kang pumili ng ilan sa mga talatang ito upang siyasatin at talakayin sa klase. Ang isa pang pagpipilian ay ang itakda ang bawat talata nang mas maaga sa isang mag-aaral upang ipresenta para sa talakayan. Ang pagbibigay-kahulugan sa ilang mga talata ay mahirap, at hindi kinakailangang magkaroon ang klase ng tiyak na konklusyon tungkol sa mga ito.*

- Ang mundo ay tulad ng isang bukid kung saan magkasamang tumutubo ang trigo at mga damo na pagbubukurin sa araw ng paghuhukom (Mateo 13, 37-43).
- Ang araw ng paghuhukom ay makakatulad sa isang lambat na may iba't-ibang klase ng isda na pagbubukod-bukorin (Mateo 13:47-50).
- Sinabi ni Hesus na siya'y darating na may kaluwalhatian kasama ng mga anghel at ang ilan sa kanyang mga tagapakinig ay hindi mamamatay bago siya makitang dumarating sa kanyang kaharian (Mateo 16:27-28, Lucas 9:27).
- Sinabi ni Hesus na ang labindalawang apostol ang maghahari sa Israel (Mateo 19:28-30).
- Sinabi ni Hesus na makikita siya ng punong saserdote sa kanang kamay ng makapangyarihan, at bumabalik sa ulap nang may kaluwalhatian (Mateo 26:64, Marcos 14:62).
- Hahatulan ang mga lunsod dahil sa kanilang pagtanggì kay Kristo (Marcos 6:10-11, Lucas 10:12).

- Ang isang taong ikinakahiya si Kristo sa harap ng mga tao ay tatanggihan ni Kristo sa kanyang pagbabalik (Marcos 8:38, Lucas 9:26, Lucas 12:8-9).
- Sinabi ni Hesus na ang kanyang mga disipulo ay dapat maging matapat tulad ng mga alipin na matapat na naglilingkod sa kanilang amo habang hinihintay ang kanyang pagbabalik sa hindi nila nalalamang panahon (Lucas 12:35-48).
- Balang araw tatanggapin ng Jerusalem si Hesus (Lucas 13:34-35).
- Ang pagdating ni Hesus ay hindi magiging lihim, kundi nakikita sa buong mundo. Ang mundo ay mamumuhay sa walang-ingat na kasalanan katulad ng panahon nina Noah o Lot. May mga taong biglang kukunin at ang iba ay maiiwan (Lucas 17:22-37).
- Ang mga tao ay tatawag sa mga bundok upang bumagsak sa kanila at sila ay itago (Lucas 23:28-31 – ihambing sa Pahayag 6:14-17).
- Muling bubuhayin ni Hesus ang mga patay (Juan 5:25-29, 6:39-40, 44, 54).
- Umalis si Hesus upang maghanda ng isang lugar para sa kanyang mga alagad at siya'y babalik upang kunin sila (Juan 14:1-4).

### **Mga Takdang-Aralin:**

- (1) Takdang-Araling Isusulat: Maghanda ng isang leksiyon o sermon tungkol sa mga huling araw na itinuturo ni Hesus. Para sa leksiyon ito, ang layunin ay hindi ang ipaliwanag at ilarawan ang mga pangyayari sa hinaharap. Ipaliwanag ang binigyang diin ni Hesus na ang mga mananampalataya ay dapat maging laging handa sa espirituwal. Pumili ng mga talata na may mga salita ni Hesus na nagbibigay diin sa punto.
- (2) Pag-aaral ng Talata: Tingnan muli ang Sermon sa Bundok ng Olibo at ipaliwanag kung ano ang sinasabi sa bawat isa sa mga ito: ang templo, ang ebanghelyo, ang kasuklam-suklam, ang kapighatian, ang puno ng igos at ang trumpeta.
- (3) Takdang-araling Babasahin: Bago ang susunod na sesyon sa klase, maingat na basahin ang Daniel 1-6.

# Leksiyon 6

## Ang Aklat ni Daniel (Unang Bahagi)

### Ang Kahalagahan ng Aklat ni Daniel

Ang aklat ni Daniel ay mahalaga sa pag-aaral sa mga huling araw sa ilang kadahilanan:

- (1) Ito ay isang malaking halimbawa ng sulat tungkol sa wakas ng panahon.
- (2) Naglalaman ito ng mga simbolo na ginamit rin sa ibang bahagi ng Biblia.
- (3) Naglalaman ito ng maraming propesiya na maaaring tumukoy sa mga huling panahon.
- (4) Malakas nito ipinapakita ang mga pinahahalagahan at prayoridad ng mga propesiya sa Biblia.

Ang ika-apat ang pinakamahalaga, dahil ang mga orihinal na pinahahalagahan at prayoridad ng mga sumulat ng Biblia ay siya ring dapat nating maging pinahahalagahan at prayoridad.

### Mula sa Kanilang Panahon Hanggang sa Atin.

Ang Israel ay isang maliit na bansa na sinakop ng imperyo ng Babilonia noong 597 B.C. Maraming Judio ang dinala sa iba pang bansa. Hindi nakaya ng Israel na ipagtanggol ang sarili laban sa mga dakilang kapangyarihan ng mundo. Nawasak ang Jerusalem. Ang mga panalangin para sa bansa ay tila hindi sinasagot.

Nahihirapang panatilihin ng mga tao ang pananampalataya. Paano sila makapagpapatuloy sa paniniwala sa mga pangako ng Diyos sa kanilang bansa? Paano sila makapaniniwala na ang Diyos ang may awtoridad sa buong mundo? Mayroon bang anumang dahilan upang magpatuloy sa pananalangin? Paano nila maipapaliwanag sa kanilang mga anak ang mga kalagayan sa mundo? Ang aklat ni Daniel ay isinulat para sa mga tao na nasa ganitong mga kalagayan.

Sa makabagong panahon, ang mga Kristiyano ay pinag-uusig; mas maraming Kristiyano ang namatay para sa kanilang pananampalataya sa ikadalawampung siglo kaysa sa pinagsama-samang naunang mga siglo. Ang mga bansa ay tila nasa ilalim ng kontrol ng mga taong hindi gumagalang sa Diyos. Tila hindi magagawang baguhin ng iglesya ang direksiyon ng lipunan. Ang mensahe ng aklat ni Daniel ay napapanahon sa kasalukuyan.

### Prinsipyo sa Pagbibigay-Kahulugan sa Biblia

Kapag nauunawaan natin ang kalagayang tinutukoy ng isang talata sa Kasulatan, mas mauunawaan natin kung paano ilalapat ang talata sa ating sariling sitwasyon.

► Anong mga bagay ang nagaganap sa mundo sa kasalukuyan na katulad sa panahon ni Daniel?

### Ang mga Tema ng Daniel

Ang mga tema ng Daniel ay ang pangkalahataeng tema ng pag-aaral sa mga huling araw.

- (1) **Ang pagiging pinakamakapangyarihan ng Diyos sa buong mundo.** Kapag gugustuhin ng Diyos ay kaya niyang palitan ang sinumang hari. Walang sinuman ang may kakayanang sa kanya ay lubusang makataliwas. Ang anumang ginagawa ng mga tao ay hindi makakapigil sa kanya upang tuparin ang kanyang mga layunin.
- (2) **Ang ultimong Katarungan ng Diyos.** Ang mga matapat sa Diyos sa wakas ay ipagtatanggol at pararangalan. Ang mga lumalaban sa Diyos ay parurusahan.
- (3) **Ang Walang-hanggang Kaharian ng Diyos.** Ang kaharian ng Diyos ang mananaig sa buong mundo at maghahari magpasawalang-hanggan nang wala nang rebelde.

### Istrukturang Literatura ng Aklat

Ang dalawang bahagi ng aklat ni Daniel ay kapwa nagtatatag ng tatlong tema na nakalista sa itaas.

Ang Kabanata 1-6 ay naglalarawan sa mga pangyayaring naganap sa buhay ni Daniel. Ipinahayag ng Diyos ang kanyang kapangyarihan at talino sa mga pangyayaring iyon, ipinapakita na magagawa rin niya ang kaparehong bagay sa mga pangyayari sa malayong hinaharap. Kabilang sa mga kabanatang ito ang ilang propesiya.

Ang Kabanata 7-12 ay nagbibigay ng mga propesiya, at hindi nagtataglay ng mga pangyayari sa buhay ni Daniel maliban sa kanyang mga karanasan habang tinatanggap ang mga kapahayagan. Ang ilan sa mga propesiya ay natupad na sa panahon ni Daniel, ang ilan ay natupad sa loob ng ilang siglo, at ang ilan ay tumutukoy sa mga huling araw at hindi pa natutupad. May mga taong naniniwala na halos lahat ng propesiya ni Daniel ay natupad na sa kasaysayan, subalit sinabi ng anghel kay Daniel na ang mga salita ng aklat ay nakaselyo hanggang sa katapusan ng panahon, at sa panahong iyon mauunawaan iyon ng mga matatalino (Daniel 12:9-10). Ang pangungusap na ito ay hindi magkakaroon ng kahulugan kung ang karamihan sa mga prediksiyon ay natupad sa mga siglo bago ang mga huling araw.

Ang mga pangitain ay naglalarawan sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Ang ilan sa mga ito ay naglalarawan sa parehong pangyayari ngunit may ibang detalye. Ang mga pangitain ay hindi dapat ituring sa pagkakasunod-sunod sa panahon na ibig sabihin na ang nahuling pangitain ay nagbibigay ng mga huling pangyayari kaysa sa naunang mga pangitain. Halimbawa, ang parehong serye ng mga imperyo ay inilarawan sa Kabanata 2 at 7. Tulad ng makikita natin sa paglipas ng panahon, ang aklat ng Pahayag ay sumusunod sa parehong istraktura.



## Prinsipyo sa Pagbibigay-kahulugan sa Biblia

Ang isang pangitain o ilustrasyon sa Biblia ay karaniwang naglalagay ng mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod nito sa panahon, subali't ang mga pangyayari sa magkakahiwalay na pangitain o ilustrasyon ay hindi tiyakang magkakasunod. Sa ibang salita, ang isang nahuling pangitain ay hindi tiyakang nagpapakita ng mga pangyayari na lilitaw pagkatapos ng mga pangyayaring ipinakita sa isang naunang pangitain.

## Mga Titulo ng mga Kabanata sa Aklat ni Daniel

Sa karamihan sa mga aklat ng Biblia, ang mga talata na pag-aaralan ay hindi eksaktong kapareho ng mga kabanata, subali't ang mga paghahati sa mga kabanata ng Daniel ay nakatutulong sa pag-aaral.

*Note sa tagapanguna sa klase: Maaari mong basahin ang mga titulo ng mga kabanata sa grupo upang magkaroon sila ng interes. Hindi kinakailangan na ipaliwanag ang alinmang materyal mula sa mga kabanata sa panahong ito.*

Kabanata 1: Ang mga Hebreong Binihag sa Babilonia

Kabanata 2: Ang Pangitain ng Estatwa

Kabanata 3: Ang Estatwa ng Hari at ang Pugon

Kabanata 4: Ang Halimaw sa Loob ng Pitong Taon

Kabanata 5: Ang Nakasulat sa Pader

Kabanata 6: Ang Kulungan ng mga Leon

Kabanata 7: Ang Pangitain ng mga Halimaw at Mga Sungay

Kabanata 8: Ang Pangitain ng Lalaking Tupa at ng Kambing

Kabanata 9: Ang Pamamagitan ni Daniel at ang Sagot ng Diyos

Kabanata 10: Ang Pagdating ng Anghel

Kabanata 11: Mga Di Pagkakasundo ng mga Hari sa Hinaharap

Kabanata 12: Ang Ilog ng Panahon

## Kabanata 1: Ang Mga Hebreong Binihag sa Babilonia

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 1 para sa grupo.

*Note sa tagapanguna sa klase: Dahil karamihan sa mga mag-aaral ay pamilyar na sa kwentong ito, upang bigyang-buod ang kabanata, gamitin ang mga tanong sa ibaba at hayaang sumagot ang ilang mga mag-aaral.*

(1) Saan nagmula si Daniel at kanyang mga kaibigan? Bakit sila nasa Babilonia?

"Nang ang pagkabihag sa Juda ay natupad ng kapangyarihan ng Babilonia, maaaring naisip ng mga taga-Babilonia na ang kanilang mga dios ay mas mataas kaysa sa Diyos ng mga taong kanilang nabihag...

Gayunman, ayaw ng Diyos na manatili ang pananaw na ganito, at siya'y kumilos sa pamamagitan ni Daniel upang baguhin ito."

- Leon Wood, *The Prophets of Israel*

- (2) Anong mahirap na sitwasyon ang agad nilang kinaharap?
- (3) Ano ang iminungkahi ni Daniel sa lalaking namamahala sa kanila?
- (4) Ano ang resulta ng panahon ng pagsubok?
- (5) Paano maihahambing si Daniel at kanyang mga kaibigan sa mga tagapayo ng hari sa kanilang katalinuhan at kaalaman? Bakit?

Inilalagay ng Diyos ang kanyang mga matapat na lingkod sa mga posisyon ng kapangyarihan at binibigyan sila ng katalinuhan na mas mataas pa sa pinakamatalino sa mga kahariang hindi naniniwala sa Diyos (1:15, 16, 19-20). Naniniwala ang mga taga-Babilonia na ang kanilang mahahalagang pasya ay dapat ginagabayan ng astrolohiya at ng pagbibigay-kahulugan sa mga panaginip. Binigyan ng Diyos ang kanyang mga lingkod ng katalinuhang mas mabuti kaysa sa pinakamahusay na mga tagapayo sa buong imperyo.

Sinabi ng talata 17 na sila ay nangibabaw dahil binigyan sila ng Diyos ng kaalaman at katalinuhan. Ang Diyos ang nagkokontrol kahit sa isang panahon na ang kanyang mga tao ay nasakop ng isang paganong imperyo. Binigyan niya ng karangalan at impluwensya ang kanyang matatapat na lingkod kahit sa isang paganong pamahalaan.

## **Kabanata 2: Ang Panaginip ng Estatwa**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 2:1-30 para sa grupo. Anong suliranin ang kinaharap ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan?

Hindi mabigyang kahulugan ng mga Chaldeo ang panaginip. Iniisip nila na walang sinuman sa mundo ang makagagawa noon (10).

Sinabi ng mga Chaldeo na tanging ang mga dios ang nakakaalam sa sagot. Malinaw na hindi sila naniniwala na mayroong sinumang makakukuha ng sagot mula sa mga dios (11).

Ang mga talata 20-22 ay maaaring ituring na mga pangunahing talata sa aklat ni Daniel. Malinaw na binibigyang diin ng mga talatang ito ang pangunahing tema ng eschatology. Ang Diyos ang siyang nagkokontrol sa mga kapanahunan sa kasaysayan ng tao. Binabago niya ang mga kalagayan at nagkokontrol sa pagsusulong o pagtatanggal ng mga naghahari. Pinipili niya ang mga tao na tatanggap ng kanyang katalinuhan upang kanilang maunawaan kung ano ang kanyang ginagawa.

Sinabi ni Daniel sa hari, "Mayroong Diyos na naghahayag ng mga lihim at nagpapakita ....kung ano ang mayroon sa mga huling araw"(28)

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 2:46-49 para sa grupo.

Sinabi ng hari na ang Diyos ay mas dakila kaysa sa mga dios at mga hari, at nagpapahayag ng mga lihim (47). Inilagay ng hari si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa pinakamataas na posisyon sa kaharian.

Ang paglalarawan at ang pagbibigay-kahulugan sa panaginip ng hari ay nasa mga talata 31-45. Ang pangitain ay tungkol sa isang rebulto na ang mga bahagi ay yari sa iba't-ibang materyales. Ang bawat bahagi ay kumakatawan sa isang imperyo. Ang mga kabanata 7-12 ay nagdaragdag ng mas maraming detalye tungkol sa mga imperyo.

Ang mga bahagi ng rebulto:

Ginto - Babilonia

Pilak - Persia

Tanso - Greece

Bakal - Roma

Bakal at luwad - ang panghuling imperyo ng tao

May mga iskolar na naniniwala na ang huling imperyo ng tao ay ang kaharian ng anticristo sa mga huling araw bago bumalik si Hesus.

Sa pangitain may isang napakalaking bato na dumurog sa rebulto at pagkatapos ay naging isang bundok. Ang bato ay kumakatawan sa kaharian ng Diyos. Ang kaharian ng Diyos ay hindi isang bahagi lamang ng rebulto. Ang bato ay "hindi gawa ng mga kamay" na ang ibig sabihin ito ay hindi gawa ng tao.

► Ano ang sinasabi sa atin ng pangitain tungkol sa Diyos?

Nalalaman ng Diyos kung anong mga dakilang kapangyarihan ang titindig sa mundo bago pa man umiral ang mga ito. Aalisin niya ang mga imperyo sa mundo at magkakaroon ng permanenteng awtoridad sa mundo kung kailan niya ninanais.

### **Kabanata 3: Ang Rebulto ng Hari at ang Pugon**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 3 para sa grupo.

Ginawa ng hari ang rebultong ito pagkatapos ng kanyang panaginip. Ang gintong bahagi ng rebulto sa pangitain ay kumakatawan sa kaharian ni Nebucodonosor. Ginawa ni Nebucodonosor na lantay na ginto ang kanyang rebulto. Tinanggihan niya ang prediksiyon na darating ang ibang mga kaharian na susunod sa kanyang kaharian dahil gusto niyang paniwalaan na ang kanyang kaharian ay itinatag na pangwalanghanggan. Iniutos niya na sambahin ng lahat ng tao ang kanyang kadakilaan sa pamamagitan ng pagsamba sa kanyang rebulto. Itinanggi niya ang kaalaman ng Diyos tungkol sa mga kaharian sa hinaharap, at kapangyarihan ng Diyos na magtatag ng isang walang hanggang kaharian. Naroon ang nagpapatuloy na pag-uulit ng mga salitang "imahen na kanyang itinayo."

► Dapat sama-samang tingnan ng lahat ang mga talata 14-15.

Nang harapin ng hari ang mga Hebreo, sinabi niya, "Hindi nga ba ninyo pinaglilingkuran ang aking mga dios?" at "Sino ang Diyos na magliligtas sa inyo mula sa aking mga kamay?" (14-15).

Hindi nalalaman ng mga Hebreo kung ililigtas sila o hindi ng Diyos, subali't sila ay nagtalaga ng sarili na tanging sa Diyos lamang sasamba (17-18). Naalala ng hari ang kanilang walang pasubaling katapatan sa Diyos, sinabi niya na "ipinagkatiwala nila ang kanilang mga katawan" (28).

Ang mga mahahalagang opisyal ay tinipon ng hari para sa kanyang kaluwalhatian. Sa halip, nakita nila ang kaluwalhatian ng Diyos.(27).

Hindi maililigtas ng mga paganong dios ang mga sumasamba sa kanila mula sa ganoong kamatayan. Dumating ang Diyos upang samahan sila sa pugon. Sinabi ng hari, "Walang ibang Diyos na makapagliligtas sa tao, tulad ng ginawa ng kanilang Diyos." (29).

► Anong klaseng pananampalataya dapat tayong magkaroon dahil sa kasaysayang ito?

Hindi natin dapat isipin na pipigilin ng Diyos ang lahat ng masamang mangyayari sa atin, subali't dapat nating sundan ang halimbawa ng tatlong Hebreo at maging matapat sa Diyos. Sa wakas, patutunayan ng Diyos ang kanyang kapangyarihan at gagantimpalaan ang mga matapat.

#### **Prinsipyo sa Pagbibigay Kahulugan sa Biblia**

Ang mga tuwirang sinasabi ng mga pangunahing tauhan sa kwento ay karaniwang nagbibigay-diin sa pangunahing layunin ng kwento. Pansinin na sinabi ng hari na "Sino ang Diyos na magliligtas sa inyo?" at pagkatapos, "Walang ibang Diyos na maaaring magligtas sa tao nang tulad nito!"

► Hindi sapilitang pagsasanay: Hanapin ang iba pang direktang mga salita sa mga kwentong ito at pansinin kung paano nila binibigyang-diin ang pangunahing mga layunin ng mga kwento.

#### **Kabanata 4: Isang Halimaw sa Loob ng Pitong Taon**

*Note sa tagapanguna sa klase: Sa halip na basahin ang buong kabanata para sa grupo, maaari mong hilingan ang isang mag-aaral upang ibuod ang kwento, at hayaan ang ibang mag-aaral na magdagdag ng mga detalye.*

Hindi mabigyang kahulugan ng mga salamangkerong Chaldeo ang panaginip(7). Nang iyon ay bigyang kahulugan ni Daniel, sinabi nila na "sumasakanya ang espiritu ng mga banal na dios" (8-9).

Ang kabanatang ito ay kakaiba sa Biblia dahil ito ay patotoo ng isang hari ng Babilonia.

Ang pangunahing suliranin ng hari ay ang pagmamataas, at ang leksiyon para sa hari ay ang malaman niya na ang Diyos ang naghahari (17, 25, 26, 30-32, 34-35). Maaari sanang naiwasan ng hari ang karanasan kung siya ay nagsisi.

Sa talata 2 ipinahayag ng hari ang layunin ng kanyang patotoo at ang dahilan sa pangyayaring naganap sa kanya. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay nahayag sa pangyayari.

## **Prinsipyo para sa Pagbibigay Kahulugan sa Biblia**

Kapag ipinapahayag ng sumulat ang kanyang layunin, ang layuning iyon ang karaniwang dapat gumabay sa ating paggamit sa isinulat.

Kabilang sa ibang mga halimbawa ang 1 Juan 2:2 at 5:13, at Lucas 18:1. Kapag tinutukoy ng sumulat ang isang partikular na sitwasyon, maaaring hindi pareho ang ating sitwasyon, subali't ang mga prinsipyong ipinaliliwanag ng sumulat ay napapanahon para sa atin. Halimbawa, sumulat si Pablo kay Filemon upang hilingin dito na patawarin ang isang tumakas na alipin. Ang ibinigay niyang prinsipyo ay ang pagiging magkapatid na Kristiyano nina Felimon at Onesimo. Ang relasyong iyon ay mas mahalaga kaysa sa kanilang kalagayan bilang panginoon at alipin.

Magandang pangungusap ang talata 3 tungkol sa kapangyarihan at walang hanggang soberenya ng Diyos. Katulad ng 2:20-22, ang talata na ito ay naghahayag ng tema ng aklat ni Daniel at ng lahat ng pag-aaral sa mga huling araw.

► Paano mo ilalapat ang siping ito sa pangangaral?

## **Kabanata 5: Ang Nakasulat sa Pader**

*Note sa tagapanguna sa klase: Maaaring basahin ng isang mag-aaral ang kabanata para sa grupo, o maaari mong hilingan ang isang mag-aaral na gumawa ng buod ng kwento, at pagkatapos ay hayaan ang ibang mag-aaral na magdagdag ng mga detalye.*

Ang pag-inom ng alak sa mga lalagyang galing sa templo ay isang tahasang paglapastangan sa Diyos ng Israel (2-3). Habang sila'y umiinom pinarangalan nila ang mga dios-diosan (3). Sa sandali ring iyon, ang kamay ay lumitaw upang sumulat sa pader (5).

Hindi magawang basahin ng mga matatalinong lalaki ang mga salita sa pader.(8). Sinabi nila na "sumasakanya (kay Daniel) ang espiritu ng mga banal na dios"(11).

Binalikan ni Daniel ang kwento ng pagpapakumbaba ni Nebucodonosor (Kabanata 4), at ipinakita nito na dapat ay natutuhan din ni Belzasar ang parehong leksiyon (22). Sumamba sa mga dios-diosan si Belzasar at hindi pinansin ang Diyos na siyang nagkokontrol sa kanyang hininga (23). Ang ama ni Belzesar ay si Nabonidus, na nabubuhay pa, bagaman wala sa Babilonia. Hindi si Nebucodonosor ang ama sa laman (biologically) ng alinman sa dalawang ito subali't tinatawag na ama ng mga nauna sa kanila.

Namangha si Belzesar sa kapahayagan na dumating kay Daniel, gayunman hindi pa rin ito nagsisi. Nagbigay siya ng gantimpala at promosyon na tila ba ang kanyang posisyon ay hindi babagsak (29). Pinanatili niya ang kanyang pagtindig sa harapan ng 1,000 mga namumuno, subali't narinig nilang lahat at pagkalipas ay nasaksihan nila ang hatol ng Diyos.

Ipinakita ng Diyos ang kanyang soberenya sa mga kapangyarihan sa mundo. Hinahatulan niya ang mga bumabalewala sa kanyang awtoridad.

## **Kabanata 6: Ang Kulungan ng mga Leon**

*Note sa tagapanguna sa klase: Dapat ibuod ng isang mag-aaral ang kwento para sa grupo. Ang ibang mag-aaral ay maaaring magdagdag ng mahahalagang detalye.*

Ang mga kaaway ni Daniel ay hindi makakita ng anumang kamalian sa kanya maliban sa kanyang pagiging tapat sa Diyos nang higit sa lahat ng ibang mga awtoridad (5).

Naghanda sila ng isang pagsubok na susukat sa katapatan ni Daniel sa pagitan ng hari at ng Diyos. (7). Nang sila'y magmungkahi ng isang batas sa hari, ito ay nagkasala sa parehong tukso na katulad ng mga nauna sa kanya –ang parangalan ang kanyang sarili nang higit sa mga dios.

Ang pangunahing katanungan ay itinanong ng hari: “Ang iyo bang Diyos, na iyong patuloy na pinaglilingkuran, ay may kakayanang iligtas ka?”(20). Walang alinlangan tungkol sa katapatan ni Daniel. Siya ay iniligtas “dahil naniwala siya sa kanyang Diyos” (23).

Ang kautusan ng hari at ang karangalan ng Diyos (25-27) ay katulad ng kay Nebucodonosor (4:3. 37).

Muling ipinakita ng Diyos na ang mga tao ay dapat maging matapat sa kanya sa halip na sa mga kapangyarihan ng mga tao na nakikipagpaligsahan laban sa kanya.

► Ano ang isang halimbawa ng katulad na pagsubok sa katapatan na iyong naranasan o naobserbahan?

## **Takdang Aralin**

- (1) Takdang Aralin na Isusulat: Maghanda ng isang leksiyon o sermon mula sa isa sa mga talata ng Daniel. Huwag basta lamang sabihin ang kwento. Ipaliwanag ang kahalagahan ng kwento. Ipaliwanag ang mga tema ng eschatology at ipakita kung paano ito mahalaga sa kasalukuyan. Ipaliwanag kung ano ang dapat magawa ng kwento para sa ating pananampalataya.
- (2) Takdang Araling Babasahin: Bago ang susunod na sesyon sa klase, maingat na basahin ang Daniel 7-12.

# Leksiyon 7

## Ang Aklat ni Daniel (Ikalawang Bahagi)

### Note sa tagapanguna sa klase

*Maglaan ng ilang minuto upang pagbalik-aralan ang kahalagahan ng aklat ni Daniel. Hilingan ang ilang mag-aaral upang ipaliwanag kung ano ang kanilang natutuhan sa nakaraang sesyon sa klase.*

### Kabanata 7: Ang Pangitain ng mga Halimaw at mga Sungay

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pangitain ng apat na dambuhalang mga hayop at iba pang detalye. Ang mga hayop ay kumakatawan sa serye ng mga dakilang kaharian.

Tandaan, ang talatang ito ay naglalarawan sa parehong mga kaharian sa pangitain sa Kabanata 2, nguni't may ibang detalye.

#### Unang halimaw: Leon na May Pakpak

Inalis ang mga pakpak, tumayo ang leon na tulad ng isang tao at tumanggap ng puso ng isang tao. Kung ito ang kaharian ng Babilonia, ang pagbabagong nangyari sa leon ay maaaring tumukoy sa pagbabago ni Nebucodonosor.

#### Ikalawang Halimaw: Oso

Nilupig ng taga-Medes at mga Persyano ang imperyo ng Babilonia noong 538 B.C. Si Darius ay isang taga-Mede. Siya ay naitatag bilang gobernador ng Chaldea sa ilalim ng haring Persiyano na si Cyrus, na siyang tunay na emperador. Si Cyrus ay itinuring na tagapagligtas ng marami sa mga taga Babilonia, subali't hindi siya natutuwa sa pagpapabaya ni Nabonido sa relihiyon ni Marduk. Nagbigay ng kautusan si Cyrus na ang mga Judio ay pinapayagang bumalik sa kanilang tinubuang lupa (Ezra 1), bilang katuparan sa propesiyang sinabi ni Isaias (41:2, 25, 46:11, 48:15) 150 taon na ang nakalilipas.

#### Ikatlong Halimaw: Leopardo na May Apat na Ulo, at Apat na Pakpak

Nalupig ng imperyong Griego ang imperyong Medo-Persiano noong 330 B.C. Ito ay itinatag ni Alexander. Ang imperyo ay nahati-hati sa kanyang apat na heneral nang siya'y mamatay noong 323 B.C.

#### Ikaapat na Halimaw: Isang Halimaw na may 10 Sungay

Ang halimaw na ito ay may bakal na ngipin, na katumbas ng bakal na bahagi ng rebulto. Ang Roma ang imperyo pagkatapos ng Greece. Mayroon din itong mga kukong tanso (19), na pinagsama ang katangian ng naunang imperyong Greece. Nilupig ng Roma ang Macedonia, isang natitirang kapangyarihan ng Greece, noong 196 B.C.

Mayroong ikalimang halimaw na kumakatawan sa ikalimang seksiyon ng rebulto, subali't mula sa sampung sungay ng ikaapat na halimaw ay lumitaw ang isa pang sungay na naging isang dakilang hari. Kung ihahambing ang 10 sungay sa Pahayag 17:12, ang haring ito ay tila nagmula sa sinaunang kaharian ng Roma.

### **Ang Terminong *Antichrist***

Ang salitang ito ay ginamit sa 1 Juan 2:18, na tumutukoy sa mga propesiya sa isang taong tinatawag na Antichrist. Nagpatuloy si Juan na nagsasabing marami nang tao ang lumalaban kay Kristo, subali't hindi ito sumasalungat sa paghula na may isang partikular na Anticrist na darating sa hinaharap. May mga iskolar na naniniwala na ang taong iyon ang lalaki sa 2 Tesalonica 2:3-4 na humihingi ng pagsamba sa templo, ang taong maglalagay ng "kasuklam-suklam na nakasisira" na binanggit ni Hesus sa Mateo 24:15, ang taong ihinula sa Daniel 8:25 na lalaban sa Mesiyas, at ang halimaw sa Pahayag 13:4-8 na maghahari sa loob ng 3 ½ taon at humihingi ng pagsamba mula sa buong mundo.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 7:9-14, 22, at 27 para sa grupo.

Ilang obserbasyon:

- Verse 9: Ang pangitain ng Diyos ay katulad ng pangitain ni Kristo sa Pahayag 1, na tumutukoy sa puting buhok at apoy.
- Verse 10: Ang napakalaking bilang ng mga lingkod ay isang tanda ng pagiging maharlika at kapangyarihan .
- Verse 12: Ang mga sinaunang kaharian ay nagpapatuloy sa pag-iral, bagaman nawala na ang kanilang kapangyarihan.
- Verse 13: Ang pagtukoy na ito sa "Anak ng Tao" ang maaaring pinagkunan ni Hesus ng kanyang sinabi.
- Verse 14: Ang tema ng Daniel ay inulit dito: Ang kaharian ng Diyos ay ganap, pangwakas, at pangwalang hanggan.
- Verse 25: Isang partikular na hari ang magsisikap na baligtarin ang lahat ng nakatatag na awtoridad upang ilagay ito sa ilalim niya. Lalapastanganin niya ang Diyos, tulad ng inilarawan sa Pahayag. Ang kanyang kontrol ay tatagal ng 3 ½ taon. Ihambing ang paggamit ng salitang *panahon* sa Daniel 4:16, kung saan ito ay nangahulugan ng "taon"

### **Kabanata 8: Ang Pangitain ng Lalaking Tupa at ng Kambing**

Ang kabanatang ito ay nagbibigay ng dagdag na detalye tungkol sa paglilipat ng kapangyarihan mula sa isang imperyo patungo sa ibang imperyo, at pagkatapos ay inilalarawan ang mga pagkilos ng isang espesipikong hari sa hinaharap.



Ang lalaking tupa ay may dalawang sungay, at nagapi ng isang kambing na may isang sungay. Nang maging dakila na ang kambing, naputol ang sungay, at napalitan ito ng apat na sungay. Ang lalaking tupa ay ang imperyo ng Medo-Persian (20), at ang kambing ay ang Griegong imperyo (21). Ang apat na sungay ay ang apat na heneral na naghati-hati sa imperyo (22).

Mula sa isa sa apat na sungay, lumabas ang isang maliit na sungay (9). Itinaas ng taong kinakatawan ng maliit na sungay ang kanyang sarili sa langit at ipinatigil ang mga paghahandog sa templo. Lumipas ang 3 ½ taon bago nalinis ang templo at magsimulang muli nang paghahandog.

Si Antiochus ay isang hari na nagmula sa isa sa apat na heneral ni Alexander. Itinuring niya ang kanyang sarili na dios at nag-utos na siya ay sambahin. Naghandog siya ng isang baboy sa altar sa Jerusalem upang lapastanganin ito at itigil ang pagsamba doon. Lumaban sa kanya ang mga Judio, simula noong 168 B.C. Namatay sa labanan si Antiochus, at ang mga Judio ay muling naging isang independiyenteng bansa. Nagtagal ang labanan ng 3 ½ taon, pagkatapos dinalisay nila ang templo at nagsimulang magsagawa uli ng mga paghahandog.

Isang Prinsipyo ng Pagbibigay Kahulugan sa Biblia: Ang mga propesiya ay maaaring matupad ng higit sa isang beses lamang, at ang mga sumunod na katuparan ay mas kumpleto kaysa sa mga naunang katuparan. Halimbawa, tinupad ni Antiochus ang marami sa mga prediksiyon sa Daniel 7, gayunman sinabi ni Hesus na ang katuparan ay sa hinaharap pa (Mateo 24:15).

Ang propesiya ni Daniel ay malinaw na natupad ni Antiochus, subali't hindi ang lahat ng detalye. Sinabi ni Hesus na ang propesiyang ito ay sa hinaharap pa (Mateo 24:15). Tila tinutukoy rin ni Apostol Pablo ang parehong propesiya sa 2 Tesalonica 2:3-4. Sinabi ni Daniel na lalabanan ng taong ito ang Mesiyas (8:25). Malinaw, si Antiochus ay isang katuparan, subali't magkakaroon ng mas dakilang katuparan sa katapusan ng panahon.

### **Kabanata 9: Ang Pagiging Tagapamagitan ni Daniel at ang Sagot ng Diyos**

Natagpuan ni Daniel sa pag-aaral na ang pagiging bihag ay dapat tumagal lamang ng 70 taon. Lumipas na ang panahong iyon, kaya't siya'y nanalangin para sa pagpapanumbalik ng Jerusalem.

Ang panalangin ni Daniel ay isang panalangin ng pagsisisi bilang isang kinatawan ng kanyang bayan. Ito ay isang kahanga-hangang modelo ng tunay na pagsisisi.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 9:4-19 para sa grupo.

Ang panalangin ni Daniel ay naglalaman ng mga sumusunod na elemento:

- (1) Tayo ay nagkasala (nagkasala, nakagawa ng kawalang-katarungan, gumawa ng kabuktutan, nagrebelde, hindi nakinig, lumabag, sumuway, humiwalay). Tingnan ang mga talata 5-11.

- (2) Alam namin ang mas mabuti. Tingnan ang mga talata 5, 6, 10, 11, 12, at 13. Samakatuwid – lubos na nararapat lamang ang kaparusahan. Hindi gumawa ng anumang pagdadahilan si Daniel para sa kasalanan sa kanyang panalangin.
- (3) Makatarungan ang Diyos sa lahat ng kanyang mga ginagawa. Tingnan ang mga talata 7 at 14.
- (4) Nagliligtas ang Diyos. Tumutukoy ang talata 15 sa dakilang pagliligtas mula sa Egipto at sinasabi na maaaring gawin uli iyon ng Diyos.
- (5) Ang pagsamo ay hindi batay sa merito ng tao kundi sa biyaya ng Diyos (18).
- (6) Ang layunin ay hindi lamang ang biyaya ng Diyos kundi ang kaluwalhatian ng Diyos. (16-19)

Ang isang tunay na panalangin ng pagsisisi ay dapat maglaman ng mga elementong ito. Ang isang taong itinatangi ang kanyang mga kasalanan, nagbibigay ng mga dahilan o nag-iisip na may karapatan siyang tumanggap ng anumang bagay mula sa Diyos ay hindi nakauunawa sa pagiging seryoso ng kanyang kasalanan at hindi pa lubusang nagsisisi.

Ang panalangin ay nagbibigay din sa atin ng tuntunin para sa pangangaral ng ebanghelyo. Kapag nangangaral tayo tungkol sa pagsisisi, dapat nating ipaliwanag ang tunay na pagsisisi upang maayos na hanapin ng ating mga tagapakinig ang Diyos.

► Ano ang mga karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa pagsisisi ang inyong naobserbahan?

Isinugo si Gabriel upang higit na ipaliwanag ang plano ng Diyos ng pagpapanumbalik (talata 24-27). Ang buong proseso ay nangangailangan ng 70 "pito-pito". Inilista sa talata 24 ang mga dapat matupad. Hindi lamang ito para sa pag-uulit ng pagsubok ng Israel, na hindi maiwasan na matalo sa katapusan tulad ng mga ulit-ulit na nangyari sa Mga Hukom. Ito ang magiging katapusan ng kasalanan, lubos na pagbabayad-sala para sa muling pakikipagkasundo ng makasalanan sa Diyos, at pagtatanghal sa Mesiyas para sa kanyang walang hanggang kaharian.

Ang 70 pito-pito ay hindi lahat naganap nang walang pagitan. Mayroong 7, pagkatapos ay 62. Sa puntong ito naganap ang kamatayan ng Mesiyas. Pagkatapos, mayroong mahabang paghihintay hanggang sa huling 7.

Mayroong dalawang magkaibang pagbibigay-kahulugan sa talata 26-27.

- (1) Pagbibigay-kahulugan 1: Ang "prinsipeng darating" ay ang AntiChrist, na wawasak sa Jerusalem at sa templo. Makikipagtipan siya sa Jerusalem subali't sisira siya dito sa kalahatian ng panahon ng pitong taon. Gagawa siya ng karumaldumal na siyang magpapahinto sa pagsamba sa templo. Mauunawaan natin na ang "7" ay pitong taon, dahil sinasabi ng talata 27 na ang paghahandog ay magtatapos sa gitna ng 7. Alam natin mula sa 8:4 na ang paghahandog ay nagtapos ng 3 ½ taon.

(2) Pagbibigay-kahulugan 2: Ang “prinsipeng darating” ay ang Mesiyas na binanggit sa talata 25-26. Gagawing hindi mahalaga ang Jerusalem at ang templo ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng paglaganap ng ebanghelyo. Ang ministeryo ni Hesus ay 3 ½ taon. Ang krus ni Hesus ang karumaldumal (ayon sa mga Judio) na nagtatapos sa pagsamba sa templo. Ang ikalawang 3 ½ taon ay hindi literal na pagsukat kundi ang mga siglo ng ministeryo ng iglesya.

*Note sa tagapanguna sa klase: Maaaring maikling paghambingin at talakayin ng grupo ang dalawang pagbibigay kahulugan. Mas maraming impormasyon tungkol sa paksang ito ang tatalakayin sa leksiyon tungkol sa tribulation.*

### **Kabanata 10: Ang Pagdating ng Anghel**

Ang prediksiyon sa kabanatang ito ay para sa malayong hinaharap pa (1).

Ipinaliwanag ng anghel na ang sagot mula sa Diyos ay naaantala dahil sa paglaban ng mga masasamang espiritu.

Mayroong mga buktot na anghel na tinatawag na Prinsipe ng Persia (13) at ang Prinsipe ng Grecia (20). Si Michael ang anghel na nagtatanggol sa Israel (13, 12:1)

### **Kabanata 11: Hindi Pagkakasundo ng mga Hari sa Hinaharap**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 11:1-4 para sa grupo.

Ang talata 2 ay tinupad ni Xerxes, ang ikaapat na haring Persiano ng kanyang dinastiya. Siya ay isang lubhang mayamang hari na pinagkaisa ang mga pwersa laban sa Greece noong 480 B.C. subali’t natalo sa digmaan. Siya ang hari na tinawag na Ahasuerus sa aklat ni Ester.

Maaaring tumukoy ang talata 3-4 kay Alexander the Great ng Greece. Hindi niya nilabanan si Xerxes subali’t tinalo niya ang mga sumunod na haring Persiano. Ang kaharian ay hinati sa kanyang apat na heneral pagkatapos ng kanyang kamatayan, sa halip na ibigay sa kanyang kamag-anak.

Inilalarawan ng kabanata ang iba’t-ibang di pagkakasundo sa mga hari. Marami sa mga propesiyang iyon ay natupad sa sinaunang panahon. Hindi natin kinakailangang bigyang kahulugan ang lahat ng detalye sa kabanata.

“Ang Palestino ay hindi mapag-aalinlanganan na isang entablado ng makalangit na aksiyon. Subalit ang buong mundo at ang kalangitan ang tagpo ng mga huling gawain ng Diyos sa panahong ito. Ang punto na siyang nilalayan ng kasaysayan ay ang katuparan ng kaharian ng Diyos”.

- Roy Swim,

*Beacon Bible Commentary*

► Sama-samang tingnan ang talata 31.

Binabanggit ng talata 31 ang karumal-dumal na ilalagay sa templo, marahil ay isang dios-diosan. Ang talata 21-45 ay tungkol sa hari na maglalagay ng karumal-dumal. Karamihan

sa talatang ito ay tinupad ni Antiochus Epiphanes, subali't ang Antichrist ay maaaring ang ultimong katuparan ng mga detalye sa talata 31 at 36-39 (Mateo 24:15). Hindi susunod ang haring ito sa anumang nakatatag na relihiyon subalit itataas ang kanyang sarili na mas mataas sa lahat ng dios. Hindi siya magkakaroon ng mga babae, dahil tila mas mataas pa siya sa sangkatauhan. Sasamba siya sa isang dios ng kapangyarihan na hindi pinaglingkuran ng kanyang mga ninuno.

## **Kabanata 12: Ang Ilog ng Panahon**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Daniel 12 para sa grupo.

Tiyak na tumutukoy ang mga propesiyang ito sa mga huling araw. Binabanggit ng talata 2 ang muling pagkabuhay ng mga patay. Binabanggit ng talata 3 ang walang hanggang kaluwalhatian.

Ang mga paghahati sa panahon na tinataya sa 3 ½ taon ay binanggit na may kaugnayan sa karumaldumal na pagkawasak (7 at 11).

Sinasabing nakaselyo hanggang sa wakas ang mga propesiya sa aklat ni Daniel (4, 9) na nagpapahiwatig na ang mga ito ay hindi lubusang mauunawaan hanggang sa maging malapit na ang mga pangyayari sa predisyon. Maging si Daniel mismo ay nagsabi na hindi niya nauunawaan ang lahat (8).

Sa panahon ng mga pangyayaring ito maraming tao ang susubukin at dadalisayin, habang ang mga buktot ay magpapatuloy sa kabuktutan (10).

Naghahayag ang talata 10 ng layunin ng eschatology: hindi mauunawaan ng mga buktot ang nangyayari, subali't mauunawaan ng matatalino. Makikita ng mga nakaaalam sa Salita ng Diyos ang katuparan ng mga propesiya at magpalalakas sa kanilang pananampalataya.

► Kung ikaw ay nabubuhay sa panahon na natutupad ang mga propesiyang ito, ano ang pagkakaiba na magagawa nito sa iyo na malaman ang tungkol sa mga propesiyang ito?

## **Mga Takdang-Aralin:**

- (1) Mga Isusulat na Takdang-aralin: Maikling isulat kung ano ang kinakatawan ng mga sumusunod sa aklat ni Daniel: leon, oso, leopardo, lalaking tupa, kambing at ang halimaw na may sampung sungay.
- (2) Takdang Araling Babasahin: Bago ang susunod na sesyon sa klase, maingat na basahin ang Pahayag 1-5.

# Leksiyon 8

## Ang Aklat ng Pahayag (Unang Bahagi)

### Isang Aklat Tungkol kay Hesus

Ang mga unang salita sa aklat ay nagsasabi na ang aklat ay ibinigay upang ihayag si Kristo. Ang mga nilalaman ng aklat ay nagbibigay diin kay Kristo.

Si Hesus ang tagapamahala sa mundo na tumupad sa pagbabayad-sala. Sa pagbabalik ni Hesus ang bawat makasalanang lipi sa mundo ay masisindak. Siya ang simula at ang wakas; siya ang nagsimula ng lahat at magdadala sa mga ito sa kanilang hangganan. Siya ang Pinakamakapangyarihan.

Nakita ni Juan ang isang pangitain ni Hesus na may maraming detalyeng paglalarawan na binanggit uli sa kabuuan ng aklat. Siya ang may awtoridad na hindi matatanggihan.

Nagbigay si Hesus ng mga mensahe sa pitong iglesya. Ang kanyang awtoridad sa mga ito ay lubos. Alam niya ang lahat ng bagay tungkol sa kanila. Ibibigay niya ang putong ng buhay; wawasakin niya ang mga huwad na tagapagturo; hindi mapaglalaman ang kanyang pagbubukas at pagsasara ng mga pinto; at magbibigay siya ng kapangyarihan sa mga bansa. Siya ay nakaupo kasama ng Ama sa trono at ibinigay ang pribilehiyong iyon sa mga magtatagumpay.

Ang Kordero ang nag-iisang karapat-dapat na magbukas ng mga selyo ng Kasulatan. Ang aklat ay kumakatawan sa katuparan ng plano ng Diyos para sa mundo. Nagaganap ang mga pangyayari sa mundo na tila napakagulo at hindi mapigilan, subali't ang mga ito ay nagaganap habang binubuksan ni Hesus ang mga tatak, na nagpapakita sa lubusang kontrol ng Diyos.

Ang lahat ng makasalanang ay nagsikap na magtago nang lumitaw si Hesus. Ang hukbo ng Diyos na pinangungunahan ni Kristo ay dumarating upang sakupin ng mundo. Ang mga martir ay muling bubuhayin upang maghari kasama ni Kristo.

Ang pangunahing layunin ng aklat ng Pahayag ay ihayag si Hesus sa kanyang ultimong tagumpay habang ang kanyang kaharian ay nagiging kumpleto sa buong mundo.

### Prinsipyo ng Pagbibigay Kahulugan sa Biblia

Ang ating paggamit ng isang aklat sa Biblia ay dapat laging pinakabigyang diin kung ano ang pinakabinigyang-diin ng sumulat. Mapagtatanto ng isang tao na tumitingin sa Pahayag ng mga prediksyon sa mga huling araw na siya ay lumalampas sa maraming talata na hindi naglalaman ng mga prediksyon. Ang mga pangitain tungkol kay Kristo ay pundasyon ng aklat na ito.

► Paano ipinapakilala ng aklat ng Pahayag si Hesus nang naiiba sa apat na Ebanghelyo?

### **Isang Aklat Tungkol sa Katapusan**

May mga tao na naniniwala na ang aklat ng Pahayag ay hindi propesiya ng mga tunay na pangyayari, kundi simpleng mga simbolikong paglalarawan ng tagumpay ni Kristo. Gayunman, sinasabi ng aklat na ito ay isinulat upang ihayag ang mga bagay sa hinaharap (1:1). Sinabi kay Juan na isulat “ang mga bagay na iyong nakita, ang mga bagay na kasalukuyan, at ang mga bagay na mangyayari pagkatapos nito” (1:19). Samakatuwid, ang mga simbolo ay tumutugma sa mga tunay na pangyayari.

May mga taong naniniwala na ang aklat ng Pahayag ay hindi naglalaman ng maraming propesiya ng mga huling panahon. Naniniwala sila na karamihan sa mga ito ay natupad agad pagkatapos na ito ay maisulat o sa mga sumunod na daang taon. Ang pananaw na ito kung minsan ay tinatawag na “preterist” view.

May dahilan kung bakit maaaring isipin na ang aklat ng Pahayag ay hindi pa lahat natutupad. Sa bandang dulo ng aklat matatagpuan natin ang mga sumusunod na pangyayari: Iginapos si Satanas sa loob ng 1,000 taon; muling binuhay ang mga martir upang magharing kasama ni Hesus; ang lahat ng tao ay muling binuhay at hinatulan; at isang bagong langit at lupa ang nilikha. Ang mga ito ay mga pangyayaring malamang na malapit sa katapusan ng panahon.

Kaya nga, bakit sinasabi ng aklat na ito ay humuhula ng mga bagay na “malapit nang maganap” (1:1)? Bakit sinasabi nito na “malapit na ang panahon” (1:3)? Ang ilan sa mga pangyayari ay nasa malapit na hinaharap, tulad ng mga prediksiyon tungkol sa pitong iglesya sa Kabanata 2 at 3. Sa ibang pananaw, ang panahon ng iglesya, na maaaring kasama ang pag-uusig at paglaban kay Kristo, ay nagsimula na.

Sa araw ng Pentekostes, tinukoy ni Pedro si Propeta Joel na nagsabi na ang Banal na Espiritu ay ibubuhos bago ang araw ng paghuhukom ng Diyos. Bagaman magkakaroon ng mahabang panahon hanggang sa paghuhukom, kinikilala ni Pedro na ang pagdating ng Espiritu sa araw ng Pentekostes ay ang simula ng panahong iyon. Tingnan ang Mga Gawa 2:16-20.

Ang mga pangyayari sa aklat ng Pahayag ay hindi sa isang sukat ng panahon lamang. Ang Pahayag 12:1-5 ay tumutukoy sa kapanganakan ni Hesus. Ang Kabanata 2 at 3 ay nagbibigay ng mga prediksiyon tungkol sa espesipikong mga lokal na iglesya na umiiral sa panahong iyon. Ang mga kabanatang pangwakas ay nagsasalita tungkol sa mga bagay na kinakailangang maganap malapit sa wakas ng panahon. Maaaring may mga katuparan nang naganap sa ilang mga propesiya na magkakaroon ng mas higit, ultimong mga katuparan sa wakas ng panahon (tulad ng propesiya ni Daniel na tinupad ni Antiochus gayunman ay sinabi ni Hesus na magaganap pa sa hinaharap.)

Ang aklat ng Pahayag ay aklat ng mga konklusyon. Winawakasan nito ang Biblia, at winawakasan nito ang mahabang kasaysayan ng proseso ng kaligtasan. Halimbawa, ang kwento ng kaligtasan ay nagsisimula sa pagkawala ng puno ng buhay (Genesis 3: 22-23) at nagtatapos sa pagpapanumbalik sa puno ng buhay (Pahayag 22:2), paanyaya sa tubig ng buhay, at mga pangalang nakasulat sa Aklat ng Buhay. Ang kwento ay nagsisimula sa sumpa ng kapighatian (Genesis 3:16-17) at nagtatapos sa katapusan ng lahat ng kapighatian (Pahayag 21:4). Ang kwento ay nagsisimula sa pagkahiwalay sa Diyos (Genesis 3:8, 24) at nagtatapos sa bayan ng Diyos sa kanyang presensiya (Pahayag 21:3 at 22:4)

Maaari rin nating pansinin na si Hesus, ang sentro ng kwento ng kaligtasan, namatay sa isang puno (1 Pedro 2:24), ay isang lalaki ng kalungkutan (Isaias 53:3), at siya "ang Diyos na kapiling natin" (Mateo 1:23). Ang aklat ay tinawag na "Ang Kapahayagan ni Kristo Hesus."

► Paano nagsisilbing konklusyon o pagwawakas ng Biblia ang aklat ng Pahayag?

### **Ang Istruktura ng Aklat ng Pahayag**


Ang isang pangkalahatang balangkas ng aklat ay ibinigay sa 1:19: "Ang mga bagay na iyong nakita" ay ang pangitain ni Juan kay Kristo. "Ang mga bagay sa ngayon" ay mga mensahe sa pitong iglesya. "Ang mga bagay sa hinaharap" ay ang mga propesiya sa hinaharap. Ang Kabanata 4-5 ay ang introduksiyon sa mga propesiya sa hinaharap (tingnan ang 4:1). Ang mga propesiya para sa hinaharap ay nagsisimula sa Kabanata 6.

Isa sa pinakadakilang hamon sa pag-unawa sa aklat na ito ay ang pagkakasunod-sunod ng pagkakarawan ng mga pangyayari. Malinaw na ang mga ito ay hindi inilarawan sa isang diretsong pagkakasunod-sunod mula sa simula hanggang sa katapusan ng aklat.

Tatlong serye ng mga pangyayari ang inilarawan: pitong selyo, pitong trumpeta, at pitong mangkok. Ang tatlong serye ay tila hindi nangyayari nang sunod-sunod, na tila ang mga ito'y isang serye na binubuo ng 21 pangyayari. Sa halip, walang ginawa ang ikapitong selyo kundi ang ipakilala ang pitong trumpeta; samakatuwid, maaaring ang pitong trumpeta ang nilalaman ng ikapitong tatak (8:1-2).

Pagkatapos ng ikapitong trumpeta (11:15-19) ay ang ilang talata na naglalarawan ng mga bagay na nagaganap sa mga panahong iyon, hindi tiyakang ayon sa pagkakasunod-sunod, kundi bilang mga isinama na seksiyon (kabanata 12-14). Ito ay tila ba ang pagkakasunod-sunod ay saglit na itinigil habang tinitingnan natin ang ilang bagay na magaganap sa panahong iyon.

Pagkatapos ay dumating ang pitong mangkok, na malinaw na binanggit bilang ang poot ng Diyos. (15:1). Ang mga ito ay ipinakilala sa kabanata 15 at ibinuho sa kabanata 16. Waring sa panahong ito, wala na sa mundo ang mga Kristiyano, dahil sila ay nasa langit, sa dagat na kristal, at may mga alpa. (15:2).



Ang mga **selyo** ay ang mga kumpletong panahon ng pahayag.

Ang mga **trumpeta** ay ang mga bagay na magaganap nang buksan ang ikapitong tatak.

Ang mga **mangkok** ay ang poot ng Diyos na ibinuhos sa lupa pagkatapos ng ikapitong trumpeta

Sa Mateo 24-25 mayroon tayong isa pang halimbawa ng isang serye ng mga pangyayari na inilarawan ayon sa pagkakasunod-sunod, pagkatapos ay may ilang paglalarawan ng mga bagay na mangyayari sa panahon ng seryeng iyon. Mayroon tayong isang kabanata na ayon sa pagkakasunod-sunod sa panahon ng pangyayari (Kabanata 24), pagkatapos ay isang kabanata ng mga talinhaga (kabanata 25) na naglalarawan ng iba't-ibang aspeto ng mga bagay na mangyayari sa panahong iyon.

### **Balangkas ng Aklat ng Pahayag**

*Note sa tagapanguna sa klase: Maaaring may isang bumasa ng mga titulo ng mga talata para sa grupo upang makalikha ng interes sa nilalaman ng Pahayag. Hindi pa kinakailangang talakayin ang nilalaman ng mga talata.*

- I. Introduksiyon at Pangitain ni Hesus (1)
- II. Mga Mensashe sa Pitong Iglesya (2-3)
- III. Ang Tagpo sa Trono ng Diyos (4)
- IV. Ang Aklat at ang Kordero (5)
- V. Ang Pitong Selyo (6:1 - 8:1)
- VI. Ang Pitong Trumpeta (8:2 - 11:19)
- VII. Ang Babae at ang Dragon (12)
- VIII. Ang Halimaw at ang kanyang Marka (13)
- IX. Ang Mga Natira sa Langit (14:1-5)
- X. Ang Tatlong Anghel na Nagpapahayag (14:6-13)
- XI. Ang Dalawang Pag-aani (14:14-20)
- XII. Ang Pitong Mangkok (15-16)
- XIII. Ang Babilonia at ang Kanyang Pagbagsak (17-18)
- XIV. Ang Pagdating ni Kristo (19)
- XV. Ang Millennium at ang Huling Digmaan (20:1-10)
- XVI. Ang Huling Paghuhukom (20:11-15)
- XVII. Ang Bagong Jerusalem (21:1 - 22:5)
- XVIII. Pangwakas na mga Pangaral (22:6-21)



## Ang Mga Simbolismo sa Pahayag

Ang ilan sa mga simbulo sa Pahayag ay ginamit sa ibang bahagi ng Biblia.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 12:1, pagkatapos ay ang Genesis 37:9 para sa klase.

Ang paghahambing sa dalawang talatang ito ay nagpapakita sa atin na ang Pahayag 12:1 ay tumutukoy sa Israel. Siyempre, ang isa pang tanda ng kanyang pagkakakilanlan sa talata ay ang sinabi na siya ang nagluwal sa Mesiyas.

### Prinsipyo sa Pagbibigay kahulugan sa Biblia

Ang isang mas huling sumulat sa Biblia ay maaaring gumamit ng isang simbolo na ginamit na ng isang mas unang sumulat sa Biblia. Ang mas unang paggamit ay makakatulong sa atin na maunawaan ang mas huling paggamit nito. Subali't hindi ito maaaring ituring na isang lubusang tuntunin para sa lahat ng simbolong ginagamit sa Biblia. Ang hangin ay tumutukoy sa Banal na Espiritu sa Ezekiel 37:7, 14, Juan 3:8, at Mga Gawa 2:2. Gayunman, ang lebadura ay tumutukoy sa kasalanan sa 1 Corinto 5:8, maling doktrina sa Mateo 16:6, at ang paglaganap ng kaharian ng Diyos sa Mateo 13:33.

Maraming simbolo sa Pahayag ang ipinaliwanag sa mismong aklat kung kaya't hindi natin kailangang manghula.

► Para sa isang halimbawa ng mga simbolong ipinaliwanag sa aklat, sama-samang tingnan ang Pahayag 1:20.

Ang aklat ay tila mahirap maunawaan, subalit ang sumulat ay naglalayon na magpahatid ng isang mensahe, at ang Diyos ay naglayon na magpahayag sa pamamagitan ng aklat na ito. Maaari nating maunawaan ang katotohanang ipinahayag sa Pahayag.

## Sipi I: Introduksiyon at Pangitain ni Hesus (Kabanata 1)

► Dapat basahin ang isang mag-aaral ang Pahayag 1 para sa grupo.

Ang aklat ay ang Pahayag ni Kristo Hesus. Nagsisimula ito sa pangitain ni Juan kay Kristo at inilalarawan ang ultimong tagumpay ni Kristo sa buong mundo.

Ang pangitain ni Juan kay Hesus ay puno ng mga simbolo. Ang mga simbolo sa pangitain ni Hesus ay nakikita sa buong aklat, lalo na sa mga mensahe sa pitong iglesya.

Notes sa mga espesipikong talata:

- Verse 4: Pito ang biblikal na bilang ng lubusang ganap. May mga iskolar na naniniwala na ang Banal na Espiritu ay tinawag na "seven-fold" na Espiritu dito. Ang iba naman ay naniniwala na ang mga salita ay tumutukoy sa pitong anghel, dahil ang mga anghel ay mga espiritu.

- Verse 5: Si Hesus ay tinawag na “prinsipe ng mga hari sa mundo.” Ito ay mahalaga sa tema ng eschatology – ang katotohanan na ang Diyos ay nagtataglay ng ultimong kontrol kahit na ang mga tagapamuno sa mundo ay nagrebelde laban sa kanya.
  - Verse 6: Tayo ay maghaharing kasama niya, bagaman ang kaharian ay hindi pa lubusang dumarating. Maaaring tila hindi tayo mahalaga sa sistema ng mundong ito, subali’t tayo ay magiging tagapamuno sa kaharian sa hinaharap.
  - Verse 7: Ang mundong tumanggi kay Kristo ay matatakot kapag dumating siya upang maghukom.
  - Verses 8, 11, 17-18: Sa mga talatang ito, kinilala si Hesus bilang Diyos. Ang pagbibigay-diin sa “ang simula at ang wakas,” na binanggit ng tatlong beses, ay nagpapakita sa kontrol ng Diyos sa kasaysayan. Siya ang nagsimula sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng paglikha, at wawakasan niya ang panahong ito sa paghatol at sa pagtatatag ng kanyang kaharian.
  - Verse 13: Madalas na tinatawag ni Hesus ang kanyang sarili na “Anak ng Tao.” Ang terminong *Anak ng Tao* ay marahil isang pag-uugnay sa paggamit ng salitang iyon sa Daniel 7:13.
  - Verse 14: Ang buhok na kasimputi ng balahibo ng tupa at ang pagtukoy sa apoy ay tulad ng paglalarawan sa Diyos sa Daniel 7:9-10.
  - Verse 16: Ang espada ay sumisimbolo sa kapangyarihan ng kanyang mga salita. Ihambing ito sa 19:21.
  - Verse 18: Ang pagmamay-ari sa mga susi ay isa pang pagbibigay-diin sa kanyang lubusang kapangyarihan.
  - Verse 19: Ang talata na ito ay isang pangkalahatang balangkas ng aklat. Kung ano ang nakita ni Juan ay nasa kabanata isa; ang kasalukuyang mga kalagayan ay tinalakay sa kabanata 2-3; at ang mga bagay sa hinaharap ay nasa mga natitira pang mga kabanata (tingnan ang 4:1).
  - Verse 20: Ipinaliwanag ang ilawan at mga bituin. Ang mga anghel sa mga iglesya ay malamang na ang mga pastor, dahil ang salitang *anghel* ay maaaring mangahulugan ng mensahero. Hindi talagang magiging wasto ang kahulugan kung ang mga sulat ay ipadadala sa mga anghel sa langit. Sa 22:8-9, ang isang taong tinukoy bilang isang propeta ay tinawag din bilang anghel.
- Maikling ilista ang ilang bagay na sinabi tungkol kay Hesus sa kabanatang ito.

## Sipi II: Mga Mensahe sa Pitong Iglesya (Kabanata 2-3)

Ang mensahe sa bawat iglesya ay iniukol sa “anghel” ng bawat iglesya, na marahil ay tumutukoy sa pastor. Ang salitang *anghel* ay nangangahulugan ng mensahero, at kung minsan ay tumutukoy sa isang tao sa Kasulatan (tingnan ang Pahayag 22:8-9).

Ang mga mensahe sa pitong iglesya ay mailalapat sa iglesya sa lahat ng lugar sa alinmang panahon, katulad lang ng alinmang ibang liham sa Bagong Tipan. Walang dahilan upang isipin na ang pitong iglesya ay kumakatawan sa pitong panahon ng kasaysayan ng iglesya. Hindi umaakma nang maayos ang mga ito sa mga panahong pangkasaysayan, at walang palatandaan sa aklat na nilalayan ni Juan ang gayung pagbibigay-kahulugan.

Ang buong aklat ng Pahayag ay isinulat una para sa mga mananampalataya na nabuhay sa panahong iyon, bagaman ang mga prediksiyon tungkol sa wakas ng panahon ay hindi matutupad sa kanilang kapanahunan. Ang mga Kristiyano sa alinmang panahon ay dapat mamuhay nang naaayon sa ultimong tagumpay ng kaharian ng Diyos. Hindi mahalaga kung ito ay darating sa ating kapanahunan o hindi; nais nating nasa tamang panig tayo, nabubuhay para sa mga prayoridad na pangwalang-hanggan.

► Bakit mahalaga ang mga propesiya tungkol sa mga huling araw sa mga taong nabuhay sa isang panahon na matagal pa bago matupad ang mga propesiyang nabanggit?

### Ang Malayong Hinaharap Ay Nagbibigay ng Lakas sa Kasalukuyan

Ang aklat ng Hebreo ay isinulat upang palakasin ang loob ng mga Kristiyanong Judio na pinag-uusig. Ginamit ng sumulat ang eschatology upang palakasin ang kanilang loob upang magtiis, kahit na hindi nila makikita ang katuparan ng mga pangyayari sa panahon ng kanilang natural na buhay. Ipinakita niya na ang mga tao sa nakalipas na panahon ay may pananampalatayang nagtiis alang-alang sa mga bagay na hindi nila makikita. Halimbawa, namuhay si Abraham sa buong buhay niya sa mga tolda, naghihintay para sa isang lungsod na may mga pundasyon, na itinatag ng Diyos. (11:10). Maraming taong nanampalataya ang nag-iwan sa kanilang lupang sinilangan, na naghihintay ng bayang makalangit (11:16). Inilarawan niya ang mga nagtiis ng mabibigat na pagsubok at namatay sa pananampalataya, nang hindi nasasaksihan ang katuparan ng mga pangako ng Diyos, gayunman ay maligaya sila dahil sa pagkaalam na ang mga pangako ay matutupad (11:39-40). Sinabi niya sa mga Kristiyanong Judio na darating ang panahon kapag ang langit at ang lupa ay mauuga, at lahat ng sannilikha ay maglalaho, subali't sila'y dapat maging matapat sa paghihintay para sa isang kaharian na hindi maglalaho (12:26-28). Sa Kabanata 13, ang salitang *samakatuwid* ay madalas na ginagamit, na tumuturo sa mga dahilan para sa ating matapat na pagtitiis. Sinabi niya na sa mundo ay wala tayong permanenteng lunsod, subali't tumatanaw tayo sa isang darating (14).

Hindi natin pag-aaralan ang mga mensahe sa pitong iglesya sa kursong ito. Gayunman, ang mga ito ay mahalaga sa pag-aaral at pagsasabuhay katulad ng ibang mga sulat sa mga iglesya sa Bagong Tipan.

## **Paano pag-aaralan ang mga mensahe sa pitong iglesya**

Sa bawat mensahe ay pansinin kung paano kinilala si Hesus, ang pinapupurihan sa bawat iglesya, ang mga pagpuna sa bawat iglesya, ang mga espesyal na pangyayari, ang ibinigay na utos at ang ibinigay na pangako.

### **Sipi III: Ang Tagpo sa Trono ng Diyos (Kabanata 4)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 4 para sa grupo.

Ipinapahayag ng talata 1 na ang mga prediksiyon sa hinaharap ay malapit nang magsimula. Ang pangitain na ang Diyos at ng kanyang trono ay ibinigay upang ipakita ang pananaw ng mga propesiya. Ang mga pangyayari sa lupa ay hindi mula sa pananaw ng isang tao sa lupa na nagsisikap na mabuhay. Ang pananaw ay ang trono ng Diyos.

Ang pangitain tungkol sa Diyos ay nagpapakita na karapat-dapat siya sa pagsamba ng kanyang buong sannilikha. Binibigyang diin ng kabanata na ang Diyos ay may lubos na kapangyarihan at awtoridad sa kanyang nilikha. Ang pagkaunawang ito ang pundasyon ng eschatology. May karapatan ang Diyos na gawin kung ano ang kanyang pinipili sa kanyang nilikha, at ang kanyang kapangyarihan ay hindi magagapi.

Ang 24 na matatanda ay kumakatawan sa kabuuang bayan ng Diyos (mula sa mga Judio at mga Gentil), dahil ang bilang na 12 ay ginamit sa Israel at sa iglesya. Tila pinatotohanan ito ng 5:8-9. Hindi ito nangangahulugan na ang lahat ng mananampalataya ay nasa langit sa simula ng panahong ito; nangangahulugan lamang ito na sila ay kinakatawan doon.

Ang mga halimaw ay may mga detalye na maihahambing sa mga halimaw sa Ezekiel 1: 5-11.

Madalas na binabanggit ang trono ng Diyos sa kabuuan ng aklat.

► Subukin ninyong isipin kung paano mauunawaan ng isang tao ang paghihirap at kaguluhan sa mundo kung hindi niya nalalaman ang tungkol sa trono ng Diyos. Ano ang magiging pilosopiya niya sa buhay? Paano naiiba ang Kristiyano dahil sa pagkaalam niya sa kapangyarihan ng Diyos?

### **Sipi IV: Ang Aklat at ang Kordero (Kabanata 5)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 5 para sa grupo.

Naglalarawan ang sipi ng isang aklat na dapat buksan. Hindi pinangalanan kung sino ang sumulat, subali't masasabi natin na ang Diyos ang naghanda ng aklat. Sa pangitain, ang aklat ay nasa kamay ng Diyos.(7). Sa sinaunang panahon, ang huling habilin ng isang tao ay isinusulat sa isang kasulatan at tinatatakan ng pitong tatak. Ang aklat ay kumakatawan sa kaharian ng Diyos, ang kanyang pamana sa kanyang bayan.

Ang pitong tatak ay dapat buksan bago mabuksan ang aklat; samakatuwid, ang mga tatak ay kumakatawan sa buong huling mga araw o apocalypse, ang mga pangyayari rito at ang mga resulta. Ang apocalypse ay ang kinakailangang proseso upang ihatid ang kalooban ng Diyos na inilarawan sa aklat.

Ang pagsira sa mga tatak at pagbubukas sa aklat ay nangangahulugan na ang lahat ay mangyayari. Tanging ang Kordero ang karapat-dapat na magbukas ng aklat. Karapat-dapat siya dahil sa kanyang ginawang pagbabayad-sala (9-10). Dahil siya ay kapwa tao at Diyos, at nagawa niya ang kaligtasan para sa mga taong hindi na hahatulan, siya lamang ang tanging tao sa sanlibutan na karapat-dapat na maging *agent* ng paghatol ng Diyos at kaligtasan sa panahong ito.

Dapat nating tingnan ang mga huling araw hindi lamang bilang mga kilos ng mga tao o natural na mga kalamidad; ang mga huling araw ay ang prosesong maghahatid sa walang hanggang kaharian ng Diyos.

Ang pagiging lubos na pagka Diyos ni Hesus ay ipinakita sa pagsamba na lubusang kapantay sa pagsambang ibinigay sa Ama (12-13). Ang pinakadakilang pagsamba na maaaring isipin ay ibinigay sa kanya katulad lang ng ibinigay sa Ama.

“ Hindi malalaman kung ano ang nilalaman ng aklat na iyon (ang kasulatan) hanggang hindi ito nalalaman sa mga kapangyarihan at awtoridad sa mga makalangit na lugar, sa pamamagitan ng Iglesia, ang iba’t-ibang bahagi ng karunungan ng Diyos [Efeso 3:10]” - Henry Alford, The New Testament for English Readers

Si Hesus ang magiging pangunahing tauhan sa buong aklat (ang Pahayag ni Kristo Hesus), kaya’t mahalaga sa mambabasa na maunawaan na ang awtoridad na inilarawan sa 4:11 ay lubusan ding mauukol kay Hesus. Dumarating siya bilang ang matuwid at hindi nakikitang Panginoon sa buong mundo.

Iniiisip ng mga tao ang huling araw bilang isang nakakakilabot na oras na hindi dapat mangyari. Gayunman, ang tunay na trahedyang ay kung ang mundo ay magpapatuloy nang wala ang huling mga araw. Umiyak ng matindi si Juan nang tila walang sinumang maaaring magbukas ng aklat (4).

► Bakit posibleng isipin na ang panahon ng mga huling araw ay kinakailangan?

## **Mga Takdang-Aralin**

- (1) Takdang-Araling Isusulat: Ipaliwanag ang pagkakasunod-sunod sa panahon ng aklat ng Pahayag. Hindi ito nangangahulugan na dapat mong ilista ang lahat ng pangyayari nang sunod-sunod. Paano isinaayos ang aklat? Sa halip na isipin na ito ay sunod-sunod sa panahon mula simula hanggang sa wakas, paano natin ito dapat harapin?
- (2) Takdang-Araling Babasahin: Bago ang susunod na sesyon sa klase, maingat na basahin ang Pahayag 6-22.

# Leksiyon 9

## Ang Aklat ng Pahayag (Ikalawang Bahagi)

### Note sa tagapanguna sa klase

*Pagbalik-aralan ang kahalagahan ng Pahayag.*

### Sipi V: Ang Pitong Tatak (6:1 - 8:1)

Ang pitong tatak ay tila nagbibigay ng isang pagtanaw sa buong panahon ng mga huling araw. Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ay tila tumutugma sa ibinigay ni Hesus sa Mateo 24.

Binigyang diin ang pag-uusig pagkatapos ng ikalimang tatak, na tumutugma sa nalalaman natin tungkol sa ikalawang kalahati ng kapighatian. Ang mga tanda sa kalangitan na ibinigay pagkatapos ng ikaanim na tatak ay tumutugma sa ibang mga talata na naglalarawan sa mga tandang iyon sa katapusan. (Mateo 24, Mga Gawa 2).

Habang binubuksan ang bawat isa sa apat na tatak, dumarating ang isang lalaking nakasakay sa kabayo. Ang pagkakakilanlan sa mga nakasakay ay hindi inihayag at hindi mahalaga sa paglalarawan. Ang mga mangangabayo at mga kabayo ay kumakatawan sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

Ang **unang tatak** ay nagpapakita ng isang puting kabayo. Ang sakay nito ay may pana at korona. Ipinalalaganap niya ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng pananakop.

Ang **ikalawang tatak** ay nagpapakita ng pulang kabayo. Nagtatapos ang kapayapaan. Mayroon siyang dakilang espada, na maaaring kumatawan sa isang modernong sandata o isang malaking kapangyarihang militar.

Ang **ikatlong tatak** ay nagpapakita ng isang itim na kabayo. Ang sakay nito ay may timbangan na katulad ng ginagamit sa pagtitinda ng pagkain. Pagkatapos ay dumating ang matinding taggutom.

Ang **ikaapat na tatak** ay nagpapakita ng isang maputlang kabayo. Ang sakay nito ay tinatawag na kamatayan.  $\frac{1}{4}$  ng populasyon ng mundo ang namatay.

Ang **ikalimang tatak** ay nagpapakita ng isang pangitain ng mga taong namatay bilang mga martir. Nagsimula ang matinding pag-uusig.

Sa **ikaanim na tatak** ay ang lindol, nagdilim ang araw, nagmukhang dugo ang buwan, nahulog ang mga bituin, bumukas ang langit, nagtago sa Diyos ang mga makasalanan, at dumarating ang poot ng Diyos. Ang paglalarawang ito ay muling nakita sa ibang bahagi sa Biblia at tumutukoy sa wakas ng panahon, kapag dumating na sa mundo ang poot ng Diyos. Kabilang sa mga halimbawa ang Mateo 24:29-30, Marcos 13:24-26, at Lucas 21:25-28.

Ang kabanata 7 ay isang paglalarawan na isiningit sa pagitan ng ika-anim at ikapitong tatak. Itinigil pansamantala ang mga pangyayari, na isinisimbulo ng tumigil na hangin (7:1) Ang paghinto ay upang matatakan ang mga lingkod ng Dios, labindalawang libo mula sa bawat lipi ng Israel. Ang tatak ay isang marka ng pag-aari ng Diyos, upang sila ay protektahan mula sa poot ng Diyos (ihambing sa Ezekiel 9: 4-6). Ang grupong ito ay maaaring tawaging "ang mga natira". Ang mga natira ay ang mga Israelita na tunay na sumusunod sa Diyos. Sila ay ililigtas mula sa pagkawasak at magiging ang bago, dinalisay na bayan. Sinasabi ng Roma 11:26 na ang buong Israel ay maliligtas. Hindi ito nangangahulugan na ang bawat Judio ay maliligtas, kundi ang mga nakaligtas sa bansa ay magiging mga mananampalataya, na gagawing isang bansang Kristiyano ang Israel.

Pagkatapos isang hindi mabilang na tao mula sa buong daigdig ang nakita sa langit. Hindi ito ang parehong grupo, dahil ang unang grupo ay may bilang. Ang mga ito ay mula sa lahat ng grupong etniko sa daigdig. Nagtiis sila mula sa dakilang kapighatian. Ito ang pandaigdigang iglesya. Malaki ang pagkakatulad ng mga talata 15-17 sa 21:1-4. Ang mga Kristiyanong ito ay nasa langit, at tapos na ang kanilang paghihirap.

### **Mga mahihirap na Katanungan**

May mga tanong na hindi madaling sagutin. Ano ang kahalagahan ng 12 x 12? Kumakatawan ba ito sa kumpletong natira sa Israel sa halip na isang literal na bilang? Paano naman ang katotohanan na karamihan sa mga lipi ay nawala na sa kasalukuyan? Literal ba na magkakaroon ng libo libo mula sa bawat lipi, o ito ay isa lamang simbolo? Bakit agad agad na nakita sa langit ang mga Israelita matapos na tatakan? Ang 144 na libo ba ay tinatakan para sa proteksiyon sa daigdig sa pamamagitan ng isang bagay na hindi na pagdaraan ng iglesya?

Sa **ikapitong tatak** nagkaroon ng katahimikan sa loob ng kalahating oras. Walang nangyari agad agad, maliban sa nakita ni Juan ang pitong anghel na may trumpeta. Malinaw na ang pitong trumpeta ay naghahayag sa mga mangyayari pag-aalis ng ikapitong tatak.

### **Sipi VI: Ang Pitong Trumpeta (8:2 - 11:19)**

*Note sa tagapanguna sa klase: Hindi kinakailangang basahin nang grupo ang buong talatang ito nang sama sama. Maaaring piliin ang mga seksiyon para sa pagsubok at talakayan habang pinag-aaralan ng grupo ang impormasyon sa ibaba.*

Ipinapahayag ng pitong trumpeta ang mga pangyayari sa ikapitong tatak.

Bago ang mga trumpeta, isang sunugan ng insenso na naglalaman ng mga panalangin ng mga banal ang ibinuhos sa daigdig. Ang mga panalangin para sa pagdating ng kaharian ng Diyos ay malapit nang matupad.

Ipinahayag ng mga trumpeta ang mga gawa ng Diyos. Ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng bagay na nangyayari sa mga huling araw, subalit sa kabuuan ng panahong iyon, ang mga gawa ng mga masasama ay nagiging daan din ng mga kundisyon sa mundo.



Ipinapahayag ng mga trumpeta ang mga pangyayari na malinaw na makapangyarihang mga gawa ng Diyos.

**Unang Trumpeta:** Ulan ng yelo, apoy at dugo ang nahulog sa mundo, na pumatay sa karamihan sa mga pananim.

**Ikalawang Trumpeta:** Isang nagliliyab na bundok ang nahulog sa dagat. 1/3 ng dagat ang naging dugo. 1/3 ng mga nilalang sa dagat at mga bangka ang nawasak.

**Ikatlong Trumpeta:** Isang nagliliyab ng bituin ang nahulog sa mga ilog. 1/3 ng tubig ang nalason.

**Ikaapat na Trumpeta:** 1/3 ng liwanag mula sa araw at mga bituin ang nagdilim.

**Ikalimang Trumpeta:** Lumabas mula sa walang hanggang kalaliman na mukhang mga balang at kumakagat na tila mga alakdan. Pinahirapan nila ang mga tao sa mundo sa loob ng limang buwan. Pinangunahan sila ni Apollyon, isang masamang anghel. Sinikap ng mga tao na patayin ang kanilang sarili subali't hindi nila magawa.

**Ikaanim na Trumpeta:** Apat na anghel ang pinalaya sa Ilog Eufrates na naging dahilan upang isang hukbo ng 200 milyon ang umatake sa mga tao sa mundo. 1/3 sa buong populasyon ang namatay. Hindi nagsisi ang mga nakaligtas.

Ang Kabanata 10 ay isang idinagdag na paglalarawan ng isang anghel na nagpapahayag ng katapusan ng panahon. Sinasabi ng sipi na sa mga pangyayari sa ikapitong anghel, ang mga huling propesiya ay matutupad. (10:7).

Ang Kabanata 11: 1-13 ay isa pang idinagdag na paglalarawan. Sinakop ng mga Hentil ang Jerusalem sa loob ng 42 buwan, at dalawang saksi ang nangaral sa Jerusalem sa parehong panahon. Hindi ito nangangahulugan na ang panahong ito ay naganap sa pagitan ng ikaanim at ikapitong trumpeta. Ito ay isang ipinasok na paglalarawan ng ikalawang bahagi ng pitong taon na panahon ng kapighatian.

Ang mga saksi ay mahimalang iningatan ng Diyos hanggang sa ang kanilang ministeryo ay matapos, pagkatapos sila ay pinatay, ngunit muling binuhay at dinala sa langit. Hindi ibinigay ang kanilang mga pangalan. May mga naniniwala na sila ay sina Moises at Elias dahil sa klase ng mga himala na kanilang ginawa (11:6). Ang pinakasimpleng paliwanag ay: sila ay dalawang mananampalataya na naninirahan sa mundo sa panahong iyon, pinili ng Diyos para sa espesyal na ministeryong ito.

**Ikapitong Trumpeta:** Mayroong kapahayagan na ang mga kaharian sa mundo ay pag-aari na ni Kristo at dumating na ang panahon ng paghuhukom.

## **Ang Mga Mananampalataya at ang Israel**

Narito ba sa mundo ang mga mananampalataya sa pagtunog ng mga trumpeta? Walang binanggit tungkol sa mga mananampalataya maliban sa pangitain na nagpapakita na sila ay nasa langit. Walang nagsisisi pagkatapos ng ikaanim na trumpeta (9:20), na maaaring magpahiwatig na wala na sa mundo ang mga mananampalataya. Gayunman, sinabi ni apostol Pablo na ang mga mananampalataya ay kukunin sa alapaap sa “huling trumpeta” (1 Corinto 15:52). Tinutukoy rin ba niya ang parehong serye ng mga trumpeta sa Pahayag?

Tungkol naman sa Israel. Kinagat ng mga balang ang mga taong walang tatak, na magpapahiwatig na ang mga taong may tatak ay narito pa sa mundo at iniingatan ng Diyos (9:4). Ang mga taong may tatak ay mga mananampalataya mula sa Israel (7:4) at naririto pa sa mundo nang panahon na sila ay nilagyan ng tatak. Ang tatak ang pagkakakilanlan sa kanila bilang ang mga pinoprotektahan ng Diyos sa mundo habang ang mga bagay na ito ay nagaganap. (7:3)

## **Sipi VII: Ang Babae at ang Dragon (Kabanata 12)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 12 para sa grupo.

Ang mga simbolo sa talata 1, kung ihahambing sa panaginip ni Jose, ay nagpapahiwatig na ang babae ay kumakatawan sa Israel. Ang batang kanyang isinilang ay si Hesus. Ang dragon (makalipas ay tinukoy na si Satanas) ay nagnanais na kainin ang sanggol ngunit hindi nito magawa. Pagkatapos ang babae ay dinala sa isang lugar kung saan siya ay iniingatan sa loob ng 3 ½ taon, ang ikalawang bahagi ng kapighatian. Ang babaeng iniingatan ay maaaring ang mga natira sa Israel na tinatawag na 144 na libo.

Matapos dalhin ang babae sa ligtas na lugar, inusig ng dragon ang mga sumusunod kay Kristo (17). Ipinapahiwatig nito na ang mga mananampalataya ay nasa mundo pa hanggang sa ikalawang kalahati ng kapighatian.

## **Sipi VIII: Ang Halimaw at ang Kanyang Marka (Kabanata 13)**

Nakita ni Juan ang isang hayop na kumbinasyon ng ilang hayop (ihambing sa Daniel 7:7). Ang halimaw na ito ay kumakatawan sa isang kaharian, katulad sa paraan na ang mga hayop ay kumakatawan sa mga kaharian sa aklat ni Daniel. Inilagay ng dragon, si Satanas, ang kanyang kapangyarihan sa kahariang ito. Sinasamba ng mga taong naglilingkod sa kahariang ito ang dragon. Nanatili ang kaharian sa loob ng 42 buwan. Ang kaharian ay sa buong mundo. Nakikipagdigma siya sa mga “banal at nalupig sila,” na tumutukoy sa pag-uusig sa mga mananampalataya.

Pinangunahan ng ikalawang halimaw ang mundo sa pagsamba sa unang halimaw. Pinagaling sa isang nakamamatay na sugat ang unang halimaw, isang paggaya sa muling pagkabuhay ni Hesus. Sinamba siya ng lahat, silang hindi nakasulat ang pangalan sa Aklat

ng Buhay. Ang pangungusap na iyon ay nagpapahiwatig na ang mga mananampalataya ay nasa daigdig pa at tumatangging sumamba sa kanya.

Isang imahen ang itinayo para sambahin. Ang mga tumangging sumamba dito ay pinatay.

Ang marka ay may komersiyal na gamit, gayunman ay nakaugnay sa pagsamba.(14:9-10).

Ang bilang ng kanyang pangalan ay 666. Nagkaroon na ng maraming teoriya tungkol sa kahulugan ng bilang na ito. Maaaring hindi natin matiyak nang una sa panahon ang tunay na kahulugan ng bilang; gayunman, maaari nating asahang makita ang katuparan ng propesiya kapag ito’y lumitaw na.

### **Sipi IX: Ang Mga Natira na nasa Langit (14:1-5)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 14:1-5 para sa grupo.

Ang mga Israelitang tinatakan ay nasa harapan ng trono na ng Diyos; tapos na ang kanilang oras sa mundo.

Alam natin na hindi sila naligtas ayon sa batas ng Lumang Tipan o mga gawaing panrelihiyon ng mga Judio, sa halip sila ay ligtas dahil sila ay tinubos na at mga tagasunod ng Kordero, na si Hesus. Sila ay banal at matuwid.

### **Sipi X: Ang Tatlong Anghel na Nagpapahayag (14:6-13)**

Inilalarawan ng pangitaing ito ang isang panahon bago kunin sa daigdig ang mga mananampalataya.

Ipinangaral ng unang anghel ang ebanghelyo sa bawat grupong etniko sa mundo at tinatawagan ang lahat upang sambahin ang tunay na Diyos. Ipinahihiwatig nito na ang mga tao ay maaari pa ring magsisi at magbalik-loob sa panahong iyon.

Ipinapahayag ng ikalawang anghel ang pagbagsak ng Babilonia. Malawakang inilarawan ang Babilonia sa Kabanata 18. Ginamit ang Babilonia bilang simbolo sa Kasulatan upang tukuyin ang isang makapangyarihan at maunlad na institusyon ng kasamaan. Mayroong iba’t-ibang teoriya kung ano ang kinakatawan ng Babilonia sa aklat ng Pahayag.

Nagbababala ang ikatlong anghel tungkol sa walang hanggang kahatulan para sa mga sumamba sa halimaw at tumanggap ng kanyang tatak.

Ang pananampalataya at tiyaga ng mga mananampalataya ay nakikita sa kanilang pagtanggì na magpasakop sa halimaw (12). Nagpapakita ito na ang mga mananampalataya ay narito pa sa mundo, at magkakaroon ng mga martir pagkatapos ng panahong iyon. (13).

### **Sipi XI: Dalawang Pag-aani (14:14-20)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 14:14-20 para sa grupo.

Walang maraming detalye o paliwanag sa alinman sa dalawang pag-aani na isinama sa sipi.

Ang unang pag-aani (verses 14-16) ay isinagawa ni Hesus, na may suot na ginintuang korona. Binanggit ang mga ulap (tulad sa Pahayag 1:7, Daniel 7:13) upang bigyang-diin na ang kanyang kaharian ay makalangit at hindi nakabase sa mundo.

Ginawa ng isang anghel ang ikalawang pag-aani. Ang inani ay itinapon sa poot ng Diyos.

Tila ang unang pag-aani ay ang pag-aalis ng mga mananampalataya bago ang poot ng Diyos. (Ihambing ito sa talinghaga ng trigo at damo sa Mateo 13:24-30, 36-43.)

### **Sipi XII: Ang Pitong Mangkok (Kabanata 15 - 16)**

Ang seryeng ito ng pitong mangkok ay malinaw na tinukoy bilang ang poot ng Diyos (15:1, 7).

Ang mga nagtagumpay laban sa halimaw ay nasa langit na bago ibuhos sa mundo ang poot ng Diyos.

**Unang mangkok:** Isang karamdaman para sa mga nagtataglay ng marka ng halimaw.

**Ikalawang mangkok:** Naging dugo ang dagat, at lahat ng nilalang sa dagat ay namatay.

**Ikatlong mangkok:** Ang mga ilog ay naging dugo.

**Ikaapat na mangkok:** Sinunog ng araw ang mundo. Nilapastangan ng mga tao ang Diyos at hindi sila nagsisi.

**Ikalimang mangkok:** Ibinuhos sa trono ng halimaw. Nagkaroon ng kadiliman at paghihirap, subali't hindi nagsisi ang mga tao.

**Ikaanim na mangkok:** Natuyo ang Ilog Eufrates upang ihanda para sa pagdaan ng mga hukbo, at inipon ng masasamang espiritu ang mga hukbo ng mundo para sa digmaan ng Armageddon.

**Ikapitong Mangkok:** Ang paghahayag ay naganap, "Naganap na." Nangyari ang pinakamatinding lindol sa lahat ng panahon, kasabay ng kulog, kidlat at labis na malalaking ulan ng yelo.

### **Sipi XIII: Ang Babilonia at ang Pagbagsak Nito (Kabanata 17-18)**

Isang babae sa pangitaing ito ang tinawag na Babilonia. Tinawag siyang isang babaeng bayaran. Lasing siya sa dugo ng mga Kristiyano. Kinakatawan niya ang lungsod na namumuno sa mga hari ng mundo (17:18). Sa oras ng pagsusulat ng Pahayag, ang lungsod na namumuno sa mundo ay ang Roma.

Ang babae ay nakaupo sa isang hayop na may pitong ulo at sampung sungay. Kumakatawan ang hayop sa isang kaharian na umiiral noon, hindi na umiral, pagkatapos ay muling iiral (17:8). Ang pitong sungay ay kumakatawan sa pitong bundok kung saan itinayo ang

lungsod, ang Roma. Ang sampung sungay ay kumakatawan sa mga hari. Sa paglipas ng panahon, lalaban ng mga hari ang babae at wawasakin ito (17:16).

Inilalarawan ng Kabanata 18 ang kayamanan at impluwensya ng Babilonia. Ang mga tagapamuno sa mundo ay may relasyon sa kanya na inihalintulad sa pakikiapid (18:3). Napakalawak ng kanyang negosyo kaya't nagawa nitong payamanin ang mga hari at mga negosyante sa maraming mga bansa. Siya ay nagkasala ng lahat ng uri ng nakatatag na kasamaan, at ang mga tagapamuno sa lahat ng lugar ay nakilahok sa kanyang kasamaan para sa pakinabang.

Siya ay mawawasak sa loob ng isang araw, at ang buong mundo ay labis na magtataka at magdadalamhati (18:8).

#### **Sipi XIV: Ang Pagdating ni Cristo (Kabanata 19)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 19 para sa grupo.

Nagsisimula ang kabanata sa pagpupuri sa Diyos para sa kanyang katarungan, ipinakita sa kanyang paghatol sa Babilonia at paghihiganti para sa kanyang mga lingkod. Tandaan na ito ay isang pangunahing tema ng Kasulatang propesiya.

Pagkatapos, inihayag ang isang piging ng pagdiriwang, na tinatawag na piging ng kasalan.

Bumalik si Kristo na nakasakay sa isang puting kabayo, na sinusundan ng mga hukbo ng kalangitan na may mga puting kabayo. Ang isang puting kabayo ay kumakatawan sa pagsakop (see 6:2).

► Ang mga hukbo ba ng kalangitan ay mga anghel o mga Kristiyano?

Ang isang napakalaking hukbo ay nagkakatipon sa daigdig upang lumaban kay Kristo, nguni't sila ay pinatay ng kanyang salita.

► Ang mga kabayo ba ay simbolo lamang o literal? Bakit gayun ang iyong iniisip?

#### **Sipi XV: Ang Millennium at ang Huling Digmaan (Kabanata 20:1-10)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 20:1-10 para sa grupo.

Sa panahon ng 1,000 taon, si Satanas ay nakakulong, at ang mundo ay pinamumunuan ng mga taong pinatay ng halimaw dahil sa kanilang katapatan kay Kristo.

Sa katapusan ng 1,000 taon, pinalaya si Satanas at muli niyang tinipon ang mga bansa upang magrebelde laban sa Diyos.

Maraming pagtatalo tungkol sa kung ang siping ito ay tumutukoy sa isang literal na 1,000 taon at kung ito ba ay sa hinaharap o sa kasalukuyan. Isang indikasyon na ito ay sa hinaharap pa ay dahil ito ay sumusunod sa muling pagkabuhay ng mga namatay dahil sa kanilang pananampalataya.

Mas malalim nating pag-aaralan ang millennium sa ibang bahagi ng kursong ito.

### **Sipi XVI: Ang Huling Paghuhukom (20:11-15)**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 20:11-15 para sa grupo.

Ang bawat tao ay tatayo sa harap ng Diyos upang hatulan para sa kanyang mga ginawa. Ang sinumang hindi nakasulat ang pangalan sa Aklat ng Buhay ay hahatulan para sa kanyang mga kasalanan na nakatala sa ibang mga aklat.

Ang iba pang reperensiya sa huling paghuhukom ay sa 2 Corinto 5:10 at Hebreo 9:27.

“. . . at sa kanyang [ni Kristo] pagdating ang lahat ng tao ay muling mabubuhay sa kanilang katawan at magbibigay-sulit sa kanilang sariling mga gawa. At sila na gumawa ng mabuti ay pupunta sa buhay na walang hanggan, at sila na gumawa ng masama ay sa walang hanggang apoy” -  
Athanasian Creed

Ang mga hinatulan ng kamatayan ay itinapon sa lawa ng apoy.

### **Sipi XVII: Ang Bagong Jerusalem (21:1 - 22:5)**

Ang siping ito ay naglalarawan ng walang hanggang kundisyon kapag ang lahat ng kasalanan ay naalis na at ang kalooban ng Diyos para sa sanlibutan ay lubusan nang natupad.

Bumaba mula sa alapaap ang isang bagong Jerusalem, na nagpapakita na ang kaharian ng Diyos sa kalubusan nito ay nagmumula sa Diyos sa langit at hindi nilikha sa daigdig sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao.

Ang sumpa na nagsimula sa unang kasalanan ay matatapos na para sa mga ligtas. Mawawala na ang kalungkutan, pagtanda, sakit o kamatayan. Ang lahat ng bagay ay magiging bago na.

Ang mga makasalanan na hindi nakatagpo ng kaligtasan ay mabubukod at mahahatulan sa lawa ng apoy.

Kudrado ang lungsod, na may tatlong pinto sa bawat panig. Ito ay may napakalawak na sukat. Ito ay kasintaas kung gaano ito kalawak at kahaba. Gawa ito sa mahahalagang hiyas, na nagpapakita ng kagandahan ng disenyo ng Diyos at nagpapakita rin na ang kanyang mga pinagkukunan ay walang hangganan.

Ang kaluwalhatian ng Diyos ay matatagpuan sa buong lungsod, naliliwanagan nito ang lungsod na hindi na kinakailangan ang iba pang pagmumulan ng liwanag.

Ang lahat ng bansa ay mapapasailalim sa lungsod na ito.

Walang kasalanan ang kailanman ay makakapasok sa lungsod.

May isang ilog ng tubig ng buhay at isang puno ng buhay. Nagpapakita ito ng pagpapanumbalik ng buhay na nawala nang magkasala sina Adan at Eba.

Ang pinakamahalagang katotohanan tungkol sa lungsod ay ito ang lugar kung saan ang bayan ng Diyos ay mabubuhay nang kasama niya (21:3, 22:4).

### **Sipi XVIII: Pangwakas na Mga Payo(22:6-21)**

Nalaman ng apostol na ang mensahero na kanyang kausap ay isang propetang katulad rin niya.

Sinasabi ng talata 10 na malapit nang maganap ang katuparan ng mga prediksiyon. Ang mga propesiya ay isinulat 2,000 taon na ang nakalilipas, at ang ilan sa mga ito ay hindi pa natutupad. Sa anong kahulugan na ang katuparan ay malapit na? Mayroong kahit man lang dalawang posibleng paliwanag.

#### **(1) Ang mensahe ay mayroong agad na aplikasyon sa mga nakikinig.**

Nagtitiis na sila ng pag-uusig, at makikita nila ang pagliligtas ng Diyos, bagaman hindi ang ultimong katuparan ng mga propesiya. Ang aklat ay hindi lamang para sa mga taong nabubuhay sa mga huling araw, kundi para sa mga taong unang nakabasa nito. Ang kapanahunan ng iglesya ay nagsimula na, nagsimula na ang pag-uusig, at ang mga proseso ng kasaysayan na inilarawan sa aklat ay nagsimula na. Ang mga ito ay nasa huling panahon, kung saan ang mga propesiya ay matutupad, subali't sila ay nabuhay sa simula ng panahon.

#### **Prinsipyo ng Pagbibigay kahulugan sa Biblia**

May aplikasyon ang Banal na Kasulatan sa lahat ng panahon, kahit naglalaman ito ng mga prediksiyong hindi agad na matutupad. Samakatuwid, maaari tayong makinabang mula sa sipi ng Banal na Kasulatan kahit hindi natin lubusang nauunawaan kung anong pangyayari ang inihuhula.

#### **(2) Magkakaroon ng mga katuparan ng mga propesiya sa malapit na hinaharap na hindi naman ang ultimong katuparan.**

Halimbawa, nang ang Jerusalem ay napapalibutan at nawasak ng mga hukbo, marami sa mga propesiya ay nagkaroon ng kahit man lang bahagyang katuparan. Maraming Kristiyanong Judio sa panahong iyon ang marahil nag-isip na nakikita nila ang katuparan ng Pahayag. Kaya't ang panahon ay sa malapit, bagaman magkakaroon ng ultimong katuparan, mas lubos na katuparan sa mga huling araw.

Nangungusap ang talata 11-12 tungkol sa biglaang pagdating ng Panginoon. Ang taong banal sa panahong iyon ay matatagpuang banal; ang taong hindi malinis ay matatagpuang hindi malinis –wala nang panahon para sa sinuman para magbago kapag nakita niyang bumabalik ang Panginoon.

Binabanggit ng talata 13 ang titulong Alpha at Omega na para lamang kay Hesus, na unang binanggit sa 1:8. Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa una at huling letra ng alpabeto, na nangangahulugan na si Hesus ang simula at ang wakas ng kasaysayan ng sangkatauhan, mula sa paglikha hanggang sa mga huling araw.

Sinasabi ng verses 14-15 na ang mga tao ay makakapili kung magiging isa sa mga ginantimpalaang tao ng Diyos o ang maging isang nahatulang makasalanan. Ang mga sumusunod sa Diyos ay papasok sa lungsod at makakalapit sa puno ng buhay; hindi kabilang ang mga makasalanan.

Nag-aanyaya ang talata 17. Ang Biyaya ay ibinibigay nang walang bayad.

Ang talata 18-19 ay babala laban sa pagbabago sa mga salita ng Diyos na inihayag sa aklat. Bagaman ang babala ay tiyakang tumutukoy sa aklat ng Pahayag, maaari rin itong ilapat sa lahat ng Kasulatan, dahil walang sinuman ang may awtoridad na baguhin ang Salita ng Diyos.

### **Takdang - Aralin**

- (1) Siping Pag-aaralan: Gumawa ng chart ng mga tatak, mga trumpeta, at mga mangkok. Ilista rin ang mga mangyayari sa bawat isa.
- (2) Takdang-Araling Isusulat: Inilalarawan ng Pahayag ang mga gawain ng masasamang tao, gayunman ay inilalarawan din ang kontrol ng Diyos. Paano ipinapakita ng Pahayag na ang mga huling araw ay gawain ng Diyos? Hanapin ang pagiging sentro ng Diyos at ang mga tanda ng kanyang paghahari. Paano nagiging sentro ng eschatology o pag-aaral sa mga huling araw ang paghahari ng Diyos?



# Leksiyon 10

## Ang Millennium

### Note sa tagapanguna sa klase

*Hilingan ang ilan sa mag-aaral upang ilarawan ang kanilang isinulat para sa takdang araling isusulat bilang paraan ng pagbabalik-aral sa pinakamahalagang aspeto ng aklat ng Pahayag.*

### Introduksiyon

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 20:1-6 para sa grupo.

Inilalarawan ng siping ito ang espesipikong 1,000-taon. Ito ang huling panahon ng kasaysayan ng sangkatauhan sa mundo bago ang paghuhukom. Tinatapos ng paghuhukom ang lahat ng kasalanan at nagtatakda ng simula ng bagong langit at lupa.

Sa eschatology, ang panahong ito ay tinatawag na millennium. Ayon sa sipi, ang mga namatay sa pag-uusig sa panahon ng kapighatian ay muling binuhay upang kasamang maghari ni Kristo dito sa lupa. Nakakulong pa si Satanas sa panahong ito. Sa katapusang ng panahong ito, palalayain si Satanas, at magkakaroon pa ng isang dakilang pagrerebelde ng mga bansa laban sa Diyos.

Para sa ibang mga halimbawa ng sipi tungkol sa millennium, tingnan ang Isaias 2:2-4 at 60:9-12, at Mica 4:1-3. Tila ang mga propesiyang ito ay hindi pa literal na natutupad sa kasaysayan.

*Note sa tagapanguna sa klase: Hindi pa naihahanda ng kurso ang mga mag-aaral upang sagutin ang tanong sa ibaba, subali't ang tanong ang magsisimula ng sumusunod na seksiyon.*

► Dapat ba nating asahan na ito ay isang literal na haba ng panahon sa hinaharap, o dapat nating unawain ang mga siping ito sa ibang paraan?

### Ang Mga Unang Paniniwala ng Iglesia Tungkol sa Millennium

Ang mga pangungusap sa ibaba ay mula sa mga taong nabuhay sa mga unang araw sa iglesia. Ipinakita nila ang mga paniniwala na magkakatulad sa iglesia sa panahon ng unang ilang siglo.

**Liham ni Bernabe** (Unang Siglo), Pagkatapos ng 6,000 taon ng kasaysayan ng sangkatauhan darating si Kristo, wawasakin ang Antichrist, at itatatag ang kanyang kaharian.

**Polycarp** (70-155), Kung tayo'y mamumuhay sa kasalukuyang panahon, tayo ay muling bubuhayin at maghaharing kasama niya sa darating na panahon.

**Papias** (80-163), Pagkatapos ng muling pagkabuhay ng mga banal ay ang personal na paghahari ni Kristo sa mundo.

**Justin Martyr** (100-164), Pagkatapos ng muling pagkabuhay ng mga banal sila ay maghahari ng 1,000 taon sa isang literal na Jerusalem, pagkatapos ay darating ang paghuhukom.

**Ireneo** (130-202), Ang Antichrist ay maghahari ng 3 ½ taon sa Jerusalem, manunumbalik ang Israel, pagkatapos ng muling pagkabuhay ng mga banal, sila ang maghahari.

**Tertullian** (160-220), Pagkatapos ng muling pagkabuhay ay ang literal na 1,000 taong paghahari sa Jerusalem.

### **Mga Prediksiyon Tungkol sa Millennium sa Lumang Tipan**

May ilang sipi mula sa Lumang Tipan na tila naglalarawan sa panahon ng millennium. Pag-aaralan natin ang ilan sa mga ito sa bahaging ito ng leksiyon.

► Sama-samang tingnan ang bawat sipi at ilista ang pinakamahalagang detalye. Ang ilang detalye para sa bawat sipi ay nakalista kasama ng mga reperensiya.

**Zacarias 8:22, 14:9, 14:16-17.** Ang Panginoon ang magiging hari sa buong sanlibutan, at walang ibang Panginoon ang iiral. Pupunta sa Jerusalem ang lahat ng bansa upang sumamba.

**Isaias 11:1-10.** Magbibigay ng katarungan si Kristo sa mahihirap sa mundo at papatayin ang masasama. Hindi magiging mapanganib ang mga hayop sa "banal na bundok". Mapupuno ng kaalaman sa Panginoon ang buong mundo.

**Jeremias 3:17.** Tatawaging "trono ng Panginoon" ang Jerusalem at darating ang lahat ng bansa at hindi sila susunod sa kanilang sariling mga pamamaraan.

**Mikas 4:1-5.** Ang Jerusalem ang magiging sentro ng mundo. Pupunta ang mga bansa sa Jerusalem upang matuto tungkol sa Diyos. Wala nang magiging digmaan.

**Jeremias 23:5.** Paiiralin ni Kristo ang katarungan sa mundo bilang tagapamuno.

**Isaias 60:1-16, 61:6.** Ang lahat ng bansa ay maglilingkod sa Israel at magbibigay ng mga kaloob sa Jerusalem.

**Isaias 65:17-25.** Ang Jerusalem ay mapupuno ng kaligayahan at wala nang pagtangis. Mabubuhay nang matagal ang lahat. Ang mga mapanganib na hayop ay hindi na magiging mabagsik.

## **Iba't-ibang Konsepto ng Millennium**

Hindi pare-pareho ang pagbibigay kahulugan ng mga Kristiyano sa mga sipi tungkol sa millennium. Ang mga pagkakaiba ay hindi lamang basta maliliit na detalye, kundi radikal na magkakaibang konsepto.

Sa leksiyong ito, titingnan natin ang tatlong magkakaibang konsepto tungkol sa millennium.

*Note sa tagapanguna sa klase: Sikaping maiwasan ang pagkakaroon ng maraming pagtatalo tungkol sa tatlong konsepto ng millennium habang pinag-aaralan ang bawat isa sa mga ito. Maaaring pagtalunan ng mga mag-aaral ang kanilang mga palagay sa ibang panahon, subali't sa bahaging ito ng leksiyon, magtuon ng isip sa pag-unawa sa bawat konsepto.*

### **Postmillennialism o Pagkatapos ng millennium**

Ang prefix 'post' ay nangangahulugang "pagkatapos". Tumutukoy ito sa ideya na ang pagbalik ni Kristo ay darating sa pinakadulo ng kasaysayan ng sanlibutan, sa halip na sa simula ng isang literal na 1,000 taon.

Ayon sa konseptong ito, ang mga lipunan at pamahalaan sa mundo ay unti-unting magiging lubusang Kristiyano sa pamamagitan ng paglaganap ng ebanghelyo at ng gawain ng mga Kristiyanong reformers. Ang lahat ng mga bansa ay magiging mga Kristiyanong bansa. Sa gayung kaisipan sila ay paghaharian ni Kristo sa pamamagitan ng mga tagapangunang Kristiyano. Si Satanas ay nakakulong sa kahulugan na hindi niya mapipigil ang ebanghelyo upang baguhin ang mundo.

Ang panahon ay hindi literal na 1,000 taon, kundi simpleng isang napakahabang panahon. Sa wakas ng panahong ito, babalik si Kristo.

Ang postmillennialism ay pinaniwalaan ng ilang dakilang revivalists at social reformers sa nakalipas na panahon dahil inasahan nila na ang gawain ng ebanghelyo ay magkakaroon ng lubusang tagumpay sa buong mundo.<sup>33</sup> Ang mga taong nagtatanggol sa konseptong ito ay nagsasabing ito ay tumutugma sa paraan ng pagkilos ng Diyos sa mga tao, na ninanais na magbalik-loob sila sa pamamagitan ng ebanghelyo sa halip na dumating upang sakupin ang nagrerebeldeng mundo sa pamamagitan ng lakas.

Ang ibang Kristiyano ay hindi sumasang-ayon sa postmillennialism dahil sa mga Kasulatan tungkol sa mga huling araw, na naglalarawan kay Hesus na dumarating nang may kapangyarihan, winawasak ang masasamang pwersa sa isang malaking digmaan pagkatapos na usigin ang kanyang matatapat na bayan. (1) Ang Kasulatan tungkol sa mga huling araw ay tila hindi tumutugma sa gradual o unti-unting pagbabago ng mundo. (2) Ang Kasulatan tungkol sa mga huling araw ay tila naglalarawan kay Hesus bilang isang mananakop ng isang rebeldeng mundo sa halip na bilang isang haring dumarating sa isang

---

<sup>33</sup> Sina William Booth at Charles Finney ang halimbawa.

Kristiyanong mundo. Isang halimbawa ng sipi tungkol sa mga huling araw ay ang Pahayag 19:11-21.

Isa pang dahilan sa hindi pagkakasundo tungkol sa postmillennialism ay ang ilan sa mga detalye ng millennium na ibinigay sa Kasulatan ay tila hindi tumutugma sa pananaw na ito, kahit ang mga ito ay ipinaliwanag gamit ang mga simbolo. Halimbawa, ano ang ibig sabihin na ang mga martir ng kapighatian ay muling bubuhayin upang maghari?

### **Amillennialism**

Ang prefix na `a' ay nangangahulugan ng "wala", na ibig sabihin ay walang millennium. Ang mga naniniwala dito ay hindi naniniwala na ang millennium ay isang literal na panahon na 1,000 taon.

Ang mga amillennialists ay naniniwala na ang mga prediksiyon tungkol sa millennium ay natutupad na sa iglesya sa espirituwal aspeto. Si Kristo ay naghahari sa pamamagitan ng gawain ng iglesya, at si Satanas ay simbolikong nakakulong dahil hindi niya mapipigilan ang iglesya.

Sa paniniwalang amillennialism ang Israel ay hindi na mahalaga sa plano ng Diyos dahil ang iglesya na ngayon ang bayan ng Diyos. Ang mga pangako sa Israel para sa isang kahariang panlupa ay natupad sa iglesya sa espirituwal na aspeto.

Ang lahat ng mga detalyeng biblikal tungkol sa millennium ay binibigyang kahulugan ng mga naniniwala sa amillennialists sa paraang simboliko at sa espirituwal. Ang mga pangakong ibinigay sa Israel ay natupad para sa iglesya, ngunit ito'y sa espirituwal na aspeto sa halip na sa pisikal. Ang iglesya ang naghahari sa mga bansa sa pamamagitan ng pag-eebanghelyo sa kanila.

Ang paniniwala sa amillennialism ay nakakatulad sa postmillennialism sa ilang aspeto nito. Gayunman, mayroong isang malaking pagkakaiba. Itinuturo ng postmillennialism na marami sa mga propesiya ang lubusang matutupad sa dulo ng panahon at literal na mangyayari sa pamamagitan ng gawain ng iglesya, katulad ng kapayapaang pandaigdigang at ang pagiging Kristiyano ng lahat ng bansa. Ang amillennialism ay dapat humanap ng mga paraan upang ipaliwanag na ang mga propesiya ay natutupad na ngayon sa kasalukuyang mundo.

May mga taong tumututol sa amillennialism dahil tumatanggi ito sa halos lahat ng literal na pagbibigay-kahulugan sa mga propesiya. Ang ibig sabihin nito na ang mga tumanggap sa mga pangako sa Lumang Tipan ay hindi nauunawaan ang kahulugan nito, kahit bahagi lamang nito.

Ang isa pang pagtutol sa amillennialism ay: Kahit pa tingnan sa espirituwal ang mga pangako, mahirap maunawaan kung paanong ang katuparan ng mga ito ay katotohanan na, laluna ang inaangkin nila na ang mga banal ay naghahari at si Satanas ay nakakulong.

## **Premillennialism**

Ang prefix na 'pre' ay nangangahulugan ng "bago", na tumutukoy sa ideya na si Hesus ay babalik sa mundo bago ang millennium.

Ayon sa paniniwala ng premillennialists, si Kristo ay pisikal na babalik at itatatag ang isang kahariang pangdaigdig sa loob ng 1,000 taon. Literal nilang binibigyang kahulugan ang mga detalye ng mga prediksiyon sa panahong ito. Naniniwala sila na mahalaga pa ang Israel sa plano ng Diyos. Naniniwala sila na ang Jerusalem ang magiging sentro ng kaharian ng Diyos sa mundo at ang mga martir na Kristiyano ay muling bubuhayin upang magharing kasama niya.

► Tingnan ang mga detalyeng nakalista para sa bawat sipi (tingnan ang pahina 109) at isipin kung ano ang magiging kahulugan ng sipi sa isang postmillennialist, pagkatapos ay sa isang amillennialist, pagkatapos ay sa isang premillennialist.

Ang isang mabuting pagpapakahulugan ay (1) isang kahulugang magiging makabuluhan sa unang tagapakinig at (2) aasa sa isang katuparan na tunay na natutugma sa paglalarawan na ibinigay ng sipi.

## **Dispensationalism Laban sa Teolohiya Ayon sa Tipan**

Sinikap ng mga teologo na unawain ang relasyon sa pagitan ng Israel at ng iglesya.

Ang ilan sa mga katanungan para dito ay: Ang mga tao ba sa Lumang Tipan ay naligtas sa ibang paraan sa mga tao sa Bagong Tipan? Mailalapat din ba sa iglesya ang mga pangako ng Diyos sa Israel? Espesyal pa rin ba ang Israel sa plano ng Diyos?

Isang paliwanag sa relasyon sa pagitan ng Israel at ng iglesya ay tinatawag na "dispensationalism." May ibang teologo na hindi sumang-ayon sa dispensationalism at nakabuo ng paliwanag na kung minsan ay tinatawag na "covenant theology".

## **Dispensationalism**

Ang salitang *dispensation* ay nagmula sa konsepto na mayroong iba't-ibang panahon sa kasaysayan ng sangkatauhan kung saan ang Diyos ay nakikipag-ugnayan sa mga tao sa iba't-ibang paraan, nagkakaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ng iba't-ibang paraan. Ang sukat ng panahon na gumagamit ang Diyos ng isang tiyak na plano ng pagliligtas ay tinatawag na *dispensation*.

May ilang teologo na naghati sa kasaysayan ng sangkatauhan sa maraming dispensations. Ang dalawang panahon na pinakanakaapekto sa pagbibigay kahulugan sa Biblia ay batay sa pagkakaiba sa pagitan ng Israel at ng iglesya. Ayon sa dispensationalism, ang mga Israelita sa Lumang Tipan ay naligtas sa pagsunod sa batas ni Moises at sa sistema ng paghahandog, at ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan ay naligtas sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang iglesya ay lubusang nakabukod sa Israel, at iba ang pakikipag-ugnayan sa kanila ng Diyos.

Iniisip ng mga naniniwala sa dispensationalism na dahil ang dalawang sistema ng pagliligtas ay lubhang magkaiba, pareho itong hindi maaaring umiral nang sabay sa mundo; samakatuwid, naniniwala sila na ang iglesia ay aalisin sa mundo sa loob ng pitong taon. Sa panahon ng pitong taon, ibabalik ng Diyos ang naunang sistema ng kaligtasan sa Israel. Tatanggapin ng Israel si Hesus bilang kanilang Mesiyas. Pagkatapos ng pitong taon ay ang libong taon kung kailan malinaw na nakikita ang paghahari ng Jerusalem. Naniniwala ang mga dispensationalist na lahat ng pangako ng Diyos sa Israel tungkol sa lupain at ang kaharian ay literal na matutupad.

Nababawasan ang pakinabang ng mga Kristiyano sa Lumang Tipan dahil sa dispensationalism, dahil naniniwala sila na ito'y nakaukol sa Israel sa ilalim ng ibang dispensation. Ginagamit nila ang mga kwento sa Lumang Tipan upang ilarawan ang mga katotohanan, subali't madalas na tinatanggi ang anumang katuruan na batay sa mga sipi sa Lumang Tipan at sinisikap na sundin lamang ang Bagong Tipan. Naniniwala rin sila na karamihan sa mga itinuturo ni Kristo sa mga Ebanghelyo ay hindi magagamit sa mga Kristiyano dahil ito ay nakaukol sa mga Judio.

Maraming tao na hindi nalalaman ang salitang *dispensationalism* ay naimpluwensiyahan na ng mga ideya nito. Madalas tumatangi ang mga tao na tanggapin ang awtoridad ng Lumang Tipan kahit pa malinaw na iniisip nila na ito ay may awtoridad sa kanila.

### **Covenant Theology**

Ayon sa covenant theology, hindi na ang Israael ang bayan ng Diyos at maliit lamang ang kahalagahan sa nito sa eschatology. Naniniwala sila na dahil tinanggihan ng Israel si Kristo, bumuo na ang Diyos ng isang bagong bayan na tinatawag na iglesia.

Ang iglesia na ngayon ang bayan ng Diyos at tumatanggap sa mga pangako ng ibinigay sa bayan ng Diyos, kabilang na ang mga pangakong ibinigay sa Israel sa Lumang Tipan. Ang bansang Israel ay wala nang karapatan sa mga pangako ng Diyos ngayon. Sa Galacia 6:16, ang iglesia ay tinawag na "ang Israel ng Diyos".

Dahil hindi siya isang Judio, ayon sa panlabas; hindi rin naman sa pagtutuli, na panlabas sa laman: subali't siya ay isang Judio, ayon sa panloob; at ang pagtutuli ay sa puso, sa espiritu, at hindi ayon sa nasusulat; na ang papuri ay hindi mula sa tao, kundi sa Diyos (Roma 2:28-29).

Kung gayon, maliwanag na ang mga nananalig sa Diyos ang siyang tunay na anak ni Abraham. Hindi pa ma'y ipinakita na ng Kasulatan na pawawalang-sala ng Diyos ang mga Hentil sa pamamagitan ng kanilang pananalig sa kanya. At ipinahayag na kay Abraham noon pa ang Mabuting Balita: "Sa pamamagitan mo'y pagpapalain ng Diyos ang lahat ng bansa." Nanalig si Abraham, at siya'y pinagpala kaya't pagpapalain ding tulad niya ang lahat ng nananalig sa Diyos ....upang ang pagpapala kay Abraham ay dumating din sa mga Hentil sa pamamagitan ni Kristo Hesus; upang matanggap natin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya...wala nang Judio o

Griego...At kung ikaw ay nakay Kristo, sagayun ikaw ay binhi ni Abraham, at tagapagmana ayon sa pangako (Galatians 3:7-9, 14, 28-29).

Inilalarawan ng 1 Pedro 2:5-10 bilang ang pagiging saserdote na naghahandog ng mga espirituwal na paghahandog, isang banal na bayan, at ang bayan ng Diyos.

Sinasabi ng Hebreo 12:22 na ang mga mananampalataya ay pumapasok sa "makalangit na Jerusalem". Sinasabi ng Galacia 4:25-26 na ang mga mananampalataya ay pumapasok sa Jerusalem na nasa itaas sa halip na ang Jerusalem ang nasa mundo.

Dahil sinasabi ng covenant theology na ang mga pangako na ibinigay sa Israel ay nailipat na sa iglesia, iniisip nila na ang mga pangako ay natutupad sa espirituwal sa halip na literal. Ang mga pangako sa trono ni Kristo na itinatag sa Jerusalem, ang kapayapaan, ang Israel bilang lider ng mundo, ang lahat ng bansa at tinuturuan ng Israel, pangwalanghanggang pagmamay-ari ng lupang pangako, at pagiging maamo ng mababangis na hayop ay lahat dapat gawing espirituwal upang matupad sa iglesia. Ang lahat ng mga pangako ay binibigyang kahulugan sa espirituwal sa halip na sa literal na kahulugan nito.

Karamihan sa mga tao na naniniwala sa teolohiyang ito ay hindi naniniwala sa literal na paghahari ni Kristo sa mundo sa loob ng isang libong taon. Naniniwala sila na si Kristo at ang mga banal ay naghahari na ngayon sa espirituwal sa pamamagitan ng impluwensiya ng ebanghelyo. Naniniwala sila na ang pangako kay Abraham na ang kanyang mga salinlahi ay magmamay-ari ng Canaan sa habang-panahon ay natupad na ng kasalukuyang mga mananampalataya na nagtataglay ng kaligtasan. Naniniwala sila na sa halip na ang Jerusalem, ang iglesia ang nagtuturo sa mga bansa.

### **Isang Balanseng Pananaw**

Maraming teologo sa kasalukuyan ang nagsikap na magkaroon ng balanse sa pagitan ng dispensationalism at covenant theology.

May mga suliranin sa dispensationalism. Sinabi ni Apostol Pablo kay Timoteo na ang Kasulatan (ang Lumang Tipan) ay nagturo ng kaligtasan (2 Timoteo 3:15). Sinabi ni Hesus na dapat ay alam na ni Nicodemus ang tungkol sa bagong kapanganakan dahil siya ay isang tagapagturo ng Lumang Tipan (Juan 3:10). Sinasabi ng Bagong Tipan na ang mananampalataya ang siya na ngayong tunay na Israelita at anak ni Abraham (Roma 2:28-29, Galacia 3:28-29). Sinasabi ng Roma 4:1-8 na taglay natin ang parehong kaligtasan nina Abraham at David. Hindi inalis ng mga paghahandog sa Lumang Tipan ang kasalanan (Hebreo 10:4). Samakatuwid, tila maling isipin na ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan ay nagbigay ng magkaibang paraan ng kaligtasan.

May mga suliranin din sa covenant theology. Ang pagsasabi na ang mga pangako sa Lumang Tipan ay natutupad sa espirituwal ay magpapahintulot sa mga pagpapakahulugan na nasa isip lamang at hindi maaaring patunayan. Gayundin, sa pagbibigay-kahulugang ito, nawawala ang orihinal na kahulugan. Kung tama ang covenant theology, hindi naiintindihan ni Abraham at ng iba pa ang mga pangako, kahit na iniisip nila na nauunawaan nila ito.

Halimbawa, ipinangako ng Diyos kay Abraham na ang kanyang mga anak ay magmamayari ng lupain sa habang panahon, subali't ito'y tunay na nangangahulugan na ang mga Hentil ay maaaring maligtas.

Sa mga propeta ay napakaraming mga pangako ng pagpapanumbalik at kaligtasan para sa Israel. Isang halimbawa ang Jeremias 30-31, dalawang kabanata na naglalarawan sa pangako ng Diyos na muling titipunin ang Israel at muling silang itatatag (30:18), siya ang kanilang magiging Diyos (30:22), hindi siya susuko hanggang ito ay matupad (30:24), minamahal niya sila nang walang hanggan (31:3), inaalala niya ang Efraim bilang isang anak at magiging maawain sa kanya (32:20), isusulat niya ang kanyang mga kautusan sa kanilang puso (32:33), at makikilala siya ng lahat at sila ay patatawarin (32:34). Ang konklusyon ng Diyos sa 31:35-37 ay nagsasabi na imposible para sa kanya na itakwil ang Israel dahil sa kanilang kasalanan kung paanong hindi mabibigo ang araw o para masukat ang kalangitan. Ang sipi bang

"Sa pamamagitan ng kanyang gawa, sa pagiging tagapamagitan ng kanyang lingkod, tutuparin ng Diyos [bring to reality] ang kaligtasan ng kanyang bayan ayon sa tipan. Ang kanyang bayan ay maninirahan nang mapayapa sa bayan ng Diyos at ipapakita ang katuwiran ng kanilang Panginoon.

- William Dyrness,

*Themes in Old Testament Theology*

ito ay tumutugma sa kaisipan na aalisin ng Diyos ang mga pangakong ito mula sa Israel at ibibigay na lang ito sa iba?

Itinatangi ng covenant theology na ang Israel ay mahalaga pa rin sa plano ng Diyos, subali't sinabi ni Apostol Pablo na ang Israel bilang isang bansa sa darating na panahon ay maliligtas at ang tipan ng Diyos sa kanila ay matutupad (Roma 11: 26-29). Hindi siya nagsasalita tugkol sa iglesia, dahil sa kabuuan ng kabanata pinagbubukod niya ang Israel at ang iglesia.

Kabilang sa isang balanseng pananaw sa Israel at sa iglesia ang pag-unawa sa iba't-ibang pangako sa Lumang Tipan.

## **Mga pangako sa Lumang Tipan**

### **(1) Mga Pangako ng espirituwal na pagpapala**

Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya at nakakamit sa pagsisisi at pananampalataya ng Judio at Hentil sa alinmang panahon sa kasaysayan. Ang batayan ng pagtanggap ng Diyos sa isang tao ay hindi nagbabago (Isaias 60:1-7). Hindi kinakailangang ng Israel at ng iglesia na magkaroon ng magkahiwalay na paraan sa mundo, dahil ang plano ng kaligtasan ay pareho sa dalawang grupo. Sinasabi ng Roma 4:9-16 na ang mga mananampalataya ay nagiging mga anak ni Abraham dahil naniwala sila sa ebanghelyo tulad ng ginawa niya; samakatuwid, sa lahat ng panahon, ang mga tunay na mananampalataya ang siyang mga anak ng Diyos. Ang tipan sa biyaya ay ibinigay sa Israel (Jeremias 31: 33-34). Nakikibahagi tayo sa mga biyaya ni Abraham tulad ng sinumang ibang mananampalataya, maging Judio



man o Hentil. Ang mga pangako ay hindi inalis mula sa Israel kundi ito’y pinalawig rin sa mga Hentil, at ang mga nagbalik-loob ay ang iglesya.

## **(2) Ang Mga Pangako ng Prinsipyo**

Maraming pangako ang naglalarawan sa karaniwang paraan ng Diyos sa pangangalaga sa mga taong may masunuring relasyon sa kanya. Ang isang halimbawa ay ang Awit 23. Ang mga pangakong ito ay nagpapakita ng katangian ng Diyos na inihahayag sa relasyon. Ang mga prinsipyong ito ay pareho sa alinmang panahon at oras, sa Israel o sa iglesya.

## **(3) Mga Pangako sa Bansa**

Si Hesus ang Manunubos ng mga Judio. Sa darating na panahon ang Israel bilang isang bansa ay babaling kay Kristo (Roma 11:26). Ipinangako ng Diyos na hindi niya permanenteng tatanggihan ang bansa (Jeremias 31:35-37). Tutuparin niya ang kanyang mga pangako sa kanila.

## **Takdang-Aralin**

- (1) Siping Pag-aaralan: Pag-aralan ang mga sipi sa Banal na Kasulatan na ibinigay sa seksiyon ng leksiyong ito na tinatawag na “Mga Prediksiyon ng Lumang Tipan Tungkol sa Millennium”. Ipaliwanag kung ano sa palagay mo ang magiging katuparan ng mga prediksiyon, batay sa iyong pananaw tungkol sa millennium.
- (2) Takdang-aralin na Isusulat: Ipaliwanag kung alin sa tatlong papanaw tungkol sa millennium ang pinaniniwalaan mong tama at magbigay ng mga dahilan.



# Leksiyon 11

## Ang Dakilang Kapighatian

### Note sa tagapanguna sa klase

Sa leksiyong ito pag-aaralan ng mga mag-aaral ang Biblikal na paglalarawan ng panahong tinatawag na "ang kapighatian" sa eschatology. Ang paksa ng kung kailan babalik si Hesus para sa mga mananampalataya ay tatalakayin sa ibang leksiyon. Sikaping iwasan ang pagdedebate tungkol sa tanong na iyon sa leksiyong ito.

### Ang Konsepto ng Tribulation

Ang salitang *tribulation* ay pangkalahatang ginagamit upang tukuyin ang paghihirap at hindi laging tumutukoy sa isang espesipikong panahon, kahit pa ang salita ay matatagpuan sa Biblia.

Sa eschatology o pag-aaral sa mga huling araw, ang salita ay ginagamit upang tumukoy sa konsepto ng espesipikong pitong taong inihulang panahon. Kung minsan ang salitang ginagamit ay *dakilang kapighatian*.

Ang ilang sipi sa kasulatan na gumagamit sa salitang *tribulation* upang tumukoy sa espesipikong panahong ito ay sa Mateo 24:21, 29, Marcos 13:24, at Pahayag 7:14.

Hindi lahat ng teologo ay nagkakasundo na ang tribulation ay inihula sa Banal na Kasulatan, at ang mga teologo ay hindi nagkakasundo sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring propetiko na ayon sa kaugnayan nito sa tribulation.

Ang pitong taong kapighatian ay inilarawan bilang isang panahon ng pangbuong mundong pagdurusa. Magdurusa ang mga tao dahil sa mga kundisyon na gawa ng tao, tulad ng digmaan at taggutom, at gayun din ang mga kundisyong nanggagaling sa paghatol ng Diyos. Magkakaroon ng digmaan sa pagitan ng iba't-ibang grupo ng mga bansa. Maaapektuhan ng digmaan ang buong mundo. Magiging buktot ang mga pamahalaan ng tao at uusigin nito ang mga taong matapat sa Diyos, at marami ang papatayin. Magkakaisa ang mundo sa ilalim ng isang masamang tagapanguna na tinatawag na *Antichrist* na hihingi ng pagsamba. Aatakehin ng *antichrist* ang Israel. Sa panahon ng kapighatian, kikilalanin ng Israel na si Hesus ang kanilang Mesiyas at makatatagpo ng kaligtasan.

### Mga Reperensiya sa Biblia tungkol sa Pitong-taong Kapighatian

Ang seksiyong ito ay naglalarawan ng mga sipi sa Biblia na tumutukoy sa isang panahon ng pitong taon o ng isang panahon ng tatlo at kalahating taon na maaaring kalahati ng isang pitong taong panahon.

## **Daniel 9:24-27**

Ang salitang *linggo* sa siping ito ay simpleng nangangahulugan na pito. Sinasabi ng verse 24 ang layunin ng pito – upang tapusin ang kasalanan ng Israel at gawin silang isang matuwid na bansa. Ang isang prinsipeng sa hinaharap ay gagawa ng pitong taong kasunduan subalit sisirain ito sa kalagitnaan. Matitigil ang mga paghahandog sa templo. May kasuklam-suklam (ipinahihiwatig ang mga dios-diosan), gagawin niyang nakatiwangwang ang templo hanggang sa “katuparan”. Ang katuparan ay nangangahulugang pagkatupad sa mga layuning inihayag sa verse 24. Ayon sa pagbibigay-kahulugang ito, ang prinsipeng ay ang *Antichrist*.

Mahabang panahon pagkatapos na isulat ang mga propesiya ni Daniel, marami sa mga ito ang tila natupad na sa pamamagitan ng isang tagapanguna na nagngangalang Antiochus Epiphanes. Siya ay isang banyagang mananakop na naglagay ng isang imahen ng kanyang sarili sa templo upang sambahin (168 B.C.). Nagrebelde ang mga Judio at nakipagdigmaan sa loob ng 3 ½ taon. Sa panahong iyon, natigil ang mga paghahandog sa templo. Ang mga pangyayaring ito ay tila tumutupad sa mga propesiya ni Daniel. Gayunman, si Hesus ay nabuhay mahabang panahon pa pagkatapos ng mga pangyayaring iyon at ipinahihiwatig na ang mga propesiya ni Daniel ay hindi pa natutupad. Tingnan ang Mateo 24:15.

Ang isa pang alternatibong pagbibigay-kahulugan ay: ang prinsipeng ay ang Mesiyas. Pinatotohanan niya ang kasunduan ng kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang kamatayan. Siya ay pinutol pagkatapos ng unang kalahating linggo, na siyang kanyang ministeryo ng 3 ½ taon. Ang ikalawang kalahati ng linggo ay ang panahon ng iglesya, na hindi literal na 3 ½ na taon. Ang pagkatiwangwang ng templo ay nangangahulugan na hindi na kinakailangan ang mga paghahandog. Ang kasalukuyang kalagayan ay magpapatuloy hanggang sa lubusang katuparan sa wakas ng panahon ng iglesya. Ang kasuklam-suklam ay ang kanyang pagkamatay sa krus, dahil ito ang pagkaunawa ng mga Judio.

► Ano ang mga problemang nakikita ninyo sa alternatibong pagbibigay-kahulugan?

May ilang suliranin na nakikita sa alternatibong pagbibigay-kahulugan. Ayon sa pagbibigay-kahulugan na ito, ang unang kalahati ng linggo ay isang literal na 3 ½ na taon, subalit hindi ang ikalawang kalahati, na nagiging magkasalungat. Hindi nagbibigay ang sipi ng anumang dahilan upang isipin natin na ang “kasuklam-suklam” ay totoong isang mabuting bagay na tinatawag ng masasama na kasuklam-suklam. Tingnan din ang Daniel 11:31, na tila nagsasabi na ang kasuklam-suklam ay isang bagay na inilagay sa templo.

## **Daniel 11:31**

Ang banal na lugar ay narumihan, natigil ang mga paghahandog, at ang bagay na inilagay sa templo ay isang kasuklam-suklam na bagay kung kaya’t ito’y iniwanan.

### **Daniel 12:6-7, 11**

Mula sa isang tiyak na simula ng panahon hanggang sa huli ay magiging isang panahon, mga panahon at kalahating panahon. Ito ay tila nangangahulugan ng 3 ½ taon, laluna kung ihahambing sa talata 11.

Mula sa oras na ang mga paghahandog ay natigil at ang kasuklam-suklam ay naitatag hanggang sa wakas ay mga 1290 araw, na tinatayang 3 ½ taon.

### **Pahayag 11:2**

Ang Jerusalem ay aangkinin ng mga Hentil sa loob ng 42 buwan. Dalawang saksi ang nangangaral sa loob ng panahong iyon.

### **Pahayag 13:4-5**

Iniutos ng Antichrist ang pagsamba sa kanya, na magpapatuloy sa loob ng 42 buwan.

### **Pahayag 12:6, 14**

Ang babaeng kumakatawan sa Israel ay pinoproteksyunan at binibigyan ng kailangan sa loob ng 1260 araw, na tinatayang halos 3 ½ taon.

Sinasabi ng talata 14 na binigyan siya ng pangangailangan sa loob ng panahon, sa bawat panahon, at kalahati ng isang panahon na tila nangangahulugan ng 3 ½ taon, lalo na kung ihahambing sa talata 6. Pansinin ang pagkakatulad sa Daniel 12:6-7, 11.

Ang mga sipi mula sa Banal na Kasulatan sa seksiyong ito ay ilan sa mga ebidensiya na ang mga teologo ay nagtuturo na ang Biblia ay nagbibigay ng prediksiyon sa isang pitong taong panahon.

### **Ang Mga Sipi sa mga Ebanghelyo**

Tatlo sa mga Ebanghelyo ay tinatawag ng "synoptic na Ebanghelyo" dahil ang mga ito ay naglalarawan sa buhay ni Hesus sa magkakatulad na paraan. Itinatala ng mga ito ang marami sa magkakaparehong pangyayari at mga katuruan.

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo na gigibain ang templo. Inakala nila na ito ay mangyayari sa katapusan ng mundo. Tinanong si Hesus ng kanyang mga disipulo tungkol sa oras ng kanyang pagbabalik at ang katapusan ng mundo. Ang kanyang paglalarawan ay matatagpuan sa Mateo 24, Marcos 13 at Lucas 21.

► Basahin ang Mateo 24, Marcos 13, at Lucas 21. Ilista ang mga bagay na mangyayari sa panahong inilarawan sa mga kabanatang ito. Ilista ang mga pangyayari ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang sumusunod na paragraph ay naglilista ng ilan sa mga detalye ng mga kabanatang ito.

Inilarawan ni Hesus ang digmaan, taggutom, at pag-uusig. Magkakaroon ng mga bulaang propeta at huwad na mga mesiyas. Ang ebanghelyo ay ipapangaral sa buong mundo. Ang

kasuklam-suklam na inihula ni Daniel ay magaganap. Sasakupin ng mga Hentil ang Israel, at ito'y magdurusa ng matindi. Sa puntong iyon magsisimula ang pinakamatinding kapighatian na maaaring maranasan ng mundo. Magkakaroon ng mga tanda sa kalangitan, sa araw, buwan at mga bituin. Pagkatapos, babalik si Hesus, nakikita ng buong mundo, at titipunin ng mga anghel ang mga tao niya mula sa lahat ng lugar sa mundo.

May ilang teologo na nagtuturo na ang mga prediksyon ng mga siping ito ay naganap na sa pagkawasak ng Jerusalem. Iyon ay isang panahon ng matinding paghihirap, at ang templo ay nawasak. Ang mga teologong ito ay nagtuturo na ang mga disipulo ay nagtatanong kung kailan mawawasak ang templo.

► Dapat ba nating isipin na ang mga prediksyong ito ay natupad na? Gumamit ng mga sipi upang suportahan ang inyong opinyon.

*Note sa tagapanguna sa klase: Pagkatapos magsimula sa pagtatalakayan ang grupo, tulungan silang pansinin ang mga sumusunod na obserbasyon sa sipi.*

Makikita natin ang sumusunod sa Mateo 24. Tila sinasagot ni Hesus ang tanong tungkol sa kanyang pagdating at ang katapusan ng mundo. Binanggit ni Hesus ang "katapusan" sa mga talata 6 at 14. Sinabi ni Hesus na nagsasalita siya tungkol sa pinakamatinding kapighatian na mangyayari sa kasaysayan ng mundo (21). Pagkatapos ng mga pangyayaring ito, makikita ng lahat ng bansa ang muling pagbalik ni Hesus (30). Ang serye ng mga pangyayari ay magtatapos sa pagdating ng Panginoon at ang pagtitipon ng mga anghel sa kanyang bayan (27, 30-31).

► Kung nanaisin, maaaring tingnan ng grupo ang Lucas 21 at Marcos 13 upang gumawa ng katulad na obserbasyon.

## **Ang Antichrist at ang Kasuklam-Suklam**

Sa mga naunang seksiyon ng leksiyong ito pinag-aralan natin ang ilang detalye tungkol sa pitong taong Kapighatian. Ang ilan sa mga detalyeng iyon ay tungkol sa dios-diosan na tinatawag na "kasuklam-suklam na naging dahilan ng pagkatiwangwang". Sa seksiyong ito pag-aaralan natin ang mga karagdagang reperensiya sa Biblia tungkol sa kasuklam-suklam nang hindi pinag-babalik-aralan ang mga napag-aralan na.

Inilalarawan ng Daniel 11 ang isang serye ng pandaigdigang di-pagkakasundo. Malaking bahagi ng kabanata ang naglalarawan sa mga digmaan ng isang hari na tila ba ang Antichrist. Karamihan sa kabanatang ito ay tinupad ni Antiochus Epiphanes. Gayunman, sinasabi ng Daniel 12:1-2 na sa panahong iyon magkakaroon ng panahon ng kaguluhan na higit pa sa alinmang naunang pangyayari, subali't ang mga Judio na "nakasulat sa aklat" ay maliligtas. Sinasabi rin nito na magkakaroon ng muling pagkabuhay. Malinaw na ang ultimong katuparan ng siping ito ay mangyayari sa mga huling araw.

Ipinahiwatig ni Hesus na ang kasuklam-suklam na inihula ni Daniel ay sa hinaharap pa (Mateo 24:15-16). Sinabi niya na ito ay isang bagay na "tatayo sa banal na dako". Ang

paglalagay ng bagay na ito ay masusundan ng pagsakop sa Jerusalem. Magsisimula sa panahong iyon ang isang nakakikilabot na panahon ng pagdurusa para sa Israel (Lucas 21:20).

Tinukoy ni apostol Pablo ang isang tao na darating bago ang pagdating ng Panginoon at mag-aangkin na siya ang Diyos at aasahan ang pagsamba sa kanya sa templo (2 Tesalonica 2:1-9). Gagawa siya ng mga himala na lilinlang sa mundo. Wawasakin siya sa pagbabalik ni Kristo.

Kahit na sa simula ay iisipin ng mga Judio na ang Antichrist ang kanilang Mesiyas, hindi sila papayag na sambahin siya, dahil iniutos ng Diyos ang isang mahigpit na pagkakaiba sa pagitan ng hari at ng saserdote; ang kanilang mahigpit na pananaw sa nag-iisang Diyos ay hindi magpapahintulot sa kanila na sambahin maging ang Mesiyas mismo. Ang kanilang pagtanggì na sambahin siya ang magiging dahilan kaya't sisirain niya ang tipan na ginawa niya sa kanila (Daniel 9:27).

► Sama-samang tingnan ang Pahayag 13:7-8, 13:15-17, at 14:9-11.

Sa Pahayag 13 ang kaharian ng Antichrist ay sinisimbolo ng isang kakila-kilabot na hayop. Pagkatapos tinawag sa sipi ang Antichrist bilang "ang Halimaw", dahil siya ang naghahari sa kahariang ito. Si Satanas ay tinawag na dragon sa siping ito at sa iba pang lugar sa aklat ng Pahayag. Ang buong mundo, maliban sa mga Kristiyano, ay sumamba sa Antichrist (13:8). Ang mundo ay nalinlang ng mga himala (13:12). Sasambahin ng mundo ang isang imahen ng Antichrist (13:12-15).

Sinasabi ng mga talatang ito na ang Antichrist ay magiging hari sa buong mundo at sasambahin ng lahat maliban sa mga Kristiyano. Ang mga tumatangging sambahin siya ay papatayin. Hindi maaaring magnegosyo ang mga hindi tumanggap ng kanyang marka, na kumakatawan sa pagsamba sa kanya.

Ang katapatan sa Antichrist ay pagrerebelde laban sa Diyos. Ang sinumang tumatanggap sa marka ay hinatulan na sa walang hanggang kaparusahan.

Hindi natin dapat isipin na ang awtoridad ng Antichrist ay lubusan o ang kanyang mga batas ay lubusang ipinatutupad sa lahat ng panig ng mundo. Inilalarawan sa Daniel 11:21-45 ang Antichrist na nasa hindi nagbabagong pandaigdigang di-pagkakasundo. Hindi siya nagtatagumpay sa pagtatatag ng pandaigdigang kapayapaan. Nangangahulugan ito na may ilang bansa na hindi lubusang magpapasailalim ng kanyang lubusang kontrol.

"Sa pamamagitan niya [ang Antichrist] bilang viceroy, gumagawa si Satanas ng isang huling pagtatangka na itatag ang kanyang sarili sa wakas at hindi matitinag na panginoon ng planetang ito at ng lahing naninirahan dito."  
- Purkiser, Taylor, at Taylor, *God, Man, and Salvation*

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Zacarias 14 para sa grupo.

Tila inilalarawan sa Zacarias 14 ang mga huling araw (lalu na ang talatang 9 at 16-17). Ang mga tao mula sa lahat ng bansa ay dumarating taon-taon upang sambahin ang Diyos sa Jerusalem. Subalit ang Pahayag 14: 9-11 ay nagsasabi na ang sinumang tumatanggap sa marka ng halimaw ay hinatulan na sa walang hanggang kaparusahan. Gagawa ang Antichrist ng isang batas na nag-uutos na dapat tumanggap ng marka ang lahat tao at sambahin siya, subali't malinaw na hindi siya magtatagumpay na ipatupad ang marka sa lahat ng tao sa lahat ng lugar.

## **Armageddon**

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 16:13-16 para sa grupo.

Isang matinding digmaan ang magaganap sa katapusan ng tribulation. Ang lahat ng hukbo ng daigdig ay magtitipon-tipon para sa digmaan. Mangyayari ito sa "araw ng Makapangyarihang Diyos" na tila isang paraan din ng salitang *araw ng Panginoon*.

Mahirap maunawaan ang intensiyon ng mga tagapanguna na magtitipon-tipon upang labanan ang Diyos. Alam ba nila na nilalabanan nila ang Diyos? May mga iskolar na nagsasabi na marahil nagtitipon-tipon ang mga hukbo upang labanan ang isa't-isa para sa pagkontrol sa mundo, at pagkatapos ang hukbo ng Diyos ang huling darating. Kung iyon ay tama, sagayun, mangyayari ang isang serye ng mga digmaan, at si Kristo ang magtatagumpay sa huling digmaan.

Maaaring inilalarawan ng Daniel 11:40-45 ang mga pagsasalungatan na mangyayari malapit sa katapusan. Tila ihinuhula ng sipi ang mga pangyayari sa mga huling araw, dahil ang mga pangyayari ay sinusundan ng muling pagkabuhay at walang hanggang gantimpala (12:2-3).

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Pahayag 19:11-21 para sa grupo.

Inilarawan sa Pahayag 19:11-21 ang pagbabalik ni Hesus kasama ng kanyang hukbo. Sinasabi ng talatang 19 na ang Antichrist at ang mga hukbo ng sanlibutan ay nagsama-sama upang labanan si Kristo, na nagpapahiwatig na ito ang digmaan ng Armageddon.

Ang digmaan ay hindi magiging isang tipikal na di-pagkakasundo sa pagitan ng mga hukbo. Wawasakin ni Kristo ang kanyang mga kaaway sa pamamagitan ng kanyang binibigkas na salita (talatang 21).

Ang digmaan ng Armageddon ay magiging pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa buong mundo, higit pa kaysa alinmang demonstrasyon sa kasaysayan. Ang pananampalataya ng mga Kristiyano ay mapatutunayang totoo pagkatapos ng pamumuhay sa loob ng daang taon sa isang mundo na tila kontrolado ng kapangyarihan ng tao na hindi pinapansin ang Diyos. Darating ang panahon na hindi na ipagwawalang-bahala ng sinuman ang Diyos.



## Ang Alalahanin ng Tesalonica

Sa isang mas naunang leksiyon, pinag-aralan natin ang 2 Tesalonica 1. Ngayon titingnan natin ang pagpapatuloy ng mensaheng iyon tungkol sa mga huling araw.

Nag-aalala ang mga taga-Tesalonica na ang araw ng Panginoon ay magaganap na sa lalong madaling panahon. May ilang nag-iisip na maaaring ito’y nakalipas na, nakaraan na. Hindi nila nalalaman kung paanong makakaapekto sa kanilang buhay ang pag-asa sa pagdating ng araw na iyon. Ang paksang iyon ay napakanapapanahon sa mga taong umaasa na ang mga huling araw ay talagang malapit nang dumating.

► Dapat sama-samang tingnan ng grupo ang 2 Tesalonica 2:1-17.

Pansinin na ang unang tatlong talata ay bumabanggit tungkol sa maling paggamit ng pag-aaral sa mga huling araw. Mayroong lumilito sa iglesya. Hindi nila tiyak kung ano ang dapat nilang gawin. Sinabi ng apostol na ang maling katuruang ito ang nakakalinlang sa kanila.

Inilalarawan ng mga talata 3-9 ang isang taong tinaguriang “ang makasalanang lalaki” na humihingi ng pagsamba sa templo at wawasakin sa pagdating ni Kristo. Sinabi sa kanila ng apostol na hindi nila dapat asahan ang araw ng Panginoon bago mangyari ang mga bagay na iyon.

Ang pangwakas ay nasa mga talata 15-17, na nagsisimula sa salitang *samakatuwid*. Sinabi sa kanila ni Pablo na magpatuloy sa buhay Kristiyano na kanilang natutuhan. Dapat silang magpatuloy sa pagsasabi ng mga salita at gawin ang mga gawaing nakalulugod sa Diyos.

## Mga Takdang-Aralin

- (1) Takdang-Araling Isusulat: Nagbibigay ba ng hula ang Biblia tungkol sa isang espesipiko, sa hinaharap, na pitong-taong na tinatawag na tribulation? Patunayan ang iyong sagot mula sa Banal na Kasulatan.
- (2) Pag-aaral ng Sipi: Maghanda ng isang leksiyon o sermon sa 2 Tesalonica 2. Maaari kang magdagdag ng materyal patungkol sa mga huling araw mula sa ibang bahagi ng Banal na Kasulatan. Tiyakin na gagawin mo ang parehong pangunahing punto sa dulo na ginawa ng apostol.



# Leksiyon 12

## Ang Rapture

### Pangkalahatang -ideya

Ang terminong *rapture* ay tumutukoy sa pangyayari kapag bumalik si Kristo upang kunin ang mga mananampalataya mula sa mundo.

Hindi ginagamit ng Kasulatan ang salitang *rapture*, subali't inilalarawan nito ang pangyayari.

Sisimulan natin ang leksiyong ito sa pagtingin sa dalawang sipi na naglalarawan sa rapture.

► Sama-samang tingnan ang 1 Tesalonica 4:13-18. Hilingan ang ilang mag-aaral na ilarawan kung ano ang nangyayari sa sipi.

Sinasabi ng 1 Tesalonica 4:13-17 na ang Panginoon ay babalik sa tunog ng trumpeta, at sa sandaling iyon ang mga mananampalatayang namayapa na ay muling bubuhayin. Ang lahat ng mananampalataya ay sama-samang aakyat sa alapaap upang salubungin ang Panginoon.

► Ano ang ipinapakita ng talatang 13 na ipinag-aalala ng mga taga-Tesalonica?

Tila pinananabikan ng mga mananampalataya sa Tesalonica ang pagbalik ni Kristo, subali't nag-aalala sila tungkol sa mga mananampalataya na namatay na. Marahil iniisip nila na ang isang tao na namatay bago ang pagbabalik ni Kristo ay hindi na maisasama sa kaharian ni Kristo. Ang apostol ay nagbigay sa kanila ng katiyakan na ang mga mananampalataya na namatay na ay muling bubuhayin at ibibilang. Samakatuwid, ang ang Kristiyano ay hindi nagdadalamhati nang walang pag-asa para sa mga mananampalatayang namatay na.

► Sama-samang tingnan ang 1 Corinto 15:50-53. Hilingan ang ilan sa mga mag-aaral na ilarawan kung ano ang pangyayari sa siping ito.

Sinasabi ng 1 Corinto 15:50-53 na ang Panginoon ay darating nang biglaan, sa tunog ng huling trumpeta. Sa sandaling iyon ang mga namatay ay muling bubuhayin sa niluwalhating katawan, at ang mga nabubuhay na mananampalataya ay babaguhin rin.

► Ayon sa talata 50 ano ang dahilan na ang mga mananampalataya ay dapat mabago sa imortal na anyo?

Ang siping ito ay matatagpuan sa kabanata tungkol sa muling pagkabuhay. Hindi nauunawaan ng ilan sa mga Kristiyano sa Corinto na ang doktrina ng muling pagkabuhay ay kinakailangan sa pananampalatayang Kristiyano. Sa kabuuan ng kabanata, nagbigay si Pablo ng maraming dahilan kung bakit mahalaga ang

“Ang sukdulang kasakdalan ng tao ay nangangailangan ng pagkakaisa ng kaluluwa at katawan”  
- Thomas Aquinas,  
*Compendium of Theology*

doktrinang ito. Sa mga talata na ito sinabi niya na ang isang tao sa kanyang natural na anyo ay hindi makapapasok sa walang hanggang kalagayan ng kaharian ng Diyos. Buhay man o patay ang isang mananampalataya sa pagbalik ni Kristo, siya ay babaguhin sa isang imortal na anyo.

► Ano ang ilan sa mga dahilan na ang mga Kristiyano ay magagalak sa pagbalik ni Hesus?

Tayo ay magagalak sa pagtatapos ng ating pag-uusig at iba pang paghihirap (2 Tesalonica 1:7).

Magagalak tayo para sa mga nakatagpo ng kaligtasan sa pamamagitan ng ating ministeryo (1 Tesalonica 2:19).

► Sama-samang tingnan ang 1 Juan 3:1-3.

Sinasabi sa 1 Juan 3:1-3 na dahil tayo ay mga anak na ng Diyos, tayo ay naiiba mula sa mundo. Gayunman, wala pa ang mga mananampalataya sa pisikal na anyo na tataglayin nila sa habang-panahon. Sa pagbabalik ni Kristo, makikita natin siya sa kanyang niluwalhating anyo, at tayo rin ay babaguhin nang katulad niya.

Ang isang taong namumuhay nang may pananabik sa pangyayaring ito ay mamumuhay nang may kadalisan sa moral at espirituwal dahil nais niyang maging katulad ni Hesus. Hindi magiging angkop kung sinasabi ng isang tao na nais niyang maging katulad ni Hesus sa langit ngunit ayaw naman niyang maging katulad niya kung paano siya naging dalisay dito sa lupa.

Isa pang sipi na nagbibigay ng koneksiyon sa pagitan ng banal na pamumuhay at ng ating inaasahang pagbabago sa pagbabalik ng Panginoon ay ang Filipos 3:20-21.

Ipinanalangin ni Pablo na ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay matatag sa pag-ibig upang sila ay maging walang kapintasan sa espiritu, kaluluwa at katawan sa pagbabalik ni Kristo. Ang kanyang panalangin ay hindi ang maging banal sila sa pagbalik ni Kristo, kundi maging banal sila sa pamumuhay Kristiyano at matagpuang banal sa pagbabalik ni Kristo (1 Tesalonica 5:23).

► Iba't-ibang mag-aaral ang dapat bumasa sa Mateo 24:30-31, Marcos 13:26-27, at Lucas 21:27-28 para sa grupo.

Ang pagdating ng Panginoon at pagtitipon sa kanyang bayan ay inilarawan sa mga talatang ito sa mga ebanghelyo. Hindi lahat ng teologo ay naniniwala na ang mga talata na ito ay naglalarawan sa rapture, sa dalawang kadahilanan: (1) naniniwala sila na ang rapture ay magaganap bago ang kapighatian, subali't ang mga talata sa mga ebanghelyo ay naglalagay ng pagbabalik ni Kristo sa hulihang bahagi, at (2) naniniwala sila na ang rapture ay masasaksihan ng mga mananampalataya lamang, subali't ang mga talata na ito ay nagsasabi na masasaksihan ng lahat ng tao sa mundo ang pagbabalik ni Kristo.

Sa leksiyong ito, pag-aaralan natin ang kontrobersiya kung si Kristo ay babalik bago, sa panahon, o pagkatapos ng tribulation. Mahalagang tandaan na ang pananaw ng isang tao patungkol sa kontrobersiyang ito ay hindi nagsasabi kung siya ba ay isang tunay na Kristiyano o hindi. Ang pagbabalik ni Kristo ay isang kinakailangang doktrinang Kristiyano, subali't hindi ang panahon ng kanyang pagbalik. Maaaring may matibay na opinyon ang isang Kristiyano batay sa kanyang pagkaunawa sa mga pangungusap sa Biblia, subali't hindi niya dapat putulin ang kanyang pakikipag-ugnayan sa isang mananampalataya na may naiibang palagay.

## **Mga Unang Paniniwala ng Iglesia Patungkol sa Rapture**

### ***Ang Didache***<sup>34</sup>

Ang sulat na ito ay nagbigay ng babala sa mga mananampalataya upang hindi lumayo mula sa kanilang pananampalataya sa panahon ng paghahari ng Antichrist.

Mayroong "lilitaw na manlilinlang sa mundo bilang Anak ng Diyos, at siya ay gagawa ng mga tanda at mga kamangha-manghang bagay, at ang mundo ay ibibigay sa kanyang mga kamay...at marami ang masasaktan at maliligaw, subali't sila na nagtiis sa kanilang pananampalataya ay maliligtas... pagkatapos makikita ng mundo ang Panginoon na dumarating sakay ng ulap mula sa kalangitan."

### ***The Shepherd of Hermas***<sup>35</sup>

Binigyang babala ng sumulat ang mga mananampalataya sa isang dakilang pag-uusig sa hinaharap. Sinabi niya na kung ang iglesia ay binigyang babala upang panatilihin ang kanyang pananampalataya, mawawalan ng kahulugan ang pagsubok.

### **Justin Martyr**

Si Justin Martyr ay isang tagapagtanggol ng pananampalataya na sa wakas ay namatay para sa kanyang patotoo. Ito ang isinulat niya tungkol sa pagbabalik ni Kristo, "Darating siya mula sa langit nang may kaluwalhatian kapag ang lalaking lubusang tumalikod sa relihiyon, na nagsasalita ng mga banyagang bagay laban sa Kataas-taasan, ay magsisikap na magsagawa ng pinagbabawal na mga bagay sa mundo laban sa atin na mga Kristiyano" (*Dialogue with Trypho*, 110).

"Ang bawat ama ng simbahan na tumatalakay sa paksa ay inaasahan na pagdurusa ng iglesia sa kamay ng antichrist"  
- George Eldon Ladd,  
*The Blessed Hope*

### **Irenaeus**

Si Irenaeus ay isang obispo ng ika-2 siglo. Nagsalita siya tungkol sa sampung kaharian na kinakatawan ng sampung sungay sa Daniel, na "ibibigay ang kanilang kaharian sa halimaw

<sup>34</sup> Isang buod ng doktrinang Kristiyano na isinulat sa ika-2 siglo

<sup>35</sup> Ginamit sa mga iglesia bilang materyal na para sa debosyon mula sa tinatayang 150 A.D.

at ilalagay ang iglesia sa pagtakas. Pagkatapos noon sila ay wawasakin sa pagdating ng ating Panginoon" (*Against Heresies, 5-26-1*). "At para sa dahilang ito, kinakailangan ang Kapighatian para sa mga naligtas... upang sila ay maging angkop para sa maharlikang piging" (27-4). Tinutukoy niya ang mga mananampalataya na nakaligtas sa Kapighatian bilang "ang mga matatagpuan ng Panginoon sa kanilang katawan, naghihintay sa kanya mula sa langit, at nagtiis ng Kapighatian, maging iyong mga nakatakas sa kamay ng Masama" (35-1).

### **Tertullian**

Inilarawan ni Tertullian ang araw ng Panginoon, tinukoy ang mga tanda at kahanga-hangang mga bagay, ang pagkawasak ng mundo at digmaan ng mga bansa. Pagkatapos, binanggit niya ang talata na nagsasabi sa mga mananampalataya na "Magbantay nga kayo at laging manalangin upang kayo ay ariing katanggap-tanggap upang matakasan ang lahat ng mga bagay na ito at tumayo sa harap ng Anak ng Tao", at pagkatapos sinabi niya na ang kaligtasang ito ay mangyayari pagkatapos maganap ang lahat ng mga bagay na ito.

### **Lactantius**

Si Lactantius ay isang tagapanguna sa iglesyang Latino noong ika-3 siglo. Sa paglalarawan sa paghahari ng Antichrist, inihula niya na 2/3 ng mga mananampalataya ang mamamatay bilang martir sa panahong iyon. Isusugo ng Diyos ang "Dakilang Hari" upang iligtas sila at wasakin ang mga masama (*Divine Institutes, 7*).

### **Si Hippolytus**

hindi gagawin ng Diyos. Pinahahalagahan ng Diyos ang pag-iral ng mga may malayang moral na nilalang kaya pinayagan niya ang posibilidad nang pagdurusa.

Maaaring pahintulutan ng Diyos ang isang gawa ng kasalanan o isang pangyayari ng pagdurusa sapagkat upang mapawi ito kaagad ay makagambala sa kanyang plano ng panghuling pagpapanumbalik. Sa puntong iyon, ang lahat ng kasalanan at pagdurusa ay maaaring masabing kanyang kalooban, bagaman ang lahat ay sa isang diwa na salungat sa kanyang kalooban. Ang mga kaganapang ito ay hindi banta sa soberanya ng Diyos. Nagaganap ang mga ito sa loob ng kanyang kalooban kung saan pinapayagan niyang mangyari ang malayang pagpili sa loob ng mga limitasyon.

Ang ilang mga nag-iisip ay naniniwala na ang kasalanan ay mahalaga sa proseso ng pagbuo ng isang malayang nilalang sa isang tao na malayang pinipiling gawin ang kalooban ng Diyos. Hindi ito ang larawan na ibinibigay ng Biblia. Ayon sa Genesis, ang mga unang tao ay perpekto, at ang kasalanan ay hindi maling hakbang ng isang nilalang na bahagyang nakakaalam ng higit, ngunit sadyang paghihimagsik laban sa Diyos. Ang unang kasalanan ay hindi nagsimula sa isang taong nasa proseso ng paitaas na pag-unlad ngunit siya ay nahulog sa siya sa kahalayan at nagdala ng sumpa sa lahat ng nilikha. Ang pagkahulog sa kasalanan ay dapat isaalang-alang bilang isang trahedyang, na hindi man mahalaga sa plano ng Diyos o kapaki-pakinabang sa sangkatauhan. Gayunpaman, dahil ang kasalanan ay gawa ng isang malayang pagpapasya, ang oras ay kasangkot para sa paghimok at pagpapasya ng mga kalooban. Sa puntong iyon, ang mundo ay isang lugar na kung saan ang Diyos ay kumikilos upang paunlarin ang ating pananampalataya at pagkatao. Ginagamit ng Diyos ang sitwasyong umiiral upang dalhin ang kanyang nilikha sa lubusang paggaling, ngunit hindi niya kailangan ng kasalanan para sa kanyang orihinal na plano.

Ang mga kapwa eksklusibong pagpipilian ay mayroon kahit para sa Diyos. Halimbawa, hindi siya maaaring pumili ng pareho upang lumikha at hindi lumikha. Samakatuwid, hindi siya parehong makagambala sa lahat ng mga kaso ng pagdurusa at pinapayagan din ang pagdurusa na ipakita ang mga kahihinatnan ng kasalanan at ang pangangailangan ng kaligtasan.

► Paano pinahihintulutan ng Diyos ang tao na gawing posible ang pagdurusa?

### **The Paradox ng Pagdurusa bilang sinasamantalang kasamaan**

Ang kasalanan ay salungat sa nakasaad na kalooban ng Diyos. Ang kasalanan ay salungat sa kalooban ng Diyos kahit na ginawa niyang posible sa pamamagitan ng paglikha ng mga malayang nilalang, pinayagan itong mangyari, at kinasangkapan ito upang magbunga ng mabuti mula rito. Samakatuwid, ang orihinal na kasalanan at kasalukuyang nagagawang mga kasalanan ay kapwa masama.

Ang pagkilala na ang Diyos ngayon ay kumikilos upang tuparin ang bahagi ng kanyang layunin sa pamamagitan ng pagdurusa ay hindi sumasalungat sa katotohanang hindi ito ang kanyang orihinal na hangarin. Hindi niya dinisenyo na ang pagdurusa ay maging bahagi



ng kanyang nilikha, ngunit ginagamit niya ang pagdurusang ngayon upang matulungan tayong ibalik sa kanyang perpektong plano.

Dahil ang paghihirap ay hindi mabuti, tama lamang na subukan nating iwasan ito. Dapat nating sikaping mapawi ang pagdurusang ng iba. Normal sa atin na magdalamhati tungkol sa pagdurusang, ayon sa Banal na Kasulatan. Si Hesus ay umiyak at naghinagpis sa libingan ni Lazarus kahit alam niyang bubuhayin niya si Lazaro mula sa mga patay. Kahit na alam nating magagampanan ng Diyos ang mabuti sa pamamagitan ng pagdurusang, sa ngayon nalulungkot tayo dahil dito.

Tulad ng sinabi ni C.S. Lewis,<sup>43</sup> sa kasalukuyang kalagayan ng mundo na nakikita natin:

- (1) Ang mabuting nagmumula sa Diyos,
- (2) Ang kasamaan na ginawa ng mga suwail na nilalang,
- (3) Ang paggamit ng Diyos sa kasamaan para sa kanyang nakatutubos na layunin, na nagbubunga ng
- (4) Mabuti na nagmumula nang bahagya mula sa pagdurusang at pinagsisihang kasalanan.

### **Ang Mga Pangako ng Banal na Kasulatan**

Tila nangako ang Diyos ng proteksyon, pagkakaloob ng pangangailangan, at mahabang buhay para sa matuwid, ngunit ang matuwid ay nagdurusang. Paano natin mauunawaan ang mga pangako sa Biblia kung ihahambing natin ito sa karanasan?

Ganap na kinikilala ng Biblia na ang pagdurusang ay totoo, kahit na para sa mga matuwid na tao. Sinasabi ng aklat ng Mangangaral na ang hustisya sa buhay na ito ay isang walang kabuluhang pag-asa. Sinasabi ng aklat ng Pahayag na ang paghihirap at pag-uusig ay inaasahan hanggang sa pagbabalik ni Kristo. Ipinakita ng aklat ng Job na ang hindi nararapat na pagdurusang ay maaaring dumating sa matuwid, at dapat silang maging kontento na magtiwala sa Diyos kahit hindi natin alam ang dahilan ng pagdurusang. Hinulaan ng mga Ebanghelyo ang pag-uusig para sa mga sumasampalataya.

Paano maitutugma ang mga pangako ng Banal na Kasulatan sa katotohanang ang matuwid ay naghihirap? Yamang kinikilala ng Diyos sa Banal na Kasulatan na ang pagdurusang ay mangyayari sa lahat, bakit siya gumawa ng ganoong mga pangako? Karamihan sa mga pangakong ito ay matatagpuan sa mga Awit. Gayunpaman, kinikilala din ng Mga Awit ang katotohanang pagdurusang at kawalan ng katarungan. Pinararatangan nila na itinatago ng Diyos ang kanyang sarili (10: 1) at kinakalimutan ang kanyang lingkod (13: 1), at itinatangis nila ang katotohanang ang mga matuwid na tao ay pinahihirapan at ang masama ay naitataas (12: 1,8).

---

<sup>43</sup>Paraphrased from C.S. Lewis, *The Problem of Pain*. (New York: Macmillan, 1962).

Ang katotohanan na ang Mga Awit ay mga tula ito ay maaaring isang palatandaan sa pag-unawa sa mga pangakong ito. Marami sa Mga Awit ay mga panalangin. Ibinubuhos ng pagsusumamo ang damdamin ng kanyang puso. Kadalasan ang mga damdaming ipinahayag ay hindi tumutugma sa mga ikinikilos ng tao. Halimbawa, nanalangin si David para sa matinding paghuhukom sa kanyang mga kaaway, subalit tinanggap sila ng may awa at kapatawaran. Gayundin, ang mga panalangin na nagpapatang sa Diyos ng kawalang katarungan o kapabayaang ay pagpapahayag ng damdaming hindi dapat ituring na isang aktwal na deklarasyon na ang nagsasalita ay nawalan na ng kanyang pananampalataya. Kadalasan kahit sa parehong Awit ang nagsasalita ay gagawa ng ganoong mga akusasyon at kalaunan ay magpapahayag ng pananampalataya. Itinuturo ng Mga Awit na dapat tayong magtiwala sa Diyos kahit hindi natin siya nauunawaan.

Upang maging tugma sa genre, ang Mga Awit na naglalaman ng mga pangako ay dapat bigyang kahulugan sa parehong paraan. Dapat silang isipin bilang pagpapahayag ng papuri, bilang mga patotoo na namamagitan ang Diyos, ngunit hindi bilang mga garantiya na gagawin niya iyon sa lahat ng pagkakataon.

Ang mga pangako ng proteksyon ng Diyos ay nabanggit din sa Bagong Tipan. Sa 2 Timoteo 4:18, sinabi ni Pablo, "At ililigtas ako ng Panginoon mula sa bawat masamang gawain, at iingatan niya ako hanggang sa kanyang kaharian sa langit." Ang pahayag na ito ay maaaring sabihin na nangangahulugang poprotektahan si Pablo mula sa pisikal na pinsala, ngunit siya ay nakabilanggo sa panahong iyon, at sa mga naunang talata ay malinaw na sinabi niya na inaasahan niyang mawawala ang kanyang buhay dahil sa kanyang pananampalataya. Malinaw na ang pag-asa ni Pablo na makalaya at mapangalagaan ay isang bagay na higit pa kaysa sa pisikal na proteksyon. Tila maliwanag na sinabi ni Pablo na ang kanyang pananampalataya ay makakaligtas at ang kanyang kaluluwa ay mapangangalagaan. Ang pangangalaga sa espiritu ay higit na mahalaga kaysa sa kaligtasan ng katawan kaya't maaaring harapin ni Pablo ang tiyak na pagkamartir at patuloy na nakaramdam na protektado siya ng Diyos.

Ang kaparehong pahayag ay makikita sa Lucas 21:16-19:

At kayo ay ipagkakanulo ng mga magulang, at mga kapatid, at mga kamag-anak, at mga kaibigan; at sila ay magiging sanhi ng pagpatay sa ilan sa inyo. At kamumuhian kayo ng lahat ng tao alang-alang sa aking pangalan. Ngunit ni isang buhok ng iyong ulo ay hindi mawawala. Manatili kayong nagtitiis.

Ang mga salitang ito ni Hesus ay hinulaan ang parehong kamatayan at proteksyon. Malinaw na, si Hesus ay tumutukoy sa isang proteksyon na higit na mahalaga kaysa pisikal na proteksyon.

Kapag ang isang taong walang pananampalataya ay nagdurusa nang malubha, may takot na ang isang bagay na mahalaga sa tao ay maaaring masira. Ang pagdurusa ay maaaring pakiramdam tulad ng kaluluwa ay nadurog o hinihiwalay. Ang takot na ito ay halos katulad ng takot sa kamatayan. Ipinangako ng Diyos sa mananampalataya na hindi ang kamatayan

o pagdurusa ang maaaring sumira sa kanya. Iningatan siya sa kaharian ng Diyos na may buhay na walang hanggan.

### **Takdang Aralin:**

- (1) Takdang-Aralin na Isusulat: Ilarawan ang isang panahon kung kailan ang Diyos ay nagbigay aliw at nagdala ng magagandang resulta mula sa pagdurusa sa iyong buhay. Ilarawan ang isang panahon ng pagdurusa na hindi mo pa rin nauunawaan.
- (2) Takdang Aralin: Paano mo sasagutin ang isang tao na nagsasabing hindi siya naniniwala sa Diyos dahil sa pagdurusa sa mundo?



## Leksiyon 14

### Ang Pananaw ng Kristiyano sa Pag-uusig

► Basahin ang 1 Mga Taga-Corinto 15: 30-31. Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niya na siya'y namamatay araw-araw?

Paano nakakatulong ang konteksto upang maunawaan natin ang kanyang ibig sabihin? Hindi nagsasalita si Pablo tungkol sa kanyang pagkamatay sa kasalanan araw-araw. Inilalarawan ng sipi kung paano niya patuloy na inilalagay sa panganib ang kanyang buhay para sa ebanghelyo. Sinabi ng talata 30 na siya ay nasa panganib sa lahat ng sandali. Nang sabihin niyang siya'y "namamatay araw-araw" ibig niyang sabihin na inilalagay niya sa panganib ang kanyang buhay araw-araw; araw-araw niyang isinusuko ang kanyang buhay sa mga panganib ng kanyang ministeryo.

#### **Pasanin ang Krus**

Ang Kristiyanismo ay sinimulan ni Kristo Hesus, na namatay para sa kanyang pagpapatotoo sa katotohanan. Mula sa simula, ang komunidad na Kristiyano ay mayroon nang di-pagkakasundo sa mga kaaway ng katotohanan. Kung minsan ang di-pagkakasundong iyon ay nagiging dahilan ng marahas na pag-uusig. Sinabi ni Hesus na ang pagiging tagasunod niya ay katulad ng pagpapasan ng krus upang sundan siya hanggang sa kamatayan (Mateo 16:24). Sinabi niya na kung ikinahihiya natin siya sa harap ng mundo, ikahihiya rin niya tayo (Marcos 8:38). Sinabi niya na kinamumuhian ng mundo ang mga mananampalataya sa parehong dahilan na kinamuhian nila siya (Juan 15:18).

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo na asahan na nila ang pag-uusig (Mateo 10:19, 23, 24:9).

Dahil sa hindi maiiwasang di-pagkakasundo sa pagitan ng mga Kristiyano at ng mundo, sinabi ni apostol Pablo na "Ang lahat ng mamumuhay ng makaDios na paraan kay Kristo Hesus ay magdurusa ng pag-uusig." (2 Timoteo 3:12).

Sinabi ni apostol Pedro na hindi dapat magulat ang mga mananampalataya dahil sa pag-uusig, na tila ito'y isang hindi pangkaraniwang bagay na nangyayari (1 Pedro 4:12).

Sinabi ni apostol Juan na hindi dapat magulat ang mga mananampalataya na kinamumuhian sila ng mundo (1 Juan 3:13).

Itinuring ni Pablo ang kanyang sariling pagdurusa para sa ebanghelyo bilang pagpapatuloy ng paghihirap ni Kristo (Colosas 1:24). Si Kristo ay nagdusa at namatay upang ipagkaloob ang paraan ng kaligtasan; nagdusa si Pablo sa pagdadala ng ebanghelyo upang ang mga makasalanan ay sumampalataya at maligtas.

## Isang Sulyap sa Kasaysayan

Ang mga Judio ang unang mga tagausig sa mga Kristiyano; inusig nila lalo na ang mga Kristiyanong Judio. (Mga Gawa 7, 8:13).

Sa mga unang henerasyon ng iglesia, ang mga Hentil na nagbalik-loob sa iba't-ibang bansa ay nakaranas ng pag-uusig mula sa mga kaibigan, pamilya, at lokal na pamahalaan dahil ayaw nilang sumamba sa mga lokal na dios.

Taong AD 250, iniutos ng Romanong Emperador na si Decius ang pag-uusig sa sinumang hindi sasamba sa mga Romanong dios at sa emperador. Nangyari sa iba't-ibang lugar at iba't-ibang panahon hanggang 313, hindi laging sa kabuuan ng buong imperyo. Pinarusahan ang mga Kristiyano ng pagkakulong, pagkawala ng mga ari-arian, pagkabihag, at kung minsan ay kamatayan.

Sa buong panahon ng mga siglo ng iglesia, nagdusa ang mga Kristiyano sa maraming lugar. Kung minsan ang pag-uusig ay dahil ang mga Kristiyano ay tumatangging makilahok sa pagsamba ng ibang relihiyon. Sa ibang lugar, hinihingi ng pamahalaan ang lubusang katapatan dito at hindi tumatanggap ng anumang ibang relihiyon.

Ang pag-uusig at pagiging martir ay dumami sa modernong panahon. Mahirap bilangin ang naging martir, dahil ang digmaan at iba pang karahasan ay hindi laging madaling ibukod sa pag-uusig. Ipinapalagay na nasa 10,000 hanggang 150,000 na martir bawat taon. May ilang iskolar na ipinapalagay na may kabuuang 70 milyong Kristiyano ang namatay dahil sa kanilang pananampalataya sa buong kasaysayan, kabilang ang lahat ng nagpapahayag na sila'y Kristiyano mula sa alinmang denominasyon.<sup>44</sup> Karamihan ay namatay dahil sa pag-uusig ng pamahalaan; milyon pa ang bilang ng namatay dahil sa pag-uusig ng ibang relihiyon, pangunahin na ang Islam. Milyon din ang bilang ng pinatay ng Simbahang Romano Katoliko at ng Silanganing Orthodox Church.

## Ang Ultimong Saksi

Ang Griegong salita na *martir* ay literal na nangangahulugang saksi. Sa paglipas ng panahon, ang iglesia ay naniwala na ang ultimong gawain ng pagiging saksi ay ang mamatay dahil sa pananampalataya, kung kaya't ang mga namatay dahil sa pag-uusig ay tinawag na mga martir sa paraang ang ibang saksi ay hindi tinukoy.

Itinuring na mga bayani ng unang iglesia ang mga martir. Ang sumulat ng paglalarawan sa kamatayan ni Policarpio ay nagsabi na, "Hindi natin kailanman maaaring talikuran si Kristo...hindi rin tayo maaaring sumamba sa ibang tao...ngunit minamahal natin ang mga martir bilang mga tagasunod at mga tumutulad sa Panginoon."

---

<sup>44</sup>Todd M. Johnson, "Christian Martyrdom: A Global Demographic Assessment," 2012. Accessed at <https://archive.gordonconwell.edu/ockenga/research/documents/TheDemographicsofChristianMartyrdom.pdf> June 24, 2020.

Sinabi ni Cyprian (A.D. 200-258), "Walang anumang mas hihigit na pagpapala kaysa sa mamatay bilang isang martir; ang ipahayag si Hesus, sa kamatayan mismo, sa harap ng mga nakatakang pumatay sa iyo." Si Cyprian mismo ay nagdusa ng pagiging martir.

Kung minsan nalalaman ng mas maaga ng isang mananampalataya na siya ay pinili ng Diyos upang maging isang martir. Madalas ang pagpapahayag ay nagiging isang saglit ng pagbabalik-loob, kapayapaang panloob, at espirituwal na pagpaparangal.

Sina Obispo Latimer at Ridley ay sinunog sa England noong 1555 dahil sa pangangaral ng ebanghelyo. Habang naghihintay sila sa kanilang pagharap sa husgado, namighati sila nang marinig nila na ang mga tao ay tumatalikod sa kanilang pananampalataya. Kapag nakaririnig sila ng isang taong binibitay dahil sa kanyang pananampalataya, itinuturing nila ang pangyayari bilang isang tagumpay para sa ebanghelyo. Isang historyador ang nagsulat na bago sunugin, sinabi ni Latimer, "Maging masaya ka, master Ridley, at magpakalalaki ka, dahil sa araw na ito sa biyaya ng Diyos, magsisindi tayo ng kandila sa England na ang liwanag ay hindi kailanman mamamatay."<sup>45</sup>

Sinasabi sa atin ng Biblia na tila isang anghel ang mukha ni Esteban sa kanyang paglilitis (Mga Gawa 6:15). Sa buong kasaysayan maraming bilang ng kaso ng mga taong humarap sa pagpapahirap nang may matinding katapangan at kaligayahan kung kayat nagbalik-loob ang mga nakasaksi. May mga taong nagdusa para kay Kristo ang nagsabi na naramdaman nila ang matinding presensya ng Diyos sa panahon ng kanilang paghihirap kung kaya't sila ay nag-aatubiling makita na iyon ay magwakas.

Maraming mananampalatayang nagdusang ang nagkwentong tungkol sa mga panaginip, pangitain, at mga karanasan ng presensya ni Kristo at ng Banal na Espiritu.

Si Justin Martyr (A.D. 100-165), na sumulat upang ipagtanggol ang Kristiyanismo at sa wakas ay namatay bilang isang martir, ay nagsabi ng ganito tungkol sa pagiging epektibo ng patotoo ng isang martir: "Ngayon malinaw na walang sinumang makakatakot o makakalupig sa atin na sumampalataya kay Hesus sa buong mundo. Dahil simple lamang na, bagaman pinugutan ng ulo at ipinako, at itinapon sa mababangis na hayop, at iginapos,

"Mula sa pagsisimula, ang unang iglesya ay pinag-usig una ng mga Judio, pagkatapos ay ng mga Griego, pagkatapos ay ng mga Romano, pagkatapos ay ng mga pulutong na barbaro. Sa makabagong panahon ang mga Kristiyano ay patuloy na pinag-uusig, ang mga Kristiyanong Armenian ay inusig ng mga Turks, ang mga Orthodox na Kristiyano ng mga tagasunod ni Stalin, ang mga ebangheliko sa pamamagitan ni Castro, ang mga Katoliko sa pamamagitan ng Pol Pot genocide, at kapwa ang mga Judio at Kristiyano sa pamamagitan ng mga Nazi. Sa kasamaang-palad, ang listahan ay nagpapatuloy at tila nagpapatuloy na walang wakas sa mga Kritiyanong minorites sa Ethiopia, Mozambique, South Africa, North Korea, Iran, Nepal, and Burma."  
- Thomas Oden,  
*Life in the Spirit*

<sup>45</sup>John Foxe, *Foxe's Book of Martyrs* (1883 edition)

at apoy, at lahat ng iba pang klase ng pagpapahirap, hindi natin isinusuko ang ating ipinapahayag; subalit mas marami pang mga bagay na tulad noon ang nagaganap, marami pang iba at higit pang mas marami ang bilang ng nagiging matapat, at sumasamba sa Diyos sa pamamagitan ng pangalan ni Hesus.”<sup>46</sup>

Si Tertullian (tinatayang A.D. 150-230) ang nagsabi, “Mas madalas na kami ay tinatabas ninyo, mas dumarami ang aming bilang; ang dugo ng mga Kristiyano ay butong binhi.”<sup>47</sup> Ang pangungusap na ito ay madalas binabanggit bilang, “Ang dugo ng mga martir ay ang binhi ng iglesya.”

► Ang pag-uusig ba ay laging nakakatulong sa paglago ng iglesya, o nakakahadlang din ito sa paglaganap ng ebanghelyo?

Ang jizya ay isang buwis na kinokolekta ng mga bansang Muslim sa mga hindi Muslim sa kanilang bansa sa buong kasaysayan. Ang ideya ng buwis ay nagmumula sa Koran. Ang buwis ay nangangahulugan na ang mga hindi Muslim ay hindi talaga kabilang sa bansa at kailangan nilang magbayad para sa pribilehiyo ng paninirahan doon.

► Ano sa iyong palagay ang magiging epekto ng Jizya sa pag-eebanghelismo?

Sa loob ng daang taon, ang Alexandria sa Egipto ang naging sentro ng kaalamang pangkaisipan ng Silanganing Kristiyanismo. Ito ang lungsod ng Athanasius, isa sa pinakadakilang tagapagtanggol ng katotohanang Kristiyano.

Isang hukbong Muslim mula sa Mecca ang sumakop sa Hilagang Africa noong A.D. 639. Pagkalipas noon itinatag nila ang lungsod ng Cairo sa Egipto. Inatasan ang mga Kristiyano na magbayad ng mataas na buwis at hindi makakahawak ng mga posisyon sa pamahalaan, subali’t hindi sila pinatay. Sa loob ng ilang henerasyon, ang porsiyento ng mga Kristiyano sa Egipto ay maliit lamang.

► Ano ang sinasabi sa atin ng kasaysayang ito tungkol sa posibilidad ng negatibong epekto ng pag-uusig?

► Nagbebenepisyo ba sa pag-uusig ang iglesya sa anumang paraan, bukod sa maaaring maging dahilan upang magkaroon ng mas maraming pagbabalik-loob?

Marami sa mga sinaunang ama ng iglesya ang sumulat na ang pag-uusig ay may epekto na dalisayin ang iglesya. Kapag ang pagiging miyembro ng isang iglesya ay nagdadala ng mga benepisyong materyal at kalagayan sa lipunan, maaaring magkaroon ang tao ng maling motibo sa paglahok sa iglesya. Kapag inuusig ang iglesya, ang mga tao ay sumasali dahil sa espirtual na prayoridad.

Ipinahayag ni Marvin Newell ang mga obserbasyong ito tungkol sa epekto ng pagiging martir sa ibang mananampalataya. “Naging dahilan ito (ang pagiging martir) upang ang

---

<sup>46</sup>Justin Martyr, *Dialogue with Trypho*, Chapter 110

<sup>47</sup>Tertullian, *Apologeticus*, Chapter 50



karamihan ay sumandaling tumigil at muling pag-isipan ang sukdulang halaga ng pagiging disipulo. Pinipilit nito ang marami na tanungin kung ang kanilang mga sarili ay nakaaabot sa pinakamataas na pamantayan ng debosyon kay Kristo at sa kanyang gawain. Hinihikayat nito ang iba na talikuran ang makasariling mga plano at ambisyon at bumaling sa paglilingkod kay Kristo sa mahihirap at mabibigat na mga pagkakataon. Lumilikha ito ng isang pamantayan para sa Iglesia upang sukatin ang kahalagahan nito – kung ang mga gawain nito ay makahulugan at tunay na mahalaga kung ang pag-uusapan ay pangwalang-hanggan.”<sup>48</sup>

## Tuntunin ng Pagiging Martir

► Ano ang iyon iisipin kung ang sasadyain ng isang taon na sikap ng siya ay patayin bilang isang martir? Bakit?

Hinangaan ng iglesia ang mga martir. May mga nagnanais na maging martir at sinasadyang sikapin na sila ay mapatay. Hindi sinasang-ayunan ng iglesia ang isang naghahanap na siya ay maging martir. Kung ang isang tao ay hindi pinili ng Diyos upang maging isang martir, maaaring hindi siya magkaroon ng kalakasan mula sa Diyos upang panatilihin ang kanyang pananampalataya.<sup>49</sup> Gayundin naman, ang isang taong nagbubunsod sa mga umuusig sa kanya upang siya ay patayin ay naghahatid ng panganib sa iba.

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga tagasunod, “Kapag kayo’y inusig nila sa isang lungsod, tumakas kayo patungo sa ibang lugar” (Mateo 10:23). Sinasabi sa atin ng kautusang ito na wasto lamang na iwasan natin ang pag-uusig.

### Nagpapatawad ng mga mang -uusig

“Hindi ako nagagalit sa sinumang gumawa nito. Sinasabi ko sa kanya, ‘Patawarin ka nawa ng Diyos, at pinatatawad ka rin namin.’ Maniwala ka sa akin, pinatatawad ka namin.” Ang mga salitang ito ang sinabi ng balo ni Naseem Faheem, pagkatapos na ang kanyang asawa ay patayin sa labas ng St. Mark’s Cathedral sa araw ng Palm Sunday sa pamamagitan ng isang bomba ng terorista. (Abril 9, 2017).

Naniwala ang iglesia na ang pagiging martir ay dapat makatulad sa kamatayan ni Kristo. Hindi dapat sikapin ng isang Kristiyano na siya ay patayin, o kaya’y ipagkanulo ng iba. Ang pag-uugali ng isang martir sa panahon ng paghihirap ay dapat katulad ng sa Panginoon. Gayundin, dapat tama ang dahilan ng pag-uusig. “Hindi ang paghihirap, kundi ang dahilan ng pag-uusig ang siyang gumagawa ng isang martir” (Augustine). Ang dahilan ng pagiging martir ay ang pagpapatotoo o paninindigan ng isang Kristiyano.

## Konteksto ng Eschatology

*Note sa tagapanguna sa klase: Hilingan ang klase na magbigay ng mga halimbawa ng Kasulatan sa Bagong Tipan tungkol sa pag-uusig. Kung maaari, ilarawan ang mga iyon sa isang*

<sup>48</sup>Marvin Newell, “The Missionary Martyr: What We Learn from Those Who Gave Their Lives for the Cause of Christ.” Accessed at <https://missionexus.org/the-missionary-martyr-what-we-learn/#myaccount> June 24, 2020.

<sup>49</sup> Tingnan ang kaso ni Quintus, ang Phrygian mula sa isinulat tungkol sa kamatayan ni Policarpo.

*board kung mayroon. Pagkatapos nilang maglista ng marami, ituro ang sumusunod na aralin.*

Ang Bagong Tipan ay isinulat sa mga mananampalataya na nakauunawa sa katotohanan ng pag-uusig. Ang maraming reperensiya sa pag-uusig ay nagpapakita na maraming Kristiyano ang nakaranas ng pag-uusig at nalalaman na maaaring mangyari rin iyon sa kanila sa hinaharap.

Inilalarawan ng Aklat ng Mga Gawa ang maraming pangyayari ng pag-uusig. Binato si Esteban, at pinangalat ng pag-uusig ang mga mananampalataya mula sa Jerusalem. Nanguusig si Pablo bago siya nagbalik-loob.

Kung minsan binabanggit ni apostol Pablo sa kanyang mga sulat ang katotohanan na siya ay isang bilanggo para sa Panginoon (Efeso 3:1, 4:1, 2 Timoteo 1:8), at nagsabi na "nakipaglaban ako sa mababangis na hayop sa Efeso"(1 Corinto 15:32), at palaging inilalagay sa panganib ang kanyang sarili (1 Corinto 15:31). Nabilanggo rin si Timoteo (Hebreo 13:23).

Sinabi ni Pedro sa kanyang mga mambabasa na tiyakin na sila ay hindi kailanman nakagawa ng krimen, nguni't maging masaya kung sila ay magdurusa dahil sa pagiging matuwid. (1 Pedro 3:14).

Sinabi ng sumulat ng Hebreo sa kanyang mga mambabasa na alalahanin ang mga nasa bilanguan. (Hebreo 13:3).

► Sama-samang tingnan ang 1 Corinto 1:8-10.

Inisip ng mga apostol na sila ay papatayin, subali't naisuko na nila ang kanilang mga buhay sa Diyos, dahil nalalaman nila na sa wakas ay bubuhayin Niya sila mula sa mga patay.

Maaari nating maisip na sa panahon ng Bagong Tipan madalas na nakikita o naririnig ng mga mananampalataya ang pag-uusig na nangyayari sa mga mananampalataya sa ibang lugar. Ang maging Kristiyano ay katumbas ng buhay na may posibilidad (at kung minsan ay may katiyakan) ng pag-uusig.

Bagaman hinihintay at inaasahan ng mga Kristiyano ang pagbabalik ni Hesus, sinabihan sila na asahan ang pag-uusig bago ang pangyayaring iyon. Ang mga talata ng propesiya o hula sa Kasulatan ay laging nagpapaalala sa mga mananampalataya na ang pag-uusig ay magiging isang katotohanan sa mga huling araw (Mateo 10:17, 24:9, Lucas 12:11-12, Pahayag 6:9-11, 12:17, 13:15). Ang isang layunin ng eschatology ay ang ipaliwanag ang pagiging makapangyarihan ng Diyos sa isang mundo kung saan ang kanyang mga tao ay pinag-uusig, upang mapanatili nila ang kanilang pananampalataya sa kanya hanggang matupad ang kanyang mga plano.

## **Mga Takdang-Aralin**

- (1) Isusulat na Takdang-Aralin: Sinasabi sa atin ng Biblia na tayo'y magsaya at matuwa kapag tayo ay pinag-uusi (Mateo 5:12), gayunman dapat tayong manalangin para sa tahimik at mapayapang pamumuhay (1 Timoteo 2:2). Paano mo ipapaliwanag ang malinaw na pagkakasalungat sa mga prinsipyo mula sa leksiyong ito?
- (2) Takdang-Araling Isusulat: Paano kapwa nakakatulong at nakakahadlang ang pag-uusig sa iglesya?
- (3) Pag-aaral ng Talata: Pag-aralan ang 2 Corinto 4:8-18. Nagtiis ng paghihirap ang mga apostol, bilang pagsunod sa halimbawa ni Hesus. Kaya nilang magtiis dahil naranasan nila ang kalakasan at pagpapanibagong-lakas na panloob. Pumapayag silang magdusa dahil tumanggap sila ng espirituwal na buhay at tumatanaw sila sa hinaharap sa walang hanggang kaluwalhatian. Sumulat ng buod ng talatang ito.



# Leksiyon 15

## Isang Bagong Mundo

### Ang Prediksiyon ng Isang Bagong Mundo

Sinasabi sa atin ng Biblia na ang Diyos ay may plano para sa isang bagong mundo na magiging totoong naiiba sa ating kasalukuyang mundo.

Nakita ni Apostol Juan ang isang bagong mundo sa hinaharap na iiral pagkatapos ng kasalukuyang mundo. Wala nang dagat, na nagpapahiwatig ng malawakang pagbabago sa disenyo ng mundo (Pahayag 21:1).

Sinabi ni Pedro na ang kasalukuyang mundo ay masusunog at lubusang mawawasak. Sinabi niya na ang mga Kristiyano ay naghihintay para sa isang bagong mundo (2 Pedro 3:10-13).

Ang sumulat ng Hebreo ay nagsabi na ang mundo ay tatanda, maglalaho, at babaguhin (Hebreo 1:10-12). Sinabi niya na ang mundo ay mauuga at aalisin ng Diyos upang tanging ang mga pangwalanghanggang bagay lamang ang mananatili. Sinabi niya na tayo'y naghihintay para sa isang kahariang walang hanggan (12:26-28). Binanggit ni Apostol Pedro ang oras kung kailan ang lahat ng bagay ay babaguhin (Mga Gawa 3:21).

Ang mga Kasulatang ito ay nagsasabi sa atin na ang mga Kristiyano ay hindi dapat maugnay sa mga bagay sa mundo na hindi naman mananatili. Dapat tayong magtrabaho para sa pangwalang hanggang halaga. Ang ating mga pamilya at mga kaibigan ay maaaring maligtas at makibahagi sa walang hanggan kasama natin. Ang ating mga materyal na pag-aari ay mawawasak.

► Dapat basahin ng isang mag-aaral ang Hebreo 12:25-29. Ano ang sinasabi ng apostol tungkol sa pamumuhay Kristiyano, batay sa pag-aaral sa mga huling mga araw o eschatology?

### Ang Mga Kamalian ng Kasalukuyang Mundo

Bakit kailangang lubusang baguhin ng Diyos ang mundo? Dahil ang kasalukuyang mundo ay hindi naaangkop sa perpektong plano ng Diyos para sa buhay sa hinaharap.

Ang mundo ay nasa ilalim ng sumpa ng kasalanan simula pa nang unang magkasala ang tao (Genesis 3:17-19). Dahil sa sumpa, ang mundo ay hindi naging mabunga ng mabubuting mga bagay at nagbibigay ng mga tinik. Nagkakaroon ng hindi pagkakasundo ang mga nabubuhay na nilikha at nabubuhay sa pamamagitan ng pagpatay at pagkain sa iba. Ang mga nilikhang nabubuhay ay nakararanas ng pisikal na pagkabulok, sakit at kamatayan.

Ipinapakita ng mundo ang mga resulta ng libong taon ng pagkakasailalim sa sumpa. Marami sa mga uri ng hayop na nilikha ng Dios ang hindi na nabubuhay sa ngayon. Naabuso ang mundo at napabayaang ng makasalanang tao, na hindi makatupad nang maayos sa kanyang tungkulin na pamahalaan ang mundo (Genesis 1:28).

Simula sa baha sa buong daigdig (Genesis 7:11-24) 71% ng mundo ang natakpan ng tubig. Malalaking sukat ng lupa sa mundo ang binubuo ng mga disyerto, mababatong lupain, o kaya'y niyebe. Ang ibig sabihin nito, maliit na porsiyento lamang ng lupain sa mundo ang pinakikinabangan at maaaring pamuhayan ng mga tao.

Lilikha ang Diyos ng isang bagong mundo dahil ang kasalukuyang mundo ay malayong-malayo sa kanyang orihinal na disenyo para dito.

► Dapat tingnan ng sama-sama ng grupo ang Roma 8:17-23.

Ang buong sannilikha ay dumadaing sa ilalim ng sumpa ng kasalanan. Ang mga Kristiyano ay nagtataglay pa ng pisikal na katawan na nagdurusa dahil sa sumpa. Hinihintay natin ang panahon kung kailan tayo ay lubusang ililigtas mula sa lahat ng epekto ng kasalanan. Sumasang-ayon tayo na magdusa nang kasama ni Kristo sa ngayon dahil sa kaluwalhatian na ating mararanasan sa hinaharap. Ang agad na punto ni Pablo ay: ang mga Kristiyano ay nagtitiis dahil sa pangako ng isang nabagong sannilikha at walang hanggang kaluwalhatian.

### **Ang Orihinal na Mundo**

Sinasabi ng Biblia na bago ang baha sa buong daigdig, walang ulan (Genesis 2:5-6). Ang daigdig ay natutubigan sa ibang paraan. May isang malaking ilog na nahahati sa apat na ilog. Ito ay naiiba sa kasalukuyang daigdig, kung saan ang mga ilog ay nakaugnay sa isa't-isa at nagiging mas malaki hanggang ito ay umagos patungo sa dagat. Malinaw na ang mga ilog ay orihinal na nadadaluyan ng isang nagmumula sa kailaliman.

Sa wari, ang orihinal na mundo ay may malaking deposito ng tubig sa kalangitan (Genesis 1:7-8), marahil sa anyo ng hamog. Maraming siyentipikong Kristiyano ang naniniwala na ang hamog na ito ang nakalikha ng isang hindi nagbabagong klima sa buong daigdig, at ang buong mundo ay naging angkop para pamuhayan at naging mabunga.

Sa panahon ng baha kay Noah, bumuhos ang malakas na ulan sa loob ng apatnapung araw, na hindi magiging posible sa kasalukuyang mundo. Ang dami ng ulan sa panahon ng baha ay posible dahil sa napakaraming tubig sa ulap. Nagmula rin ang tubig mula sa lupa. (Genesis 7:11-12). Pagkatapos ng baha, nawala na ang napakaraming tubig sa ulap at halos  $\frac{3}{4}$  ng bahagi ng daigdig ay nagpatuloy na natatakpan ng tubig.

Dahil sa malaking sukat ng pagsingaw mula sa mga dagat kaya't nagiging posible ang ulan at pagdaloy ng mga ilog na mayroon tayo sa kasalukuyan. Bago ang baha, marahil wala pang mga dagat at karagatan na mayroon tayo sa ngayon, at ang kasalukuyang water cycle ay hindi sana iiral. Ang katotohanan na wala nang dagat sa bagong mundo (Pahayag 21:1) ay nagpapahiwatig na magkakaroon ng isa pang malawakang pagbabago.

Sa mga unang siglo pagkatapos ng paglikha, ang mga tao ay nabuhay sa loob ng daang taon (Genesis 11:10-32). Bumaba ang mga bilang, lalo na pagkatapos ng baha. Ang nabagong kundisyon ng mundo at ang sama-samang epekto ng sumpa sa paglipas ng panahon ang nagpa-igsi sa buhay ng tao.

Hindi natin dapat isipin na gagawin ng Diyos ang bagong mundo na eksaktong katulad ng orihinal na mundo. Gayunman, ang orihinal na mundo ay makakatulong sa atin na maunawaan na ang disenyo ng Diyos ay napakaiba sa mundong nakikita natin sa ngayon. Ang pagkakaiba sa pagitan ng orihinal na mundo at ng kasalukuyang mundo ay nagpapakita sa atin ng mga epekto ng kasalanan.

### **Kamangha-manghang Kaisipan**

Kulang pa sa  $\frac{1}{4}$  ng ibabaw ng mundo ang maaaring tirhan ng tao, at mahirap ang mamuhay sa karamihan sa mga lugar na iyon. Kung ang bagong mundo ay magiging lubusang matitirhan ng tao, at mabuti para sa mga tao, iyon ay magiging apat na beses ng laki ng sukat ng lupa. Isipin ninyo ang lahat ng kontinente ng Africa, Hilagang Amerika, Timog Amerika, Europa, at Asya at lahat ng ibang mga lupain ay pinarami ng apat na beses!

### **Ang Bagong Mundo at Buhay na Walang Hanggan**

Paano natin mailalarawan ang buhay sa bagong mundo? Nagbibigay ang Biblia ng paglalarawan ng millennium, ang panahon ng paghahari ni Hesus sa mundo (tingnan ang leksiyon tungkol sa millennium). Hindi nagkakasundo ang mga iskolar sa pagbibigay-kahulugan sa mga detalyeng ito, at hindi natin nalalaman kung ang paglalarawan sa millenium ay naglalarawan din sa bagong mundo.

Magdidisenyo ang Diyos ng isang bagong istruktura para sa sanlibutan. Halimbawa, sa kasalukuyan ang mundo ay umiikot sa araw. Kung magpapatuloy sa ganito ang araw, sa pagdaraan ng panahon, ito ay mauubos at hindi na magiging sentro para sa pag-ikot ng mundo. Ang bagong langit at lupa ay hindi na masisira; samakatuwid, ang Diyos ay mayroong isang bagong istruktura na hindi pa natin nauunawaan.

“Anumang natitira pagkatapos na magpanibago ang mundo ay mananatili sa walang hanggan, nawala na ang henerasyon at korapsiyon”  
-Thomas Aquinas,  
*Summa Theologica*

Inilalarawan ng Pahayag 21:27 – 22:5 ang isang lungsod na bumababa sa lupa mula sa Diyos. Ito ay naliliwanagan ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang sipi ay nagbibigay ng mga sukat at inilalarawan ang mga pader at mga pintuan. Hindi nagkakaisa ang mga iskolar kung ang mga detalye ay dapat unawain bilang literal o simboliko lamang. Nalalaman natin na ito ang pinakamahalagang katotohanan, na ito ang tahanan ng titirhan natin sa presensiya ng Diyos (21:22, 22:3-4). Nalalaman natin na ito ay isang lugar ng kagandahan dahil sa paglalarawan sa mamahaling mga hiyas. Alam natin na ito ay ligtas, dahil hindi

kinakailangang isara ng mga tao ang mga pintuan (21:25). Alam natin na walang kasalanan ang makakapasok sa lungsod (21:27).

Lubusang magwawakas ang sumpa ng kasalanan. Wala nang kamatayan o kalungkutan, o pagluha o sakit (21:4).

Ang lahat ng ating ideya tungkol sa buhay ay batay sa natural na buhay sa mundo na nalalaman natin. Hindi pa tayo kailan man namuhay nang wala ang presensiya ng kasalanan at mga resulta nito. Hindi pa tayo kailan man namuhay nang wala ang katotohanan ng pagdurusa. Hindi pa natin naiisip ang walang hanggan tulad ng plano ng Diyos dito, at hindi pa niya naihahayag ang maraming detalye sa atin.

Ano ang magiging trabaho natin sa walang hanggan? Anuman iyon, iyon ang layunin kung bakit tayo nilikha. Ang daang taon ng kasaysayan ng sangkatauhan sa mundo ay paghahanda para sa ultimong plano ng Diyos, at ang kasalanan ang gumambala sa plano ng Diyos. Hindi pinili ng Diyos na maghayag ng maraming bagay tungkol sa walang hanggan. Ngunit nalalaman natin na ang pagsamba sa Diyos ay pangunahin sa ating layunin.

Maghaharing kasama ni Kristo ang mga pinabanal (2 Timoteo 2:12). Hindi natin tiyakang nalalaman kung ano ang kahulugan ng paghahari. Sinasabi rin ng Biblia na tayo’y maghahari sa mga anghel (1 Corinto 6: 2-3).

Pinaghambing ni Apostol Pablo ang mga kalagayan sa mundo at ang mga kalagayang pangwalang hanggan sa 2 Corinto 4:17-18. Ang mga taong nakatuon ang isip sa mundo ay nag-iisip na ang mga bagay na kanilang nakikita at nararamdaman ay mas totoo kaysa sa mga espirituwal at walang hanggang mga bagay. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga bagay na ating nakikita ay lilipas rin. Itinuring rin niyang “magaan” ang ating mga paghihirap at tinukoy ang “timbang ng kaluwalhatian”.

Hindi natin kayang isipin kung ano ang makakatulad kung tayo ay nasa presensiya ng Diyos. Hiniling ni Moses na makita ang Diyos, at sinabi ng Diyos na ang isang karaniwang tao ay hindi mabubuhay sa direktang pagtingin sa Diyos (Exodus 33:20). Ang mortal na katawan ng tao ay lubhang mahina upang maranasan ang kaluwalhatian ng langit. Sinabi ni Pablo na ang katawang mortal ay babaguhin upang maranasan ang kaluwalhatian sa langit (1 Corinto 15:50-51). Hindi natin makakayang isipin ang kagalakan at kasiyahan sa langit, dahil ang mga iyon ay higit pa sa mararanasan ng ating kasalukuyang katawan. Sa presensiya ng Diyos ang kalubusan ng tuwa at kaligayahan (Awit 16:11).

“Kung ang isang tao ay makakapaniwala na ang mundo ay nilikha at umiiral sa isang napakakumplikadong pakilos nito, maaari ring paniwalaan nang isang tao na maaaring maganap ang muling pagkabuhay sa buong pagiging kumplikado nito”  
- Thomas Oden,  
*Life in the Spirit*



Isipin ninyo ang isang bata na nag-aakala na ang romantikong pag-ibig ay hindi interesante dahil hindi ito katulad ng tsokolate o ice cream. Hindi niya maaaring isipin ang isang bagay na lampas sa kanyang karanasan, lalu na dahil hindi niya kayang maranasan ito. Ang manatili sa pagkakasala ay ang kakila-kilabot na pagkakamali ng paghawak sa isang bagay na makamundo dahil hindi natin kayang isipin na ang Diyos ay nag-aalok ng isang bagay na higit na mabuti.

Nilikha sa wangis ng Diyos, ang isang taong natubos na ay mabubuhay magpakailanman. Hindi tayo sanay sa pamumuhay nang walang limitasyon sa panahon. Humihina at bumabagsak ang mga imperyo, subali't ang kaluluwa ay hindi kailanman mamamatay. Maging ang mga bituin sa paglipas ng panahon ay mauubos at maglalaho malibang panibaguhin ito ng Diyos, subali't ang kaluluwa ay hindi kailanman titigil sa pag-iral. Sinabi ni Hesus na magiging hangal na pagpili kung makamit mo man ang buong mundo gayunman ay mawawala ang iyong kaluluwa (Marcos 8:36).

Malapit sa katapusan ng Aklat ng Diyos ay ang isang paanyaya (22:17). Ang lahat ay maaaring tumanggap ng tubig ng buhay. Iniaalok ng Diyos sa bawat tao ang pagkakataon na maging bahagi ng kanyang walang hanggang kaharian.

► Dapat sama-samang tingnan ng grupo ang Mga Gawa 2:14-21.

Sinabi ni Pedro na ang Pentekostes ay katuparan ng propesiya ni Joel, subali't hindi lahat ng detalye ay natupad sa araw na iyon. Napuspos ng Banal na Espiritu ang mga disipulo, ngunit ang pagdidilim ng araw at ng iba pang tanda sa kalangitan ay hindi nangyari. Ang Pentekostes ay nagsimula sa panahon na magwawakas kasama ng mga tanda sa kalangitan at sa araw ng Panginoon.

Ang gawain ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng iglesya ang babago sa mundo. Ang agarang punto ni Pedro ay ang gawain ng Espiritu, kung paanong ito'y kumilos sa araw ng Pentekostes, ay dapat asahan ito sa mga huling araw.

Kung tayo ay namumuhay sa mga huling araw, maaari nating asahan ang pag-uusig at kahirapan. Gayunman, dapat nating tandaan na nangangako ang Diyos na gagawa siya ng mga dakilang bagay sa pamamagitan ng kanyang Espiritu sa mga huling araw.



## Mga Resources na Inirerekomenda

Ang bawat aklat sa ibaba ay lumilikha ng malakas na kaso para sa isang partikular na paniniwala sa eschatology.

Pentecost, Dwight. *Things to Come: A Study in Biblical Eschatology*. Grand Rapids: Zondervan Academic, 1965.

Ang aklat na ito ay isang masusing pagpapahayag ng dispensationalist ng doktrina ng pre-tribulation rapture at pre-millennialism.

Reasoner, Vic. *The Hope of the Gospel*. Nicholasville: Fundamental Wesleyan Publishers, 1999.

Ang aklat na ito ay isang masusing pagpapahayag ng amillennialism mula sa isang Wesleyan na pananaw.

Rosenthal, Marvin. *The Pre-Wrath Rapture of the Church*. Nashville: Thomas Nelson, 1990

Ang aklat na ito ay naghahayag ng pananaw na katulad ng pananaw ng isang post-tribulation rapture at lumilikha ng isang kaso laban sa ibang pananaw sa panahon ng rapture.

Ladd, George Eldon. *The Blessed Hope: A Biblical Study of the Second Advent and the Rapture*. Grand Rapids: Eerdmans, 1990.

Ang aklat na ito ay isang pag-aaral sa mga pinagmulan ng doktrina ng pre-tribulation rapture at lumilikha ng kaso para sa post-tribulation rapture.



# Eschatology

## Rekord ng Mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral \_\_\_\_\_

Paunang kapag ang bawat takdang -aralin ay nakumpleto. Ang lahat ng mga takdang -aralin ay dapat na matagumpay na nakumpleto upang makatanggap ng isang sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

Leksiyon	Pagsusulat	Sipi	Babasahin
1			
2			
3			
4			
5			
6			
7			
8			
9			
10			
11			
12			
13			
14			

### Kahilingan para sa Sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom

Ang aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring tapusin sa ating sariling webpage sa [www.shepherdsglobal.org](http://www.shepherdsglobal.org). Ang mga Sertipiko ay digital na ipadadala mula sa pangulo ng SGC sa mga tagapagturo at facilitators na gagawa ng application para sa kanilang (mga) mag-aaral.